

## **Old Testament History**

### **Primeval History to Promised Land ©**

**Conrad Jun Tolosa**

#### **1. Primeval History**

##### **Genesis**

**Creation.** Sa simula nilikha ng Diyos ang sansinukob; ang mga kalangitan at ang lupa. Kinasiyahan ng Diyos ang lahat ng Kanyang nilikha at sinabi Niyang ang mga ito ay mabuti.

*Adam and Eve (3969-3039 BC)* 1. Nilikha ng Diyos, ayon sa Kanyang wangis, ang Tao. Pinagpala Niya ang lalaki at babae na Kanyang nilikha at sila ay Kanyang binigyan ng mandato: Magparami kayo at punuin ninyo ang mundo, lupigin ang lupa at pamahalaan ninyo ang mga isda sa dagat, mga ibon sa himpapawid at mga hayop na naglipana sa lupa.

Matapos ang ginawang paglikha ng Diyos sa loob ng anim na araw, Siya ay huminto at nagpahinga sa ikapitong araw.

*The Fall.* Binigyan ng Diyos ang tao ng isang utos -- huwag kakain ng bunga ng puno ng pagkaalam ng mabuti at masama. Subalit nalinlang ng serpent ang babae. Kumain sina Eba at Adan ng pinagbabawal na bunga kaya sila ay pinalayas sa Garden of Eden.

Naghandog sa Diyos ang mga anak ni Adan. Tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel subalit ang kay Cain ay Kanyang tinanggihan. Dahil dito, galit ang nagbunga sa puso ni Cain na humantong sa pagpatay sa kanyang kapatid. Pinalayas din ng Diyos si Cain.

*Si Seth (3839-2927 BC)* ang ipinalit ng Diyos kay Abel. Sa kanyang panahon nagsimulang tumawag ang tao sa Diyos. Ang linya ni Adan pagtapos ni Seth ay sina Enosh, Kenan, Mahalel, Jared, Enoch, Methuselah, Lamech at Noah.

Dumami nang dumami ang mga tao, at dumating ang panahon na ang lahat ng kanilang pinag-iisip ay pawang kasamaan lamang. Ito ay matinding ikinalungkot ng Diyos kaya Siya ay nagpasiya na gunawin ang mundo at lahat ng tao.

*Noah (2913-1963 BC) and The Flood (2313 BC).* Si Noah ay isang matuwid na tao. Pinagawa siya ng Diyos ng isang malaking arko at sinabi sa kanya kung paano siya at ang kanyang sambahayan ay makaliligtas sa malaking baha na magaganap. Umulan ng 40 days at 40 nights. Tumaas nang tumaas ang tubig hanggang ang lahat ng maybuhay sa labas ng arko ay nangamatay. Sila Noah ay nanatili sa loob ng arko sa loob ng 150 days. Nang humupa na ang tubig, gumawa ng altar si Noah. Pinagpala siya ng Diyos. Lumabas ang isang rainbow bilang tanda ng Diyos na hindi na Niya muling gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng tubig. Ang tatlong anak ni Noah ay sina Shem, Japheth at Ham.

Nagtatawa si Ham nang minsang nakita niya ang kanyang ama na tulog na hubad dahil sa pagkalasing. Ang ginawa naman nina Shem at Japheth ay ang takluban ang kahihyaan ng kanilang ama. Dahil sa pangyayaring ito, sinumpa ni Noah si Canaan na anak ni Ham.

*Ang Tore ng Babel.* Nagkaroon muli ng mga nasyon sa pamamagitan ng mga anak ni Noah na si Japheth na nanirahan sa mga coastlines, si Shem na nanirahan sa East at si Ham - kasama dito si Nimrod at mga Canaanites. Nagkanya-kanya sila ng landas. Dumami na naman ang mga tao. Naglakbay sila patungong silangan. Nang sila ay dumating sa Shinar, plinano nila na magtayo ng isang siyudad at tore na aabot sa langit upang sila ay magkapangalan at hindi mapadpad sa iba't ibang dako ng mundo. Si Nimrod ang pinaniniwalaan na hari nang panahong iyon. Ang kanilang balak ay hindi nagustuhan ng Diyos. Ang isang wika ng mga tao noon ay ginulo ng Diyos. Sapagkat hindi na sila magkaintindihan, tuluyan silang naghilwa-hiwalay ng landas. [Ang tore ay tinaguriang Babel].

## **2. Ang Mga Patriarchs (1960-1599 BC)**

*Mga adventures ni Abraham (Abram, 1960-1785 BC).* Si Abram na nanggaling sa linya ni Shem ay taga-Ur. Inutusan siya ng Diyos na lisanin ang kanyang bayan at iwanan ang kanyang mga kamag-anak at sambahayan ng kanyang ama.

Pinangako ng Diyos kay Abram na: Siya ay gagawin ng Diyos na isang tampok na nasyon, at siya ay Kanyang pagpapalain, at ang kanyang pangalan ay magiging tampok rin; at siya ay magiging pagpapala; At pagpapalain ng Diyos ang magpapala sa kanya, at ang mga susumpa sa kanya ay susumpain ng Diyos. At ang lahat ng kanyang pamilya ay pagpapalain.

75 years old si Abram nang siya ay magsimulang maglakbay kasama ang kanyang asawang si Sarai, si Lot na kanyang pamangkin, dala ang lahat ng kanyang mga ari-arian tungo sa lupain ng Canaan.

Nang dumating na sila sa Canaan, sinabi ng Diyos kay Abram ang ganito: *Ibibigay Ko sa iyong angkan ang lupaing ito.*

Si Abram at ang kanyang buong sambahayan, kasama ang pamangkin niyang si Lot, ay naglakbay patungong Egypt sapagkat nagkaroon ng taggutom. Dahil sa kagandahan ng kanyang asawang si Sarai, nangamba si Abram na baka siya ay mapahamak kaya inutusan niya ang asawa na magpakilalang kapatid.

Dahil sa ginawa nilang pagkukubli sa tunay nilang relasyon, pinaalis sila ng hari nang malaman nito ang katotohanan.

Naglakbay sina Abram pabalik sa kung saan sila unang namalagi, sa pag-itan ng Bethel at Ai.

Dumating ang panahon na dumami nang dumami ang kanilang mga alagang hayop. Minabuti ni Abram at Lot na maghiwalay upang maiwasan ang pag-aawayan ng kanilang mga tauhan. Pinapili ni Abram si Lot kung saan niya nais manirahan. Pinili ni Lot ang valley ng Jordan, sa dakong Sodom.

Nang panahong iyon, madalas ang digmaan ng mga haring sumasakop sa mga lupaing pinamamalagiang ni Lot. Nadamay si Lot at siya ay nabihag kasama ang kanyang mga tauhan at nakamkam ang lahat

niyang pag-aari. Nabalitaan ito ni Abram at agad siyang sumaklolo sa kanyang pamangkin. Nagtagumpay si Abram at kanyang mga tauhan laban sa kaaway at naibalik nila ang lahat ng ari-arian ni Lot.

*Tinawag ng Diyos si Abram (1885 BC).* Nakipagtipan ang Diyos kay Abram na siya ay magiging Ama ng maraming bansa. Nagtiwala si Abram sa salita ng Diyos at ito ay itinuring na pagkamatuwid. Hindi na siya tatawaging Abram, kundi Abraham na. At ang kanyang asawa ay hindi na tatawaging Sarai kundi Sarah sapagkat siya'y magiging ina ng maraming bansa. At sila ay bibiyayaan ng anak na papangalanang Isaac – ang pangakong tagapagmana. Sa araw na iyon, lahat ng mga lalaki ay tinuli bilang bahagi ng pagkikipagtipan ng Diyos kay Abraham.

May dumating na tatlong panauhing anghel si Abraham at sinabi ng mga ito na si Sarah ay magkakaanak. Nang panahong iyon labis na ang kasamaan ng Sodom ngunit nagsumamo si Abraham sa Panginoon na ito ay huwag wasakin. Subalit hindi niya nahimok ang Panginoon.

Dalawa sa mga panauhing anghel ang nagtungo sa Sodom upang iligtas si Lot at ang kanyang pamilya sa gagawing pagwasak ng Diyos sa Sodom at Gomorrah. Sinabihan ng anghel ang mga tumatakas na huwag lilingon sa susunuging mga siyudad ano man ang mangyari. Subalit hindi napigilan ng asawa ni Lot ang kanyang sarili. Siya ay naging isang istatuwang asin.

Muling naglakbay si Abraham tungo sa Gerar. Sinabi niya kay Abimelech na hari ng Gerar na si Sarah ay kanyang kapatid. Kaya isinama ni Abimelech si Sarah subalit binalaan ng Diyos ang hari patungkol sa tunay na kalagayan ni Sarah. Nagsisi ang hari sa kanyang ginawa. Siya ay hinayaan ng Diyos sapagkat hindi niya alam na ang dalawa ay mag-asawa.

99 years old si Abraham nang magpakita na naman ang Diyos sa kanya. Ang sabi ng Diyos sa kanya ay ito: Mamuhay ka sa Aking harapan nang walang pananagutan. Itatatag ko ang Aking pakikipagtipan sa iyo, at ikaw ay magiging ama ng napakaraming bansa.

Dahil sa pagkainip sa pagdadalang-tao, pinasiping ni Sarah ang kanyang katulong na si Hagar kay Abraham. Nagdalang-tao si Hagar at Ishmael ang ipinangalan niya sa anak na lalaki. Sapagkat ang Diyos ay tapat sa kanyang pangako, nagdalangtao si Sarah at ang pangakong anak ay pinangalanan nilang Isaac.

Nang lumaki ang mga bata, nakita minsan ni Sarah na kinukutya ni Ishmael si Isaac, bagay na kinasama ng kanyang loob. Dahil sa pangyayaring ito napilitan si Abraham na palayuin sa kanyang sambahayan ang mag-inang Hagar at Ishmael.

*Ang Paghahandog kay Isaac (1845 BC).* Ang pananampalataya ni Abraham ay matinding sinubukan ng Diyos. Pinapunta ng Diyos is Abraham sa Moriah at sa isang bundok doon ay ipagkaloob niya si Isaac bilang handog. Kaya, maaga pa kinabukasan ay nagpa-Moriah na ang mag-ama. Nagtaka si Isaac na wala silang dalang hayop na panghandog subalit siniguro ni Abraham sa kanya na ang Diyos ang maglalaan ng handog.

Pagdating nila sa takdang lugar, ginapos ni Abraham si Isaac at hinanda niya ang anak bilang handog. Nang sasaksakin na niya si Isaac, pinigilan siya ng isang anghel. Napatunayan na ang kanyang pagtitiwala sa Diyos ay walang kahalang pag-aalinlangan.

Naglaan nga ng Kanyang handog ang Panginoon tulad nang sinabi ni Abraham. Dahil sa kanyang walang dudang pananampalataya, ito ang sinabi ng Diyos kay Abraham:

*Sa Aking sarili, Ako ay nangangako, dahil hindi mo ipinagkait sa Akin ang iyong kaisa-isang anak, pagpapalain Kita, at pararamihin Ko ang iyong supling na sindami ng mga bituin sa langit at buhangin sa dalampasigan. Ang mga bansa ay mapagpapala dahil sa iyong mga supling sapagkat sinunod mo ang Aking tinig.*

Si Sarah ay nabuhay ng 127 years at si Abraham naman ay 175. Pagkamatay ni Sarah, muling nag-asawa si Abraham. Si Keturah. At nagkaroon sila ng anim na anak at maraming apo. Ibinigay lahat ni Abraham ang kanyang mga ari-arian kay Isaac; bagamat binigyan din niya ng mga handog ang kanilang anak ni Keturah bago niya pinapunta ang mga ito tungong silangan.

Pinapunta ni Abraham ang kanyang katiwala sa lupain ng kanyang angkan upang ihanap si Isaac ng mapapangasawa. Natagpuan niya si Rebekah na apo ng kanyang kapatid na si Nahor. Sumama si Rebekah sa katiwala at nagpakasal siya kay Isaac. Kambal ang naging mga anak nila, si Esau at si Jacob.

*Ang kambal nina Isaac at Rebekah.* Sapagkat si Esau ang panganay, karapatan niyang manahin ang special spiritual blessing mula sa Panginoon tulad ng tinanggap ng kanyang amang si Isaac. Subalit, mayroon silang napagkasunduan ng kanyang kapatid na si Jacob. Dahil sa kagutuman, ipinagpalit ni Esau ang kanyang tinatawag na birthright sa isang tasang sopas.

Dahil sa taggutom, naglakbay si Isaac tungo sa Gerar. Doon, dahil sa takot na siya ay mapahamak, ipinakikilala niyang si Rebekah ay kanyang kapatid. Nalaman ng hari ang katotohanan kaya ipinag-utos niya sa buong kaharian na walang mananakit sa mag-asawa. Lubos na pinagpala ng Diyos si Isaac sa lugar na iyon na pinangalanan niyang Beersheba.

Dumating ang panahon na lumabo na ang mga mata ni Isaac dahil sa katandaan. Alam niyang takdang araw na upang i-bless niya si Esau bilang panganay. Alam din ni Rebekah ang nasa isip ng asawa kaya dali-daling pinagpayuhan niya si Jacob - na pinaniwalaan niyang nararapat tumanggap ng special blessing. Kaya nagpanggap si Jacob na siya si Esau at sumakanya ang pagpapala na para sa panganay.

Nang malaman ni Esau ang ginawang panlilinlang ng mag-ina kay Isaac, binalak niyang maghiganti. Subalit, bago pa siya makakilos upang patayin ang kanyang kapatid, inutusan ni Rebekah si Jacob na lumisan sa kanilang lupa at magtungo sa kanyang kapatid na si Laban sa lupain ng Haran.

*Mga adventures ni Jacob (1800-1653 BC).* Nilisan ni Jacob ang Beersheba at nagtungo sa Haran. Inabot siya ng gabi kaya doon na siya natulog. Nanaginip siya na may hagdan patungo sa langit. Sa dulo noon ay nakatayo ang Panginoon. Sinabi ng Panginoon na ibibigay Niya kay Jacob at sa kanyang angkan ang lupaing kinalalagyan niya. Magiging sindami ng alikabok ang kanyang angkan na kakalat sa buong daigdig at hindi sila iiwan ng Panginoon hanggang hindi natutupad ang Kanyang pangako. Bethel ang itinawag ni Jacob sa lugar na iyon.

Sinabi ng mga shepherd na kausap ni Jacob na si Rachel na anak ni Laban ay papalapit sa balon ng tubig. Nilapitan niya agad ang dalaga at nagpakilala siyang kamag-anak. Pinuntahan agad ni Rachel si Laban.



Nanilbihan si Jacob ng pitong taon kay Laban upang mapangasawa niya si Rachel. Sa takdang araw, hiningi na niya kay Laban si Rachel. Kinagabihan, ang ibinigay ni Laban kay Jacob ay si Leah na mas matandang kapatid ni Rachel sapagkat hindi nila kaugalian na maunang mag-asawa ang mas nakababatang kapatid. Hinarap ni Jacob si Laban. Makalipas ang isang linggo, ibinigay din ni Laban kay Jacob si Rachel subalit kailangan niya muling maglingkod ng pitong taon.

Nagkaroon ng mga anak sina Jacob at Leah. Pinangalanan niya silang Reuben, Simeon, Levi at Judah. Dahil siya ay baog, nainggit si Rachel kay Leah kaya ibinigay niya ang kanyang alipin na si Bilhah kay Jacob upang sipingan ito. Nagkaanak si Bilhah – sina Dan at Naphtali. Ibinigay naman ni Leah ang kanyang alipin na si Zilpah kay Jacob. Dalawa ang naging anak ni Zilpah, sina Gad at Asher. Ang pang-lima at pang-anim na anak nina Jacob at Leah ay sina Issachar at Zebulun. Pagkatapos nito ay ipinanganak si Dinah.

Biniyayaan ng Panginoon sina Jacob at Rachel ng anak – si Joseph. Inutusan ng Panginoon si Jacob na magbalik na sa lupain ng kanyang mga ninuno sa Canaan. Tumakas sila Jacob kay Laban at tinangay ni Rachel ang mga diyos-diyosan ng kanyang ama. Tinugis sila ni Laban at sila ay nagkaroon ng kasunduan.

*Ang mahiwagang lalaki na nakipagbuno kay Jacob (1800-1653 BC).* Upang makarating sa Paddan-aram, kailangan dumaan sila Jacob sa lugar ni Esau. Dahil sa takot ni Jacob kay Esau, nagpadala siya ng mga regalo at pinauna na niya ang kanyang sambahayan sa paglalakbay. Naiwan muna siyang mag-isa. Nang gabing iyon, nakipagbuno si Jacob sa isang lalaki hanggang madaling araw. Nang makita ng lalaki na hindi Niya kayang talunin si Jacob, binali Niya ang balakang nito. Ayaw siyang pakawalan ni Jacob hangga't hindi siya na-bless ng lalaki. Sinabi ng Lalaki kay Jacob na ang magiging pangalan na niya ay Israel sapagkat siya ay nakipagbuno sa Diyos at sa tao at siya ay nagwagi. Si Jacob ay pinagpala ng lalaki at siya ay pinangalanang Israel. Tinawag niyang Peniel ang lugar na iyon sapagkat nakita niya ang Diyos nang harapan subalit hindi siya namatay.

Yumuko si Jacob kay Esau nang makita niyang papalapit na ang kapatid subalit tumakbo si Esau palapit sa kanya at siya ay niyakap. Nagpatuloy maglakbay si Esau tungo sa Seir at si Jacob naman tungo sa Succoth.

Huminto sa paglalakbay sina Jacob nang dumating sila sa lungsod ng Shechem. Dito nangyari ang pamumuwersang ginawa ni Shechem kay Dinah na anak ni Jacob. Si Shechem ay anak ni Hamor na nagbenta ng lupa kay Jacob sa lungsod na iyon. Dahil sa pagkabighani kay Dinah, pumayag na magpatuli ang lahat ng lalaki sa Shechem bilang kondisyon para matuloy ang kasal ni Shechem kay Dinah. Subalit matapos ang tatlong araw, habang dinaramdam pa ang sakit nang pagtutuli, nilusob sila nina Simeon at Levi, at kanilang pinatay ang lahat ng mga lalaki sa lungsod na iyon.

Inutusan ng Diyos si Jacob na magtungo sa Bethel. Sa lugar na iyo, muli siyang pinangalanan ng Diyos na Israel. Malapit na sila sa Ephratha nang ipanganak ni Rachel si Benjamin. Labis siyang nahirapan sa panganganak na naging sanhi ng kanyang kamatayan.

Pumunta si Jacob kay Isaac sa Hebron. 180 years old na si Isaac nang siya ay mamatay. Inilibing siya ng magkapatid na Esau at Jacob.

Si Esau at ang kanyang buong sambahayan ay nanirahan sa Seir. Sila ang naging mga Edomites.

*Mga adventures ni Joseph (1709-1599 BC).* Higit na mahal ni Israel si Joseph kaysa sa kanyang mga kapatid sapagkat matanda na siya nang ipanganak ito. Iginawa pa niya si Joseph ng isang multi-colored coat. Lubos na kinamuhian si Joseph ng kanyang mga kapatid. Dalawang beses nanaginip si Joseph at ikinuwento niya ito sa kanyang ama at mga kapatid. Lalong namuhi ang magkakapatid sa kanya dahil naisip nila na sasakupin sila ni Joseph.

Pinagplanuhan nilang patayin ito subalit tumutol si Reuben. Napagkasunduan nilang ipagbili si Joseph sa mga Ishmaelites. Sa Egypt, pinagbili naman si Joseph kay Potiphar na capitan ng mga guwardia ni Pharoah.

Si Joseph ay naging matagumpay sa tahanan ng kanyang Egyptian master sapagkat kasama niya ang Panginoon. Dahil dito, ginawa siyang tagapamahala ng buong sambahayan at ari-arian ni Potiphar.

Si Joseph ay magandang lalaki kaya napag-interesan siya ng asawa ni Potiphar. Si Joseph ay laging tumatanggi sa panghihikayat ng babae hanggang pinaratangan niya si Joseph ng kasinungalingan. Ipinakulong niya ito sa kasong attempted rape.

Sa bilangguan, naipaliwanag ni Joseph ang panaginip ng dalawa niyang kasama - ang cupbearer at ang baker ng hari - at natupad ang kanyang hula. Nang managinip ang Pharoah, walang makapag-interpret ng kanyang panaginip. Naalala ng cupbearer si Joseph. Ipinatawag siya agad ng Pharoah. Naipaliwanag ni Joseph ang panaginip ng hari patungkol sa darating na pitong taong kasaganaan at pitong taong taggutom.

Sinabi ni Pharoah na dahil sa ipinahayag ng Diyos kay Joseph, wala nang iba pang wise at discerning na tao na katulad niya. Kaya si Joseph ay ginawa niyang tagapamahala ng buong palasyo at ng buong lupain ng Egypt. Lahat ng tao ay susunod sa kanyang utos. Inilagay ni Pharoah ang kanyang signet ring sa kamay ni Joseph. Walang maaaring maganap sa lupain kung walang pahintulot ni Joseph. Nakapaglikom nga siya ng pagkain sa panahon ng pitong taong kasaganaan.

Si Joseph ay 30 years old nang magsimula siyang maglingkod kay Pharoah. Siya ay biniyayaan ng dalawang anak na lalaki, sina Manasseh at Ephraim.

Nang sumapit ang taggutom, inutusan ni Israel ang kanyang mga anak na magpunta sa Egypt upang bumili ng pagkain. Nang makita ni Joseph ang kanyang mga kapatid, gumawa siya ng paraan upang sa kanilang pagbabalik sa Egypt ay makita niya si Benjamin, ang kanyang bunsong kapatid.

Pagbalik ng kanyang mga kapatid, hindi na mapigilan ni Joseph ang kanyang sarili kaya nagpakilala na siya sa mga ito.

Ikinalugod ni Pharoah ang pagdating ng pamilya ni Joseph. Ipinagkaloob ng hari ang pinakamagandang bahagi ng lupain sa Egypt at sa Goshen sila nanirahan.

*Jacob sa Egypt (1670 BC).* Nang makarating sina Jacob sa Beersheba patungong Egypt, sumamba siya sa Panginoon. Sinabi ng Panginoon kay Jacob na huwag siyang matakot na pumunta sa Egypt sapagkat gagawin niyang isang dakilang bansa si Jacob.

Nang magkasakit si Jacob, dinala ni Joseph ang kanyang mga anak sa kanyang ama. Pinagpala ni Jacob ang mga anak ni Joseph na parang kanya. Una niyang pinatungan ng kamay si Ephraim na mas bata kaysa kay Manasseh. Sinabi niyang ang mas nakababata ay magiging mas higit kaysa sa nakakatandang kapatid. Siya ay pangagalingan ng maraming nasyon.

Matapos maghabilin ni Jacob sa kanyang mga anak, binawian na siya ng buhay. Si Jacob ay tumira sa Egypt sa loob ng 17 years. Ang kabuoan ng kanyang buhay ay 147 years. Inilibing siya sa Canaan, sa lugar kung saan nakalibing sina Abraham at Sarah.

Ang mga kapatid ni Joseph ay natakot sa kanya, subalit sinabi niya ang ganito, Huwag kayong matakot. Ang masamang plano ninyo na ako ay saktan ay ginamit ng Diyos sa pagpapaganap ng mga kabutihan na nangyayari ngayon.

Ibinilin ni Joseph sa kanyang mga kapatid na siguradong aalisin sila ng Diyos sa Egypt at dadalhin sila sa lupang ipinangako Niya kina Abraham, Isaac at Jacob. 110 years old si Joseph nang siya ay pumanaw.

### **3. Bondage and the Wilderness Journey**

#### Exodus

Ang mga Israelita ay lubos na pinagpala sa Egypt. Makalipas ang maraming taon, nagkaroon ng ibang hari na hindi nakakakilala kay Joseph. Nabahala ang bagong Pharaoh kaya inalipin at pinahirapan niya sila sa pagtrabaho. Sa kabila nito, hindi pa rin napigilan ang kanilang pagdami at paglakas. Kaya inutos ng hari na ang lahat ng lalaking sanggol na ipapanganak ng mga Hebreo ay papatayin at itapon sa ilog.

*Egyptian Bondage (1,400-1,100 BC).* Hindi na maitago ng asawa ng isang Levite ang kanyang sanggol na lalaki. Kaya inilagay niya ito sa isang basket at pinalutang ito sa tubig. Nakita ng anak ng Pharaoh ang basket na palutang-lutang habang siya ay naliligo sa ilog. Nang makita niyang sanggol ang nasa loob ng basket, kinuha niya ito at inangkin na parang kanya. Pinangalanan ang sanggol na Moses.

*Mga adventures ni Moses (1525-1405 BC).* Nang magka-edad na si Moses napatay niya ang isang Egyptian sapagkat nakita niyang binubugbog nito ang isa niyang kababayan. Kinabukasan, nang inaawat niya ang dalawang kababayang nag-aaway, napag-alaman niya na nasaksihan pala ang ginawa niyang pagpatay sa Egyptian. Tumakas siya tungo sa Midian.

Si Moses ay nakarating sa bundok ng Diyos, ang Mt. Horeb. Lalapitan niya sana ang nakita niyang nagliliyab na punongkahoy subalit napatigil siya nang magsalita ang Panginoon. Sinabi sa kanya ng Panginoon na narinig Niya ang daing ng Kanyang bayan at pumaroon Siya upang iligtas sila sa kamay ng mga Egyptians. Dadalhin Niya ang mga Israelita sa lupain na kung saan umaagos ang gatas at honey, sa lupain ng mga Canaanites.

Inutusan ng Panginoon si Moses upang kausapin si Pharaoh. Sasabihin din niya sa mga Israelita na ang pangalan nang nagsugo sa kanya ay AKO AY KUNG SINO AKO.

Si Moses ay nag-alinlangan kaya pinakitaan Siya ng Panginoon ng mga palatandaan katulad ng pagiging serpent ng kanyang tungkod. Sa kabila nito, maraming dahilan si Moses kaya nagalit ang Panginoon at sinabi Niya kay Moses na si Aaron na kanyang kapatid ang magiging tagapagsalita niya.

Balik-Egypt. Kinausap nina Moses at Aaron si Pharoah upang pahintulutan ang mga Israelita na pumunta sa desert upang sumamba. Tumanggi si Pharoah at sa halip, mas pinahirapan niya ang mga Israelita sa kanilang pagtrabaho.

Sinabi ng Panginoon kay Moses na pangungunahan niya ang mga Israelita sa pagtungo nila sa Canaan, ang lupang ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob. Sina Moses at Aaron ay nagmula sa lipi ni Levi.

Kinausap muli nina Moses at Aaron si Pharoah. Inihagis ni Aaron ang tungkod at ito ay naging serpent. Ginaya ng mga magicians at sorcerers ni Pharoah ang ginawa ni Aaron. Subalit nilulon ng tungkod ni Aaron ang kanilang mga tungkod. Nagmatigas si Pharoah.

*Ang 10 salot.* Sampung salot ang pinadala ng Panginoon sa Egypt:

1. Lahat ng tubig ay naging dugo,
2. Dumagsa ang napakaraming palaka sa buong lupain, sa lahat ng sulok sa loob ng mga tahanan,
3. Ang mga alikabok ay naging niknik,
4. Ang makapal na langaw na dumagsa sa mga palasyo at mga kabahayan,
5. Namatay lahat ng mga alagang hayop ng Egyptians,
6. Nagkaroon ng pigsang lahat ng tao at lahat ng hayop,
7. Umulan ng yelo na may kasamang kulog at apoy,
8. Dinumog ng locusts ang buong lupain na sumira sa mga pananim,
9. Nagkaroon ng kadiliman at hindi na sila magkakitaan,
10. Sa kabila ng lahat ng salot na dinanas nila, nanatiling matigas ang puso ni Pharoah. Bago isagawa ng Panginoon ang pinakahuli at pinakamatinding salot, inutusan ng Panginoon sina Moses at Aaron na sabihin sa buong kapulungan ng mga Israelita na pumatay ng kordero at ipahid ang dugo nito sa hamba ng kanilang mga pinto. Ang dugo ang magiging tanda upang sila ay lampasan ng Panginoon at walang salot na pipinsala sa kanila. Pagsapit ng hatinggabi, pinatay ng Panginoon ang lahat ng unang anak mula sa anak ni Pharoah hanggang sa unang anak ng aliping babae. Pati ang unang anak ng mga alagang hayop ay namatay din. Wala ni isang tahanan ang hindi namatayan. Nang gabi ring iyon, pinalayas ni Pharoah sina Moses at Aaron at ang buong kapulungan ng Israel kasama ang kanilang livestock.

*Pagbabalik sa Canaan (1445 BC).* Sa ika-huling araw ng 430 years na paninirahan ng mga Israelita sa Egypt, ang lahat ng pangkat ng Panginoon ay umalis sa bansang ito. Sila ay naglakbay mula sa Rameses patungong Succoth.

Pinangunahan ng Panginoon ang kapulungan ng mga Israelita sa kanilang paglalakbay sa wilderness patungong Red Sea sa pamamagitan ng pillar of clouds sa umaga at pillar of fire naman sa gabi.

Nagkampo ang mga Israelita malapit sa dagat. Dahil pinatigas nga ng Panginoon ang puso ni Pharoah, inutusan niya ang kanyang mga kawal upang habulin ang mga Israelita.

Sinabi ng Panginoon kay Moses na itaas niya ang tungkod at iunat ang kamay sa tapat ng dagat. Nagpunta sa hulihan ang angel ng Diyos pati ang pillar of cloud. Nahati ang tubig at nakatawid ang mga Israelita sa tuyong lupa.



Hinabol sila ng mga Egyptians ngunit nang iunat muli ni Moses ang kanyang kamay sa tapat ng dagat, bumalik muli ang tubig sa gitna at nalunod ang mga Egyptians kasama ang kanilang mga kabayo.

*Lakbay-Wilderness (1445-1405 BC).* Patuloy na naglakbay ang mga Israelita sa wilderness hanggang makarating sila sa Mara. Ang tubig doon ay mapait kaya wala silang mainom. Sa utos ng Panginoon, inihagis ni Moses ang isang putol ng kahoy sa tubig at ito ay naging matamis.

Pagdating nila sa wilderness ng Sin, ang Panginoon ay nagpadala ng mga pugo sa gabi at manna sa umaga upang sila ay may makain. 40 years silang kumain ng manna hanggang makarating sila sa border ng lupain ng Canaan.

Nagkampo sila sa Rephidim subalit walang tubig na mainom doon. Sinisi na naman ng mga Israelita si Moses. Sinabi ng Panginoon kay Moses na dalhin niya sa Horeb ang tungkod na ginamit niya sa Egypt, paluin niya ang malaking bato na naroon at mula rito ay lalabas ang tubig na kanilang mainom. Tinawag ni Moses ang lugar na iyon na Massah at Meribah dahil sa pagrereklamo ng mga Israelita.

Sa yugtong ito ng pagrereklamo at pag-aalinlangan ng mga Israelita, sinalakay sila ng mga Amalekites. Pinamunuan ni Joshua ang hukbo ng mga Israelita habang si Moses ay nagmamasid. Kapag nakataas ang kamay ni Moses nagwawagi ang hukbo ni Joshua. Subalit kapag bumaba na ang kanyang kamay dahil sa pagod nalalamangan sila ng kaaway. Gumawa ng paraan sina Aaron at Hur upang manatiling nakataas ang mga kamay ni Moses. Kaya sa paglubog ng araw, nakamit ni Joshua ang tagumpay laban sa mga Amalekites.

*Ang payo ni Jethro.* Si Jethro, na biyenan ni Moses, ay bumisita sa kanya. Isinalaysay ni Moses sa kanyang biyenan ang mga kamangha-manghang gawa at kabutihan ng Panginoon - - kung paano sila iniligtas ng Diyos sa pagkaalipin sa ilalim ng mga Egyptians at sa kamay ng kanilang mga kaaway. Napagwari ni Jethro ang kahirapang dinaranas ni Moses sa pag-iisa niyang paghatol ng mga usapin ng bayan. Pinayuhan niya si Moses na mag-appoint siya ng mga qualified men na mamumuno; mga hepe ng 1,000, 100, 50 at 10 na magiging hukom ng bayan. Ang mga kasong mahihirap lamang ang dadalhin sa kanya.

*Ang 10 Utos at batas ng Diyos.* Nagpatuloy ang mga Israelita sa kanilang paglalakbay. Nang dumating sila sa wilderness ng Sinai, nagkampo sila sa paanan ng bundok. Si Moses naman ay umakyat sa bundok upang makipag-usap sa Diyos. Doon ibinigay ng Panginoon kay Moses ang Kanyang mga batas, kasama ang sampung utos:

1. Huwag kayong sasamba sa ibang Diyos.
2. Huwag kayong gagawa ng imahen na kawangis ng anumang bagay upang sambahin.
3. Huwag ninyong gagamitin nang walang paggalang ang pangalan ng Panginoon.
4. Alalahanin mo ang Sabbath at panatilihin itong banal.
5. Igalang mo ang iyong ama at ina.
6. Huwag kang papatay.
7. Huwag kang mangangalunya.
8. Huwag kang magnanakaw.
9. Huwag kang sasaksi sa di katotohanan laban sa iyong kapwa.
10. Huwag mong iimbutin ang iyong kapwa, ang kanyang asawa, ang kanyang alipin o anumang pag-aari niya.

Ibinigay ng Panginoon kay Moses ang moral laws, civil laws at ceremonial laws na dapat sundin ng mga Israelita. Ito ang ginawang pakikipagtipan ng Diyos sa kanila. Sinabi ng Diyos na kapag sila ay naging masunurin, sila ang magiging bayan ng Diyos mula sa lahat ng mga bansa sa buong mundo. Sila ay magiging isang kaharian ng mga saserdote at banal na nasyon para sa Diyos.

*Ang gintong baka.* Nainip ang mga Israelita sa pagbabalik ni Moses mula sa bundok kaya inutusan nila si Aaron na igawa sila ng diyos na mangunguna sa kanila. Humubog nga si Aaron ng isang gintong baka mula sa mga gintong pinagkaloob ng sambayanan. Kinabukasan, walang sawang nagdiwang ang mga Israelita.

Nais ibuhos ng Diyos ang Kanyang matinding poot dahil sa kasuklam-suklam na Kanyang nasaksihan. Nagsumamo si Moses sa Panginoon para sa mga Israelita hanggang napawi ang galit ng Diyos.

Sumiklab ang galit ni Moses nang bumaba siya mula sa bundok at napagmasdan ang nangyayari. Itinapon niya ang mga tablets na hawak niya sa paanan ng bundok. Sinunog at pinulbos niya ang golden calf, nilagay sa tubig at pagkatapos ay pinainom sa mga Israelita.

Bumalik muli si Moses sa Panginoon upang ihingi ng kapatawaran ang kasalanan na ginawa ng Israel. Nagpadala ng salot ang Panginoon dahil sa pagsamba nila sa gintong baka.

Pinaalis na ng Panginoon ang mga Israelita sa Sinai at pinapunta na Niya sila sa lupang Kanyang ipinangako sa kanilang ninuno. Subalit, hindi Niya sila sasamahan sapagkat matitigas ang kanilang mga ulo. Lubhang nalungkot ang Israel nang malaman nila ito.

Si Aaron at ang kanyang apat na anak ay ibinukod ng Panginoon sa karamihan ng mga Israelita upang maglingkod sa Kanya bilang mga pari. Sila ay pinagawan ni Moses ng sagradong kasuotan. Ito ay ang breastplate, ang ephod, robe, tunic, turban at sash.

*Ang pamamag-itan ni Moses.* Ang Panginoon ay nalulugod kay Moses kaya pinagkaloob Niya ang kahilingan nito na papatnubayan sila ng Kanyang Presensya at bibigyan siya ng kapahingahan. Hiniling ni Moses sa Panginoon na makita niya ang Kanyang kaluwalhatian.

Sinabi ng Panginoon kay Moses: *Pararaanin Ko sa harapan mo ang Aking kabutihan at ipapahayag Ko sa iyong harapan ang Aking pangalan "Ang Panginoon." At magiging mapagbiyaya Ako sa nais Kong biyayaan at magpapakita Ako ng kahabagan sa nais Kong kahabagan.*

Inutusan ng Panginoon si Moses na tumabas ng dalawang tablets na bato tulad ng dati at dalhin ito kinabukasan sa Kanya sa Mt Sinai. Bumaba ang Panginoon sa ulap at dumaan sa harapan niya na sinasabi: Ang Panginoon, ang Panginoon, mahabagin at mapagbiyayang Diyos, banayad sa pagkagalit, at sagana sa pag-ibig at katapatan.

Muli hiniling ni Moses sa Diyos na sila ay samahan at patawarin ang kanilang mga kasalanan. Nakipagtipan muli ang Panginoon kay Moses.

Hawak ang dalawang tablets, bumaba si Moses mula sa Mt. Sinai. Hindi niya alam na ang kanyang mukha ay nagniningning bunga ng pakikipag-usap niya sa Panginoon. Natakot lumapit ang mga tao sa kanya.

Subalit nang tawagin niya sina Aaron at ang mga matatanda, nagsilapit sila upang pakinggan kung ano ang mga pinag-uutos ng Diyos.

Nagpagawa ang Panginoon sa mga Israelita ng tabernakulo at mga kasasangkapanin nito. Pagkatapos ay pinag-utos Niya ang mga hakbangin na dapat sundin patungkol sa kanilang relasyon sa Diyos. Ang tent of meeting ng tabernakulo ay nabalot ng ulap at napuno ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga Israelita ay nagpapatuloy sa paglalakbay tuwing aalis ang ulap sa tabernacle. Kapag naroon ang ulap, sila ay tumitigil. Ito ang nakita ng mga Israelita sa panahon ng kanilang paglalakbay.

### **Leviticus**

Taglay ng aklat ng Leviticus ang 1) iba't ibang uri ng offerings - burnt offering, grain offering, peace offering, sin offering - at ang mga batas kung paano ang mga offerings na ito ay dapat isagawa, 2) ang paghihiwalay kay Aaron at kanyang mga anak bilang mga saserdote, 3) ang pagsunog ng apoy kina Nadab at Abihu (mga anak ni Aaron) mula sa Diyos dahil sa paghahandog nila ng hindi katanggap-tanggap na incense sa Panginoon, 4) ang mga malinis na hayop na maaaring kainin at mga hayop na hindi maaaring kainin, 5) ang paglilinis ng babae matapos siyang manganak, 6) mga batas tungkol sa ketong, 7) mga batas sa paglilinis ng bahay, 8) mga batas tungkol sa karumihan at sa kalinisan ng katawan, 9) ang batas ukol sa Day of Atonement, 10) ang lugar ng paghahandog sa Panginoon, 11) batas laban sa pagkain ng dugo, 12) ang batas tungkol sa sex outside of marriage, 13) ang pagiging banal sapagkat ang Diyos ay banal, 14) ang pagmamahal sa kapwa, 15) ang parusang kamatayan sa pag-aalay ng sanggol kay Molech, 16) ang iba't ibang feasts: a) ang Sabbath, b) ang Passover, c) ang Feast of First Fruits, d) ang Feast of Weeks, e) ang Feast of Trumpets, f) Ang Day of Atonement, g) ang Feast of Booths, 17) ang tungkol sa lampara at tinapay para sa Tabernakulo, 18) ang parusa sa blasphemy, 19) ang batas ng mata sa mata, 20) ang tungkol sa Sabbath Year, 21) Ang tungkol sa Year of Jubilee, 22) ang mga batas tungkol sa pagtutubos, 23) mga pagpapala sa mga masunurin at parusa sa mga suwail, 24) ang mga batas tungkol sa vows at dedications.

### **Numbers**

Ang Aklat ng mga Bilang ay kasaysayan ng paglalakbay ng mga Israelita tungo sa Promised Land na tumagal nang 40 years.

Census. Ayon sa utos ng Diyos, nagsagawa si Moses ng census katulong sina Aaron at mga pinuno ng bawat lipi. Ang mga sumusunod ay ang mga pinuno: Elizur mula sa lipi ni Reuben, Shelumiel mula sa lipi ni Simeon, Nahshon sa lipi ni Judah, Nethanel sa lipi ni Issachar, Eliab sa lipi ni Zebulun, Elishama mula kay Ephraim na anak ni Joseph, Gamaliel mula kay Manasseh na anak ni Joseph, Abidan mula sa lipi ni Benjamin, Ahiezer mula sa lipi ni Dan, Pagiél mula sa lipi ni Asher, Eliasaph mula sa lipi ni Gad, at Ahira mula sa lipi ni Naphtali. Itinala nila ang lahat ng lalaki mula sa gulang na 20 pataas, ayon sa kani-kanilang lipi. Ang kabuoang bilang ay 603,550. Ang mga Levites ay hindi kabilang sa census sapagkat sila ay mga tagapag-lingkod sa tabernaculo ng Diyos.

Ang mga Israelita'y nagtayo ng kani-kanilang tolda sa paligid ng Toldang Tipanan, at bawat angkan ay sama-sama sa ilalim ng kanilang watawat. Sa gawing silangan nagkampo ang pangkat ng mga lipi ni Judah, Issachar at Zebulun ang kabuoan ng pangkat na ito ay 186,400. Sila ang mauuna sa bawat paglakad. Sa gawing timog naman nagkampo ang pangkat ng mga lipi nina Reuben, Simeon at Gad. Ang kabuoan ng pangkat na ito ay 151,450. Sa gawing kanluran naman nagkampo ang pangkat ng mga lipi nina Ephraim, Manasseh at Benjamin. Ang kabuoan ng pangkat na ito ay 108,100. At sa gawing hilaga

naman, nagkampo ang pangkat ng mga lipi nina Dan, Asher, at Naphtali. Ang pangkat na ito ay umaabot sa 157,600.

Ang tanging tungkulin ng mga Levites ay ang tumulong kay Aaron at sa kanyang mga anak sa gawain nila sa Toldang Tipanan. Si Aaron naman at ang kanyang mga anak na lalaki ay itatalaga bilang saserdote. Sino mang hindi mula sa lipi ni Aaron na gumanap ng tungkulin ng saserdote ay papatayin. Ang kabuoang bilang ng mga Levites na naitala nila Moses at Aaron ayon sa utos ng Panginoon ay 22,000.

Ang mga Levites ay itinalaga para sa Panginoon upang maging tagapaglingkod Niya lamang. Ang mga Kohathites ang magdadala ng mga banal na kagamitan. Ang mga Gershonites naman ang magbubuhay ng mga panaklob. At ang mga Merarites ang magbubuhay ng porma.

*Ang Tabernakulo sa wilderness.* Inutos ng Panginoon kay Moses na ipagdiwang nila ang Passover matapos nilang makalabas sa Egypt. May tuntunin para sa mga unclean kung kailan ito gagawin at ganoon din para sa mga sojourners na kasama nila na nais makipagdiwang nito.

Ang tabernakulo ay natatakpan ng ulap sa umaga at may nagliliwanag na apoy sa gabi. Tuwing aalis ang ulap sa ibabaw ng Toldang Tipanan, ang mga Israelita ay nagpapatuloy ng kanilang paglalakbay. Kung saan man ito tumigil, doon sila nagkakampo. Sumunod sila ayon sa utos ng Panginoon.

Inutusan ng Panginoon si Moses na magpagawa ng dalawang trumpetang yari sa pinitpit na pilak. Gagamitin niya ang mga ito sa pagtawag ng pagpupulong ng taong-bayan o kung kailangan nang magpatuloy sa paglalakbay ang buong Israel. Hihipan ang mga trumpeta kapag nilulusob sila ng kaaway bilang hudyat upang tulungan at iligtas sila ng Panginoon. Hihipan din ito sa mga panahon ng kanilang kasiyahan at kapistahan. Mahalaga ang simbolo ng trumpetang ito bilang pagpapaalala sa mga Israelita na ang Panginoon ay ang kanilang Diyos.

*Puro reklamo.* Ang mga dayuhang kasama ng mga Israelita ay nanabik sa dati nilang pagkain, at napagaya sa kanila ang mga Israelita. Sila ay nagreklamo sa Panginoon. Ito ay mabigat na pasanin para kay Moses. Dahil dito, sinabi ng Panginoon kay Moses na pumili siya ng pitumpung matatandang pinuno sa Israel at babahagian sila ng Panginoon ng espiritung tulad ng ibinigay niya kay Moses upang makatulong sila sa kanya. At ang Panginoon ay nangako ng karne para sa mga nagrereklamong Israelita.

Dahil sa kanilang reklamo, umulan ng manna mula sa langit. Subalit hindi sila na-satisfy dito sapagkat ang gusto nilang kainin ay karne. Ang galit ng Diyos ay umapoy. Nagpadala Siya ng laksa-laksang pugo na hinakot naman ng mga Israelita. Hindi pa man sila tapos kumain, ang galit ng Diyos ay minsan pang sumiklab kaya pinatay Niya ang mga taong nagnanasa sa karne sa pamamagitan ng kakila-kilabot na salot.

Mula roon, ang mga Israelita ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay hanggang sa Hazereth.

Sina Miriam at Aaron ay nagsalita ng laban kay Moses dahil sa babaeng Cushite na kanyang pinakasalan. Narinig ng Panginoon ang usapan nila kaya sinabi Niya sa kanila na si Moses ay isang taong mapagpakumbaba higit sa sinumang nabuhay sa ibabaw ng lupa. Dahil dito, pinagsabihan ng Panginoon



sina Aaron at Miriam. Bilang kaparusahan, si Miriam ay nagkaroon ng ketong at pinalabas sa kampo ng pitong araw. Nagpatuloy lamang sila sa paglalakbay nang makabalik sa siya sa kampo.

Ang 12 spies. Inutusan ng Panginoon si Moses na pumili ng isang lalaki sa bawat lipi upang magmanman sa Canaan, ang lupaing ibibigay ng Panginoon sa kanila. Isinugo ni Moses ang 12 pinuno upang pag-aralan ang lupain. Pagkaraan ng apatnapung araw, ang mga espiya ay humarap kina Moses, Aaron at sa buong bayan ng Israel. Iniulat nila na ang lugar ay flowing with milk and honey subalit para silang mga tikbalang sapagkat ang mga nakatira doon ay malalakas at mga higante.

Nag-iyakan at nagreklamo ang buong bayan ng Israel dahil sa ulat ng mga espiya. Sinabi nina Joshua at Caleb sa buong congregasyon na kung ang Panginoon ay malulugod sa kanila, dadalhin Niya sila sa lugar na iyon kung saan umaagos ang milk at honey at ibibigay Niya ito sa kanila. Kaya hindi sila dapat maghimagsik laban sa Panginoon kundi magtiwala at huwag matakot sapagkat Siya ay kasama nila.

Dahil sa katigasan ng ulo ng mga Israelita, sinabi ng Panginoon na wala ni isa sa kanila ang makakarating sa lupain na Kanyang ipinangako maliban kina Caleb at Joshua at ang mga mas bata sa kanila. Ang kanilang mga anak ay magpapalabuy-laboy sa loob ng apatnapung taon hanggang silang lahat ay mamatay. Ito ang kabayaran ng kanilang kawalan ng pananampalataya. At yaong mga nag-espiya na nagdala ng masamang ulat tungkol sa lupain ay namatay dahil sa salot.

Kinaumagahan, ang mga Israelita ay naghanda nang umakyat sa bundok upang ipagpatuloy ang paglalakbay. Subalit sinabihan sila ni Moses na huwag tumuloy sapagkat malulupig lamang sila ng kaaway dahil hindi sila sasamahan ng Panginoon. Hindi sila nakinig at sila ay tumuloy pa rin kahit hindi lumabas ang ark of the covenant sa kampo. Ang mga Amalekites at Canaanites ay bumaba ng bundok at tinalo nila ang mga Israelita.

Sina Korah, Dathan at Abiram ay naghimagsik laban kina Moses at Aaron. Nagalit sa kanila ang Panginoon kaya't sila ay nilamon ng lupa at sila'y nilulon ng buhay kasama na ang kanilang mga pamilya at ari-arian. Pagkatapos, nagpaulan ng apoy ang Panginoon at sinunog ang 250 tao na kasamahan ni Korah.

Ang bawat lipi ay hiningan ni Moses ng tungkod at sinulatan ng pangalan nila. Inilagay ang mga ito sa loob ng Toldang Tipanan. Ang tungkod na mapipili ng Panginoon ay mamumulaklak. Nang pumasok si Moses sa Toldang Tipanan, nakita niyang ang tungkod lamang ni Aaron ang umusbong, namulaklak at namunga. Ang tungkod ni Aaron ay nanatili sa Kaban ng Tipan upang ito ay maging babala sa mga naghihimagsik. Mamamatay sila kung hindi sila titigil sa karereklamo.

Sa wilderness ng Zin, nagreklamo na naman ang mga Israelita sapagkat wala silang mainom na tubig. Sinabi ng Panginoon kay Moses na dalhin ang kanyang tungkod at tipunin ang buong congregasyon sa may malaking bato at sabihin dito na maglabas ng tubig na maiinom.

*Tubig mula sa bato.* Tinipon nga ni Moses ang buong congregasyon sa may malaking bato at pinalo ito ng dalawang beses. Bumukal ang masaganang tubig mula sa bato. Subalit sinabi ng Panginoon kina Moses at Aaron na hindi sila ang magdadala sa congregasyon sa lupang ibibigay Niya sapagkat hindi sila nagtiwala ng lubos sa Kanya upang parangalan ang Kanyang kabanalan sa harap ng mga Israelita.

Patuloy na naglakbay ang mga Israelita tungo sa lupang pangako. Hindi sila pinayagan ng Hari ng Edom na makiraan sa kanilang teritoryo. Kaya sila ay umikot, naglakbay sa Kadesh hanggang makarating sa Mount Hor. Sa bundok na ito namatay si Aaron at ang pumalit sa kanya ay ang kanyang anak na si Eleazar.

Gumawa ng panata sa Panginoon ang mga Israelita na wawasakin nila ang lungsod ng Arad. Pinakinggan sila ng Panginoon kaya ito ang unang tagumpay nila laban sa mga Canaanites.

Mula sa Bundok ng Hor, nagpatuloy ang mga Israelita patungong Red Sea upang iwasan ang Edom. Nagreklamo at nainip ang mga Israelita kaya sila ay pinadalhan ng Panginoon ng mga makamandag na ahas at marami sa kanila ang namatay. Inamin ng mga Israelita na sila ay nagkasala kaya inutusan ng Panginoon si Moses na gumawa ng ahas na tanso at ilagay ito sa dulo ng isang mahabang kahoy. Ang sinumang natuklaw ng ahas ay dapat tumingin sa ahas na tanso upang hindi siya mamamatay.

Nanirahan ang mga Israelita sa lupain ng mga Amorites nang matalo nila si Haring Sihon, na hindi nagbigay ng pahintulot sa kanila upang makiraan sa kanyang teritoryo. Si Haring Og ay natalo din ng mga Israelita sa Edrei. Wala silang itinirang buhay at sinakop nila ang lupain.

*Census ulit.* Nagpa-census muli ang Panginoon kina Moses at Eleazar. Mula sa bagong talaan na isinagawa sa Moab, wala na ang mga taong naitala noon nila Moses at Aaron sa wilderness ng Sinai. Katulad ng sinabi ng Panginoon, ang mga taong yaon ay mamamatay sa wilderness at wala ni isa sa kanila ang matitira maliban kina Joshua at Caleb.

Pinaakyat ng Panginoon si Moses sa Bundok ng Abarim upang tanawin niya ang lupaing ibibigay ng Panginoon sa mga Israelita. Pagkatapos niyang tanawin ang lupain, si Moses ay mamamatay na kaya hiniling niya sa Panginoon na pumili ng isang taong mangunguna sa Israel upang ang sambayanan ay hindi matulad sa mga tupang walang pastol. Pinili ng Diyos si Joshua bilang kahalili ni Moses.

*Laban Midianites.* Naghanda sila Moses sa pakikipagdigma laban sa mga Midianites upang maigawad ang parusa ng Panginoon sa kanila. Tulad ng utos ng Panginoon kay Moses, nilusob nila ang mga ito at pinatay ang lahat ng lalaki kasama ang limang hari ng Midian. Pati mga babaeng nakisiping sa lalaki ay pinatay din. Binihag nila ang mga bata at mga babaeng hindi pa nasisipingan, at sinamsam ang lahat ng kanilang ari-arian. Sinunog nila ang buong lungsod.

Ang mga angkan nina Reuben at Gad ay nag-settle na sa Gilead sapagkat ang lupain ay nababagay sa dami ng kanilang livestock. Isinaayos muna nila ang kanilang livestock at lahat ng mga bata at kanilang asawa bago sila muling sumama upang ipagpatuloy ang pananakop sa ibang bahagi ng lupang ibibigay ng Panginoon sa Israel.

Nang sila'y nasa kapatagan ng Moab, sinabi ng Panginoon kay Moses na palalaysin nila ang lahat ng mga naninirahan sa lupain pagkatawid nila ng Jordan papuntang Canaan. Dudurugin nila ang kanilang mga rebulto. Sasakupin nila ang mga lupaing iyon at doon sila titira sapagkat ibinibigay ng Panginoon sa kanila ang lupaing iyon. Hahatiin nila ang lupain at ang paghahati ay ibabatay ayon sa laki ng bawat lipi. At kung hindi nila ito gagawin ipapalaspas sa kanila ng Panginoon ang parusang dapat ay para sa mga Canaanites.

Sina Eleazar at Joshua ang namahala sa pagpaparte sa lupain. At pumili si Moses ng isang pinuno sa bawat lipi para makatulong sa pagpaparte sa lupain. Ito ang mga pinuno na kanilang napili: Caleb, Shemuel, Elidad, Bukki, Hanniel, Kemuel, Elizaphan, Paltiel, Ahihud at Pedahel. Ang mga Levites ay binigyan ng 48 na lungsod.

*Tawid Ilog Jordan.* Pagtawid ng mga Israelita sa Ilog Jordan patungong Canaan, pumili sila ng anim na lungsod-kanlungan na matatakbuhan ng sinumang makapatay ng di sinasadya, maging Israelita man ito o isang dayuhan. Doon siya magtatago habang nililitis pa ang kanyang kaso upang hindi siya mapatay ng malapit na kamag-anak na nais maghiganti.

Ito ang mga batas at tuntuning ibinigay ng Panginoon sa Israel sa pamamagitan ni Moses. Ang babaeng may minana sa kanyang ama ay kailangang kumuha rin ng mapapangasawa mula sa kanyang lipi upang hindi malipat sa ibang lipi ang kaparte ng kanilang ama. Ang kaparte ng alinmang lipi ay hindi maaaring ilipat sa ibang lipi, pananatilihin ng bawat lipi ang kani-kanilang bahagi.

### **Deuteronomy**

Ang aklat ng Deuteronomy ay mga pahayag ni Moses patungkol sa lakbayin ng mga Israelita magmula nang sila ay utusan ng Panginoon na lisanin na ang Mount Horeb upang magtungo sa lupang Kanyang ipinangako sa kanilang mga ninuno.

Ang mga kasama niya rito ay ang bagong henerasyon ng mga Israelita na papasok sa promised land na walang alam patungkol sa karanasan ng kanilang ninuno sa pagtawid sa Red Sea.

Inulit sa aklat na ito ang pagbibigay ng Panginoon kay Moses ng mga batas at tuntunin – ang 10 utos, ceremonial at sacrificial laws, mga piyesta at ang araw ng Sabbath. Ang lahat ng ito ay ibinigay sa bagong henerasyon.

Ang mga huling chapters ng Aklat ng Deuteronomy ay nagpapahayag ng mga instructions patungkol sa paggawad ng katarungan, paglalagay ng mga hari, ang mga bahagi ng pari, ang mga itinalagang lungsod kanlungan, mga tuntunin sa pagsaksi at pakikipagdigma, pagpapasya sa mga krimen na hindi malutas, mga anak na matitigas ang ulo, at marami pang iba.

Kung sila ay lubusang makikinig sa tinig ng Panginoon at susunod sa Kanyang kautusan, ang pagpapala ay darating sa kanila. Subalit kung hindi sila lubusang susunod sa Panginoon, susumpain sila sa loob at labas ng lungsod, susumpain ang kanilang mga supling at bunga ng kanilang pananim. Padadalhan sila ng mga salot.

Tinipon ni Moses ang lahat ng Israelita sa lupain ng Moab upang makipagtipan sa Panginoon at tatakan ng sumpa bilang katibayan na sila ay Kanyang bayan at Siya naman ang kanilang Diyos gaya ng pangako Niya sa kanila at sinumpaang sa kanilang mga ninuno.

Ang mga lihim na bagay ay sa Panginoon lamang, ngunit ang mga bagay na nahahayag ay para sa atin at ating mga anak upang ito ay sundin.

Dalawang bagay lamang ang pagpipilian ng mga Israelita. Una, kung sila ay susunod sa mga utos ng Panginoon, lalakad sa Kanyang mga landas, susundin ang Kanyang mga tuntunin, sila ay mabubuhay at dadami at pagpapalain sa lupaing kanilang aariin. Pangalawa, kung sila ay tatalikod at susuway sa

Panginoon, sasamba sa ibang diyos, tiyak na sila ay malilipol. Hindi sila mabubuhay ng mahaba sa lupaing kanilang aariin.

Sinabi ni Moses sa mga Israelita na hindi siya makapapasok sa lupang ipinangako ng Panginoon sa kanilang mga ninuno. Subalit ang Panginoon mismo ang mangunguna sa kanila sa pagtawid ng Jordan. Wawasakin Niya ang mga bansa at sasakupin nila ang lupain sa pamumuno ni Joshua.

Sinulat ni Moses ang batas at ibinigay sa mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan. Inutos niya na sa tuwing katapusan ng ikapitong taon, babasahin ng mga saserdote ang mga batas na ito sa buong Israel upang marinig nila at matutong magkaroon ng takot sa Panginoon at siguruhing sundin ang mga nakasaad sa batas.

*Ang pagtatalaga kay Joshua.* Pinapunta ng Panginoon sina Moses at Joshua sa Toldang Tipanan upang italaga si Joshua. Ang Panginoon ay nagpakita sa anyo ng pillar of cloud. Pinasulat ng Panginoon si Moses ng isang awit upang ituro sa mga Israelita. Ito ay aawitin nila upang magsilbing saksi ng Panginoon laban sa kanila sapagkat alam ng Panginoon na kapag naroon na sila sa lupang pangako, sila ay mananagana, babaling sa ibang diyos, itatakwil Siya at sisira sa Kanyang tipan.

Pinaakyat ng Panginoon si Moses sa bundok ng Abarim sa Mount Nebo hanggang tuktok ng Pisgah na nasa lupain ng Moab upang ipatanaw ang lupa ng Canaan na aariin ng Israel. Sinabi din ng Panginoon sa kanya na sa bundok na iyon siya mamamatay.

Binasbasan ni Moses ang bawat lipi ng Israel bago siya mamatay. Si Moses ay 120 years old nang siya ay pumanaw, malinaw ang mga mata at malakas ang pangangatawan. Walang propeta na nabuhay sa Israel na katulad ni Moses na kinilala ng Diyos ng mukhaan.

#### **4. Joshua**

*Ang Preparasyon sa Pagsakop sa Canaan (1405 BC).* Inutusan ng Panginoon si Joshua na anak ni Nun na tumawid sila sa Ilog Jordan patungo sa mga lupaing ibinigay sa kanila ng Panginoon. Sinabi Niya kay Joshua na magpakatatag siya at lakasan ang kanyang loob, huwag siyang matatakot o mawawalan ng pag-asa sapagka't ang Panginoon ay kasama niya saan man siya magpunta.

Inutusan ni Joshua ang mga opisyal ng Israel na ihanda na ang mga kakailanganin sapagkat sa loob ng tatlong araw sila ay tatawid sa Jordan.

*Ang dalawang espiya at si Rahab.* Buhat sa kampo ng Shittim, si Joshua ay nagpadala ng dalawang espiya sa lungsod ng Jericho upang magmanman. Sila ay tumuloy sa bahay ni Rahab, isang babaeng nagbebenta ng aliw. Nakaabot sa kaalaman ng Hari ng Jericho ang balitang ito kaya nagtungo ang mga sugo niya sa bahay ni Rahab. Sila ay nabigo sapagkat itinago ni Rahab ang dalawang Israelitang espiya. Nangako ang dalawang espiya kay Rahab na hindi nila gagalawin ang pamilya nito.

Nagtago ang mga espiya sa burol habang sila ay hinahanap ng mga tauhan ng Hari. Makalipas ang tatlong araw, sila ay bumalik sa kampo at iniulat kay Joshua ang buong pangyayari.

*Tumawid ang mga Israelita sa Jordan River.* Umalis sila sa Shittim at nagkampo sila sa pampang ng Ilog Jordan. Malaki ang tubig ng Jordan sa panahong iyon. Pagdating ng mga saserdote na may dala ng Ark of



the Covenant, sila ay tumapak sa tubig sa gilid ng Jordan at ang tubig ay nahawi sa isang-tabi. Ang buong Israel ay nakatawid sa tuyong lupa.

Matapos nilang tumawid sa Ilog Jordan, si Joshua ay pumili ng labindalawang lalaki, isa sa bawat lipi. Pinakuha niya ang mga ito ng tig-iisang bato sa gitna ng Jordan at ipinalagay ito sa kanilang pagkakampohan sa Gilgal. Naglagay rin si Joshua ng labindalawang bato sa gitna ng Ilog Jordan. Matapos niya itong gawin, muling umapaw sa pampang ang tubig. Sa araw na iyon, ginawang dakila ng Panginoon si Joshua sa paningin ng buong Israel. At siya'y iginalang nila habang siya'y nabubuhay, tulad ng ginawa nila kay Moses.

Inutusan ng Panginoon si Joshua na tuliin ang mga kalalakihan ng Israel na ipinanganak noong panahon na sila ay naglalakbay sa wilderness. Gilgal ang itinawang nila sa lugar na ito.

Ipinagdiwang din nila ang unang Passover sa kapatagan ng Jericho.

*Ang Commander ng Hukbo ng Panginoon.* Nang mapadako si Joshua malapit sa Jericho, biglang nagpakita sa kanya ang Commander ng Hukbo ng Panginoon.

Nakasara na ang mga pintuan ng Jericho upang walang sinumang makapasok o makalabas. Ngunit siniguro ng Panginoon kay Joshua na ang Jericho ay ibinigay na sa kanyang kamay.

*Ang Jericho march.* Inutusan ng Panginoon si Joshua at ang kanyang mga kawal na umikot sa buong Jericho minsan isang araw sa loob ng anim na araw. Sa ikapitong araw, pitong beses silang iikot sa lungsod at hihipan ng pitong saserdote ang trumpetang dala nila. Pagkarinig nila sa isang malakas at mahabang tunog ng tambuli; ubod lakas silang sisigaw. Sa sandaling iyon, ang makapal na pader ng lungsod ng Jericho ay babagsak at sasalakayin nila ito. Tanging si Rahab at ang kanyang sambahayan lamang ang maliligtas sapagka't tutuparin ng mga espiya ang kanilang pangako.

Ang buong lungsod at ang anumang matatagpuan doon ay wawasakin bilang handog sa Panginoon. Ang kukunin lamang nila ay ang ginto, pilak at mga vessels ng bronze at iron.

*Natalo ang Israel laban sa Ai.* Sinunod nga ng mga Israelita ang utos ng Diyos subalit si Achan na mula sa lipi ni Judah ay lumabag sa utos na ito. Ito ang nag-udyok sa galit ng Diyos. At bilang kaparusahan sa pagsuway na ito sila ay natalo laban sa Ai.

Si Achan at ang kanyang sambahayan ay binato at sinunog kasama ang lahat ng kanyang ari-arian. Pagkatapos, nawala ang galit ng Panginoon.

Sinabi ng Panginoon kay Joshua na tipunin niya ang lahat niyang mga kawal upang salakayin ang lungsod ng Ai. Gagawin nila sa Ai ang ginawa nila sa Jericho, ngunit sa pagkakataong ito maaari nilang kunin ang mga alagang hayop at mga ari-arian ng Ai. Nag set-up si Joshua ng ambush upang mapuksa ang buong siyudad ng Ai. Sila ay pinagtagumpay ng Panginoon.

*Joshua Renews the Covenant.* Matapos nilang manalo laban sa Ai, nagtayo si Joshua ng altar sa Bundok ng Ebal para sa Panginoon, na Diyos ng Israel. At sila ay naghandog. Binasa ni Joshua ang Aklat ng Kautusan, ang mga pagpapala at mga sumpa.

*Ang panlilinlang ng mga Gibeonites.* Ang tagumpay ng Israel ay nabalitaan na ng lahat ng mga hari na naninirahan lagpas sa Jordan at inisip na nilang magka-isa laban sa Israel. Subalit ang mga taga-Gibeon ay naisip na linlangin si Joshua. Nagpanggap ang kanilang mga sugo na sila ay mula pa sa malayong lugar at nais nilang makipagtipan kay Joshua. Subalit makalipas ang tatlong araw pagkatapos pagtibayin ang kasunduan, nalaman ng mga Israelita na nilinlang lang pala sila. Dahil sa ginawa ng mga taga-Gibeon sila ay ginawang alipin, tagapangahoy at taga-igib sa altar ng Panginoon.

*Ang Conquest ng Israel.* Nabalitaan ni Hari Adoni-zedec ng Jerusalem na ang mga taga Gibeon ay nakipagkasundo at nanirahan kasama ng mga Israelita kaya nagkaisa silang mga hari ng Hebron, Jarmuth, Lachish at Eglon na lusubin ang mga Gibeonites.

*Tumigil ang araw.* Humingi ng saklolo ang mga Gibeonites kay Joshua sapagkat lulusubin sila ng mga hari sa Southern Canaan. Sa pagkakataong ito, pinamalas ng Lord ang Kanyang kapangyarihan sa mga Israelita nang patigilin Niya ang araw at ang buwan hanggang sa masakop nila Joshua ang mga lupain ng kanilang mga kalaban.

Ang limang Amorite kings ay nakatakas at nagtago sa yungib ng Makkedah. Pinatay sila at ibinitin ni Joshua sa puno. Nang araw ding iyon, sinakop ni Joshua ang Makkedah at pinatay ang hari roon. Maraming nasakop na lupain si Joshua at mga Israelites.

Ang mga hari sa North ay nagsanib-sanib sa pakikipaglaban kay Joshua at mga Israelita. Subalit binigyan ng tagumpay ng Panginoon si Joshua at nasakop ang buong lupain.

Natalo din ng Israel ang mga hari sa East ng Jordan sa pangunguna ni Moses. Ang mga ito ay sina Haring Sihon, ng mga Amorites at si Haring Og ng Bashan.

Natalo din nila ang mga hari sa West ng Jordan sa pangunguna ni Joshua. Ang mga ito ay ang hari ng Jericho at Ai, Jerusalem at Hebron, Jarmuth at Lachish, Eglon at Gezer, Debir at Geder, Horma at Arad, Libna at Adullam at iba pa. Tatlumpu't isang hari ang kanilang nagapi sa pagsakop ng Promised Land.

Sinakop ni Joshua ang lahat ng mga lupain at mga kahariang ito sa loob lamang ng isang tuluy-tuloy na pananalakay sapagkat ang Panginoon ay kasama nila sa pakikipaglaban.

*Ang Paghahati-hati ng Lupain (1398-1380 BC).* Si Joshua ay matanda na subalit marami pang lupain ang hindi nasasakop. Kaya sinabi ng Panginoon sa kanya na hatiin na ang natitirang lupain na sasakupin pa ng siyam at kalahating lipi. Ang mga lipi nina Reuben, Gad at kalahating lipi ni Manasseh ay mayroon nang mga minana.

Sa Gilgal, lumapit kay Joshua si Caleb na anak ni Jephunneh. Dahil sa buong katapatang pagsunod niya sa Panginoon binasbasan siya ni Joshua at ibinigay ang kanyang hiling na lupain, ang Hebron.

Ang ibinigay na lupain sa lipi ni Judah ay nasa boundary ng Edom hanggang sa wilderness ng Zin sa pinakadulong timog. Kinuha ni Caleb ang Hebron at kinuha naman ni Othniel ang Kiriath-sepher subalit hindi mapaalis ng Judah ang mga Jebusites na naninirahan sa Jerusalem. Kaya hanggang ngayon, ang angkan ng Judah at mga Jebusites ay magkasamang naninirahan sa lugar na ito.

Ang lupaing nakalaan kay Joseph para sa kanyang mga anak na sina Ephraim at Manasseh ay magmula sa Jordan patungong baybay dagat. Ang teritoryo ni Ephraim ay nakapaloob sa lugar ni Manasseh. Hindi pinaalis ni Manasseh ang mga Canaanites na naninirahan doon.

Tinanggap din ni Benjamin ang kanyang inheritance mula sa Kiriath-jearim patungong Salt Sea. Ang lote ni Simeon ay nakapaloob kay Judah. Binigyan ng mga Israelita si Joshua ng isang lungsod.

*Ang mga lungsod kanlungan.* Pinapili ng Panginoon ang mga Israelita ng mga lungsod kanlungan. Dito maaaring tumakbo ang mga taong nakapatay ng hindi sinasadya upang sila ay makaligtas sa paghihiganti ng namatayan. Kaya ang Kedesh, Shechem, Hebron, Bezer, Ramoth at Golan ay itinalaga nila bilang mga lungsod kanlungan.

*Ang parte ng mga Levites.* Binigyan din ang mga Levites ng mga lungsod at pasture lands. Ibinigay nga ng Lord sa bansang Israel ang lahat ng lupang pinangako Niya sa kanilang mga ninuno; at sila ay pinagkalooban ng kapayapaan sa mahabang panahon.

Ang mga Reubenites, Gadites at kalahating lipi ni Manasseh ay bumalik na sa kanilang minanang lupain at doon ay nagtayo sila ng altar. Siniguro nila kay Phinehas na sila ay hindi tumalikod sa Panginoon.

*Mga huling habilin ni Joshua.* Tinawag ni Joshua ang mga lipi ng Israel. Ipinaalala niya sa kanila ang ginawa ng Panginoon para sa kanila mula pa sa pagkatawag kay Abraham hanggang sa pagliligtas sa kanila sa pagka-alipin mula sa Egypt. Ipinaalala din ni Joshua kung paanong itinaboy ng Panginoon ang kanilang mga kalaban upang masakop nila ang mga lupain. Kaya dapat silang maging matapat sa pagsunod sa mga nakasulat na kautusan sa aklat ni Moses.

Ang hamon ni Joshua. Tinipon ni Joshua ang mga lipi ng Israel sa Shechem. Ipinaalala niyang muli ang ginawa ng Panginoon para sa kanyang mga ninuno. Sinabi niya sa kanila na dapat silang magkaroon ng takot sa Panginoon at itakwil ang mga diyos-diyosan na pinaglingkuran ng kanilang mga ninuno. Hinamon sila ni Joshua kung sino ang kanilang paglilingkuran. Dineclara ni Joshua ang ganito: “Subalit ako at ang aking sambahayan, maglilingkod kami sa Panginoon.” Sinabi ng mga Israelita na maglilingkod sila sa Panginoon at susundin ang Kanyang tinig. Kaya sa araw na iyon, nakipagkasundo si Joshua sa mga Israelita. Pagkatapos ng mga bagay na ito, si Joshua ay namatay sa gulang na 110 taon.

## **5. Judges (1358 – 1010 BC)**

Ang Aklat ng Hukom ay mga kasaysayan mula sa panahon ng kawalang katarungan sa Israel hanggang sa pagsalakay sa Canaan at sa pagkatatag ng monarkiya o kaharian. Sinalaysay dito ang kabayanihan ng mga lider ng bansa na tinawag na “Mga Hukom” na karamihan ay mga pinuno ng hukbo.

*The Continuing Conquest of Canaan.* Pagkamatay ni Joshua, ang mga lipi nina Judah at Simeon ay nagtulungan upang masakop ang mga lugar na inilaan para sa kanila ng Panginoon.

Tinulungan sila ng Panginoon na matalo ang mga Canaanites at Perizzites. Nasakop ng lipi ni Judah ang Jerusalem at Hebron. Nang maging mas makapangyarihan ang mga Israelita, hindi na nila pinaalis ang mga Canaanites ngunit sapilitan nilang pinagtrabaho ang mga ito bilang mga alipin.

*Ang Israel ay naglingkod sa mga Baal.* Nang yumao na ang henerasyon ni Joshua, ang mga Israelita ay naglingkod at sumamba sa mga Baal o diyos-diyosan at tinalikuran ang Panginoon na nagligtas sa kanila mula sa kanilang pagkaalipin sa Egypt. Ito ang nag-udyok ng galit ng Panginoon kaya ibinigay Niya ang mga ito sa kamay ng kanilang mga kaaway sa tuwing sila ay nakikipagdigma.

Nagluklok ng mga hukom ang Panginoon para sa Israel. Ang mga hukom ang magligtas sa kanila sa kapangyarihan ng mga sumasakop sa kanila. Sa tuwing mayroong mga hukom na nangunguna sa kanila, sila ay naliligtas sa kamay ng kanilang mga kaaway. Subalit kapag namatay na ang hukom, ang mga Israelita ay bumabalik sa pagsamba sa mga diyos-diyosan.

*Mga nasyon na kasa-kasama ng mga Israelita.* May iniwang mga nasyon ang Panginoon upang subukin ang mga Israelita kung sila ay susunod sa utos ng Diyos. Ang mga Canaanites, Hitites, Amorites, Jebusites, Perizzites at Hivites ay nanirahang kasa-kasama nila. Sumamba ang mga Israelita sa mga diyos-diyosan ng mga lahing ito na siyang naging dahilan upang sila ay dumanas ng kahirapan.

*Na-oppress ang mga Israelita (1358-1350 BC).* Puro kasamaan ang ginagawa ng mga Israelita at sila ay patuloy na naglilingkod sa mga Baal, kaya ito ang nag-udyok ng galit ng Diyos. Sila ay hinayaan ng Panginoon na mapasa-kamay ni Cushan, ang hari ng Mesopotamia.

*Othniel (#1) (1350-1310 BC).* Nang dumaing ang mga Israelita dahil sa dinaranas nila sa kamay ni Cushan, ipinadala ng Panginoon si Othniel na pamangkin ni Caleb upang sila ay iligtas sa kamay ni Cushan. Sa pangunguna ni Othniel, nagkaroon sila ng kapayapaan at natalo nila ang hari ng Mesopotamia.

*Ehud (#2) at Haring Eglon (1310-1292; 1292-1212 BC)* Nang mamatay si Othniel, bumalik na naman sila sa kanilang masamang gawain. Dahil dito, 18 years silang sinakop ni Haring Eglon ng Moab. Subalit nang muli silang humingi ng tulong sa Panginoon, ginawa Niyang hukom si Ehud na mula sa lipi ni Benjamin. Nang dalhin ni Ehud ang mga buwis ng Israel kay Haring Eglon, iyon ang kanyang naging pagkakataon upang masaksak niya sa tiyan ang hari.

*Shamgar (#3),* ay anak ni Anath. Pinatay niya ang 600 Philistines sa pamamagitan ng oxgoad at iniligtas din niya ang Israel (3:31).

*Haring Jabin at Sisera (1212-1192 BC).* Nang mamatay si Ehud, ang bayang Israel ay nagbalik na naman sa dating gawi. Kaya hinayaan ng Panginoon na masakop sila ni Jabin, ang Canaanite king ng Hazor. Si Sisera naman ang pinuno ng kanyang hukbo. Pinagmalupitan at inapi niya ang Israel sa loob ng 20 years. Kaya't ang mga Israelita ay muli na namang humingi ng tulong sa Panginoon.

*Barak at Deborah (#4) (1192-1152 BC).* Si propeta Deborah ay nagsisilbing hukom ng Israel nang panahong iyon. Ipinatawag niya si Barak upang sabihin sa kanya na inutusan siya ng Panginoon na labanan ang pangkat ni Sisera. Ngunit ayaw pumunta ni Barak kung hindi kasama si Deborah. Kaya nagpasiya si Deborah na sumama subalit sinabi niya kay Barak na wala siyang makukuhang karangalan sapagka't si Sisera ay ibibigay sa kamay ng isang babae.

Nagtago si Sisera sa tent ni Jael, asawa ni Heber na may magandang relasyon kay Haring Jabin. Tinakluban siya ni Jael at pinukpok niya ng tulos sa noo si Sisera. Sa ganoon natupad ang tinuran ni Deborah na sa kamay ng isang babae mamamatay si Sisera.



*Gideon (#5) (1152-1145; 1145-1105 BC).* Katulad ng dati, ang mga Israelita ay muli na namang gumawa ng kasamaan laban sa Panginoon kaya sila'y hinayaan Niyang sakupin ng mga Midianites sa loob ng pitong taon. Nagpakita ang anghel ng Panginoon kay Gideon, na anak ni Joash, at ito ay kanyang isinugo upang iligtas ang Israel. Subalit nagduda si Gideon sapagkat ang kanyang angkan ang pinakamahina sa lipi ni Manasseh at siya naman ang pinakahamak sa pamilya nila. Kaya humingi si Gideon ng palatandaan na magpapatunay na ang Panginoon nga ang nagsugo sa kanya.

Giniba ni Gideon ang altar ni Baal na ipinagawa ng kanyang ama at pinutol ang rebulto ni Asherah ayon sa utos ng Panginoon. Nalaman ng mga tao ang kanyang ginawa. Nagsanib sila ng puwersa upang labanan si Gideon.

Nagbigay ng palatandaan ang Panginoon. Naglatag si Gideon ng fleece of wool sa threshing floor. Nagkaroon ng dew sa fleece subalit nanatiling tuyo ang threshing floor bilang pag-papatunay na si Gideon ay gagamitin ng Panginoon upang iligtas ang Israel.

Nagkampo si Gideon at ang kanyang mga tauhan sa spring ng Harod. Napansin ng Panginoon na napakarami niyang tauhan at baka akalain nilang sarili nila ang nakatalo sa Midianites at hindi dahil sa tulong Niya. Kaya ang mga kawal na natatakot ay pinauwi ni Gideon.

Gideon at ang 300 na kawal. Marami pa rin ang naiwan kaya binigyan sila ng Panginoon ng isa pang pagsubok. 300 na kawal ang nakapasa sa pagsubok sapagkat sila ay uminom ng tubig sa pamamagitan ng pagsalok nito sa kamay.

Ang 300 na kawal ay palihim na pumunta sa kampo ng mga Midianites. Hinipan nila ang kanilang mga trumpeta sabay basag ng kanilang mga dalang banga habang sumisigaw ng "Tabak ni Yahweh at ni Gideon." Samantalang nagsisigawan at nagkanya-kanyang takbuhan ang mga Midianites at habang walang tigil sa pag-hip ng trumpets ang tatlong daang Israelita, pinaglaban-laban ng Panginoon ang mga nasa kampo.

Nabihag nila ang dalawang pinunong sina Oreb at Zeeb at sila ay pinatay.

Si Gideon at ang tatlong daan niyang tauhan ay patuloy na hinabol ang mga Midianites. Nang umabot sila sa Succoth, si Gideon ay nakiusap sa tagaroon na bigyan ng makakain ang kanyang tauhan sapagka't gutom na ang mga ito at hinahabol pa nila sina Haring Zeba at Zalmuna ng Median. Subalit hindi sila binigyan ng pagkain, sa halip, kinutya pa silang mga ito. Ganoon din ang nangyari sa kanila sa Penuel. Si Gideon ay nagbanta ng paghihiganti laban sa mga ito.

Pagkahuli nila kina Zeba at Zalmuna, binalikan ni Gideon mga taga Succoth at Penuel upang igawad ang kanyang paghihiganti.

Hinarap naman niya sina Haring Zeba at Zalmuna. Kung hindi sana pinatay ng dalawang haring ito ang kanyang mga kapatid, hindi niya rin sana papatayin ang mga ito. Inutusan ni Gideon si Jether, na panganay niyang anak, na patayin ang dalawang hari subalit natakot ito. Tumayo si Gideon at siya na mismo ang pumatay sa dalawang hari.

Hiniling ng mga Israelita na maghari si Gideon sa kanila. Subalit tumanggi siya at sinabing ang Panginoon ang maghahari sa kanila. Hiniling ni Gideon sa mga Israelita na ibigay nila sa kanya ang mga hikaw na nasamsam nila mula sa mga Midianita. Sinunod ng mga Israelita ang nais ni Gideon at mula sa gintong nasamsam, gumawa si Gideon ng ephod at ito ay inilagay niya sa Ophrah na kanyang lungsod. Ang ephod na ito ay ginawang diyos-diyosan ng mga Israelita. Ito ay naging malaking kapulaan kay Gideon at sa kanyang sambahayan.

Nang mamatay si Gideon, ang mga Israelita ay bumalik sa pagsamba sa mga Baal. Hindi rin sila tumanaw ng utang na loob sa sambahayan ni Gideon sa kabila ng lahat ng kabutihang ginawa niya para sa Israel.

*Abimelech (#6) (1105-1102 BC).* Si Abimelech na anak sa labas ni Gideon ay hinikayat ang mga kamag-anak ng kanyang ina na siya ay dapat na maging hari ng Israel. Nagtungo siya sa tahanan ng kanyang ama at pinatay niya ang kanyang mga kapatid na lalaki. Nakaligtas ang bunso, si Jotham, sapagkat ito ay nakapagtago. Itinatag ng mga leaders ng Shechem si Abimelech bilang hari. Sila ay sinumpa ni Jotham.

Tatlong taon pinamunuan ni Abimelech ang Israel. Ngunit nagpadala ang Diyos ng espiritu ng hidwaan sa mga ito. Nangyari nga ang sumpang dineclara ni Jotham. Sa pamamagitan ni Gaal na anak ni Ebed, naghimagsik ang mga kalalakihan ng Shechem laban kay Abimelech. Pinapatay ni Abimelech ang taga-Shechem.

Nang malaman ng mga leaders sa Tower of Shechem na sinunog ni Abimelech ang kanilang lungsod, sila ay pumasok sa tower. Sinundan sila ni Abimelech at nang tumayo siya sa tapat ng pintuan ng tore upang sunugin ito, binagsakan siya ng malaking bato ng isang babaeng naroon at nabasag ang kanyang bungo. Nagpasaksak si Abimelech sa kanyang armor bearer upang hindi nila masabing babae ang nakapatay sa kanya. Sa ganitong paraan, si Abimelech ay siningil ng Diyos dahil sa pagpatay sa 70 kapatid niya. Pinagdusa rin ng Diyos ang mga taga Shechem, tulad ng sumpa sa kanila ni Jotham na anak ni Gideon.

*Tola (#7)* Pagkamatay ni Abimelech, si Tola na Issacharite ay naging hukom. Siya ay anak ni Puah na anak ni Dodo at naninirahan sa Shamir na nasa burol ng Ephraim. Siya ay naging hukom sa Israel sa loob ng 23 taon, namatay at inilibing sa Shamir (Judges 10:1-2).

*Jair (#8)* Ang sumunod na hukom ng Israel ay si Jair na Gileadite. Naghukom siya sa loob ng 22 taon. Mayroon siyang 30 anak na lalaki na nakasakay sa 30 asno at sila ay may hawak na 30 siyudad sa lupain ng Gilead; hanggang ngayon, ang tawag dito ay Havvoth-jair. Si Jair ay namatay at inilibing sa Kamon (Judges 10:3-5).

*Ang oppression mula sa Philistines at Ammonites (1105-1065; 1105-1087 BC).* Ang mga Israelita ay gumawa na naman ng kasamaan. Dahil dito, nagalit sa kanila ang Panginoon at hinayaan silang masakop ng mga Ammonites at mga Philistines. Pinahirapan sila ng mga ito sa loob ng 18 years. Sinalakay rin ng mga Ammonites ang mga lipi nina Judah, Benjamin at Ephraim kaya lubhang nahirapan ang Israel.

Dumulog ang mga Israelita sa Panginoon. Inalis nila ang kanilang mga diyos-diyosan at muling naglingkod sa Kanya. Kinahabagan sila ng Panginoon. Naghanda sa pakikidigma ang mga Ammonites laban sa mga Israelita. Nag-usap ang mga taga-Gilead at tagaroon na kung sino ang mangunguna sa kanila sa pakikipaglaban sa mga Ammonita ay siya nilang kikilalaning pinuno ng buong Gilead.

*Jephthah (#9) (1087-1081 BC).* Si Jephthah na taga-Gilead ay isang matapang na mandirigma. Siya ay ipinasundo ng mga pinuno ng Gilead upang manguna sa kanila sa pakikipag-laban sa mga Ammonites.

Sinabi ng mga Hari ng Ammonites na nais nilang maibalik sa kanila ang kanilang lupain. Ngunit ang lupaing iyon ay ibinigay na ng Panginoon sa mga Israelita.

Ang Espiritu ng Panginoon ay lumukob kay Jephthah. Sumumpa si Jephthah sa Panginoon na kapag siya ay pinagtagumpay ng Panginoon susunugin niya bilang handog ang unang lalabas sa kanyang bahay at sasalubong sa kanyang pag-uwi. Pinagtagumpay nga siya ng Panginoon laban sa mga Ammonites. Pagbalik ni Jephthah sa Mizpa, sinalubong siya ng kaisa-isang anak niyang babae. Nang makita siya ni Jephthah, buong paghihinagpis na sinabi sa kanyang anak na hindi niya na mababawi pa ang kanyang panata sa Diyos. Pagkaraan ng dalawang buwan, isinagawa ni Jephthah ang kanyang panata sa Panginoon.

Inatake ng mga Ephraimites ang mga Gileadites na nasa pamumuno ni Jephthah sapagkat hindi sila sinabihan ng mga ito na makikipagdigma sila sa mga Ammonites. Natalo nila Jephthah ang mga Ephraimites. Ang mga survivors ay nahuli sapagkat hindi nila mabigkas ng maayos ang salitang 'Shibboleth.'

Si Jephthah ay naging hukom ng Israel sa loob ng anim na taon. May ilang hukom pa ang sumunod sa kanya nang siya ay mamatay na.

*Ibzan (#10).* Si Ibzan ay may 30 anak na lalaki. Mayroon din siyang 30 anak na babae na may mga asawang hindi mula sa kanilang lahi. Binigyan din ni Ibzan ang kanyang mga anak na lalaki ng mga asawang babae na hindi rin nagmula sa kanilang lahi. Matapos siyang manungkulan bilang hukom sa Israel sa loob ng pitong taon, si Ibzan ay namatay at inilibing sa Bethlehem (Judges 12:8-10).

*Elon (#11).* Ang Zebulunite na si Elon ay naging hukom ng Israel sa loob ng 10 taon (Judges 12:11-12).

*Abdon (#12).* Ang sumunod na naging hukom ng Israel ay si Abdon na Pirathonite na anak ni Hillel. Siya ay mayroong 40 anak na lalaki at 30 apog lalaki na sumakay sa 70 asno. Matapos maghukom ni Abdon sa Israel sa loob ng walong taon, siya ay namatay at inilibing sa lupain ng Ephraim sa kabundukan ng mga Amalekites (Judges 12:13-15).

*Samson (#13) (1085-1065 BC).* Bumalik na naman sa masamang gawain ang mga Israelita laban sa Panginoon kaya sila ay sinakop ng mga Philistines sa loob ng apatnapung taon.

Nang panahong iyon, si Manoa na kabilang sa lipi ni Dan ay may asawang baog. Sinabihan ng anghel ang kanyang asawa na siya ay magkakaanak na lalaki at habang lumalaki na ang bata, hindi niya dapat putulan ng buhok sapagkat ang kanilang anak ay nakalaan sa Panginoon bilang Nazareno. Nang naisilang ang sanggol ito ay pinangalanang Samson. Lumaki ito na patuloy na pinagpapala ng Panginoon at nagsimulang udyukan ng Espiritu.

Si Samson ay may nagustuhang babaeng Philistine. Kasama ang kanyang mga magulang, nagtungo sila sa Timnah. Habang dumaraan sila sa isang ubusan, may isang batang leon na umungol sa kanya. Pinalakas siya ng Panginoon at pinatay ito gamit lamang ang kanyang mga kamay.

Binalikan ni Samson ang babae makalipas ang ilang araw. Habang nasa daan, nakita niya na may kuyog ng bubuyog at honey sa katawan ng patay na leon. Dinakot niya ng kanyang kamay ang honey at kinain ito habang naglalakad. Binigyan din niya ang kanyang mga magulang.

Pinakasalan ni Samson ang babae. Nagbigay si Samson ng bugtong sa mga kalalaking abay. Sa ikapitong araw, sinabi ni Samson sa kanyang asawa ang sagot sa bugtong at ito ay sinabi ng babae sa kanyang mga kababayan.

Si Samson ay pinalakas ng Espiritu, pumatay siya ng tatlung kalalaking ng Ashkelon at kinuha niya ang kanilang magagarang kasuotan at ito ay kanyang ibinigay sa mga nakasagot sa kanyang bugtong. Pagbalik niya sa tahanan ng kanyang ama nalaman niya na ang kanyang asawa ay ibinigay ng kanyang biyenan sa pangunahing abay na lalaki. Si Samson ay nagalit.

Sinundo ni Samson ang kanyang asawa subalit hindi pumayag ang kanyang biyenan. Umalis siya at nanghuli ng 300 foxes. Tinali ng pares-pares ang kanilang mga buntot na may torch, sinilaban ang mga torch at hinayaang pumunta ang mga ito sa mga nakasalansan na grains ng Philistines. Nang malaman ng mga Philistines na si Samson ang may kagagawan ng lahat ng iyon, sinunog nila ang asawa at biyenan nito.

Nagalit ang mga taga Judah kay Samson sapagkat sila ay nasa ilalim ng pamamahala ng mga Philistines. Ginapos nila si Samson at isinuko sa mga Philistines. Ngunit si Samson ay pinalakas ng Espiritu ng Panginoon at ang kanyang gapos ay pinatid niya na para lamang nasusunog na sinulid. May nakita siyang panga ng asno. Dinampot niya ito at siyang ginamit sa pagpatay sa sanlibong Filisteo. Si Samson ay naging hukom at pinuno ng Israel sa loob ng dalawang taon.

Umibig muli si Samson sa isang dalagang nagngangalang Delilah. Ngunit ang babaeng ito ay ginamit ng Philistines upang malaman nila kung saan nanggagaling ang kanyang lakas. Nalaman nila ang kahinaan nito. Pinatulong ni Delilah si Samson at pinagupitan ang buhok ng asawa. Nang magising siya, nanghina siya sapagkat ang Espiritu ng Diyos ay humiwalay na sa kanya.

Binihag ng mga Philistines si Samson at dinukit ang kanyang mga mata at siya ay pinagtrabaho sa isang gilingan sa loob ng bilangguan. Unti-unting humaba muli ang kanyang buhok.

Minsan, nagkatipon ang mga Haring Filisteo upang magdiwang. Naisipan nilang pagkatuwaan si Samson. Inilabas nila ito sa bilangguan at pinatayo sa pagitan ng dalawang malalaking haligi. Ang gusali'y napakasikip dahil sa 3000 na tao na naroon. Nanalangin si Samson at humingi ng kalakasan sa Panginoon. Itinukod niya ang kanyang mga kamay sa dalawang haligi sa gitna ng gusali at malakas na sinabi na mamamatay siya ngunit kasama sila sa kanyang kamatayan. Ibinuhos niya ang kanyang buong lakas at itinulak ang mga haligi. Gumuho ang gusali at nabagsakan ang lahat ng naroon. Ang napatay ni Samson sa oras ng kanyang kamatayan ay mas marami pa kaysa noong siya'y nabubuhay.

Si Micah, na nakatira sa hill country ni Ephraim, ay mayroong sariling altar. Itinalaga niya ang isa sa kanyang mga anak na lalaki bilang saserdote. Walang hari ang Israel nang mga panahong iyon kaya ginagawa nila ang mga bagay ayon sa palagay nilang tama. Isang Levite, na nagmula sa Bethlehem, ang napadpad sa lugar niya kaya ito ay inupahan niya upang maging kanyang saserdote.



Nang mga panahon ding iyon, ang lipi ni Dan ay naghahanap pa ng lupang kanilang aangkinin bilang inheritance. Nagpadala sila ng limang espiya na nakarating sa tahanan ni Micah. Nang marinig nila ang boses ng Levite, pinatanong nila sa Panginoon kung sila ay magtatagumpay sa pakay nila sa Laish. Sinabi ng Levite na sila ay magtatagumpay.

Bago sumalakay ang mga Danites, dumaan muna sila sa tahanan ni Micah upang tangayin ang mga diyos-diyosan nito pati ang Levite na naglilingkod sa kanya. Nagtagumpay sila sa pagsalakay sa Laish at pinangalanan nila ang lugar na Dan. Si Jonathan na apo ni Moses ang kanilang naging saserdote.

Naglalakbay sa malayong bulubundukin ng Ephraim ang isang Levita kasama ang kanyang asawa na taga-Bethlehem. Umabot sila sa Gibeah na sakop ng mga Benjamites. Pinatuloy sila ng isang matandang lalaki. Habang sila ay kumakain, ang bahay ay pinaligiran ng mga kalalakihan doon na mahilig sa kalaswaan. Pinalalabas nila ang bisitang lalaki upang sa kanila'y makipagtalik. Hindi pumayag ang matandang lalaki sa halip pinalabas ng Levite ang kanyang asawa. Magdamag na hinalay ito ng mga lalaki at iniwang nakahandusay sa harap ng bahay ng matanda. Pagdating ng Levita sa kanilang bahay, pinagputol-putol niya sa labindalawang piraso ang bangkay ng kanyang asawa at ipinadala sa buong Israel.

Dahil sa nangyari sa asawa ng Levita, nagtipon-tipon ang mga kalalakihan ng Israel sa Mizpah upang utusan ang mga Benjamites na isuko ang mga lalaking lumapastangan sa asawa ng Levita. Hindi nakinig ang mga Benjamites, at sa halip nakipagdigma sila sa Israelites hanggang 600 na lamang ang natira sa kanila.

Sumumpa ang mga Israelites na hindi nila bibigyan ng mapapangasawa na nagmula sa kani-kanilang lipi ang mga natirang Benjamites. Sila ay tumangis sapagkat sila ay nabawasan ng isang lipi. Subalit, dahil sa ang mga ito ay mga kapatid din nila, hinanapan ng Israelites ang mga Benjamites ng kanilang mapapangasawa. May isang kampo na hindi sumama sa kanila nang sila ay magtungo sa Mizpah. Lumusob sila sa Jabesh-gilead ngunit wala ni isang naroon. Sinalakay nila ang lugar, pinatay lahat ng babae, lalaki, bata at matanda maliban sa 400 virgins na naroon. Ang mga virgins na ito ang ibinigay ng mga Israelites sa mga Benjamites bilang kanilang asawa. At dahil kulang pa ang mga babae, sila ay kumuha ng mga babae sa Shiloh ayon sa kanilang bilang.

Nang panahong iyon ay wala pang hari sa Israel; ginagawa ng bawat isa ang kung ano sa tingin nila ay tama.

*Eli (#14).* Si Eli na high priest, ay naghukom sa Israel sa loob ng 40 years (1 Samuel 4:18).

*Samuel (#15).* Si Samuel ang pumalit kay Eli. Siya ang huling hukom ng Israel (1 Samuel 7:15).

### **Ruth**

Ang kasaysayan sa aklat na ito ay naganap sa magulong panahon ng mga Hukom. Ipinapakita sa aklat na ito ang pagpapalang dumating sa isang dayuhang yumakap sa Diyos ng Israel na naging bahagi ng Bayan ng Diyos.

Nang ang Israel ay pinamumunuan pa ng mga hukom, nagkaroon ng taggutom sa buong bayan. Kaya ang mag-asawang Elimelech at Naomi na mga taga-Bethlehem, Judah ay pansamantalang nanirahan muna sa

Moab kasama ang kanilang mga anak na sina Mahlon at Chilion. Ang kanilang mga anak ay nakapag-asawa ng mga Moabita na sina Orpah at Ruth. Namatay si Elimelech at naiwang biyuda si Naomi. Ngunit pagkalipas ng mga sampung taon, namatay rin sina Mahlon at Chilion, kaya't si Naomi ay naulila sa asawa't mga anak.

Nabalitaan ni Naomi na ang kanyang bayan ay pinagkalooban ng Diyos ng masaganang ani kaya't siya at ang kanyang mga manugang ay umalis sa Moab at naglakbay pabalik sa Judah. Pinauuwi na ni Naomi ang kanyang mga manugang sa kani-kanilang tahanan sapagkat wala na siyang maibibigay na asawa para sa kanila. Si Orpah ay nagpaalam na, samantalang si Ruth ay nanatili sa piling ni Naomi. Sinabi ni Ruth kay Naomi na kung saan siya pupunta, doon din ito magtutungo; kung saan siya titira, doon din ito maninirahan; ang kanyang bayan ay magiging bayan rin nito at ang kanyang Diyos ay siya ring magiging Diyos nito. Kung saan man mamamatay at ililibing si Naomi, doon din siya mamamatay at ililibing. Kamatayan lamang ang makapaghihiwalay sa kanilang dalawa.

Si Boaz, na mayamang kamag-anak ni Elimelech, ay mayroong malaking bukid. Nagpaalam si Ruth kay Naomi na mamumulot siya ng uhay na naiwan ng mga gumagapas. Umabot si Ruth sa bukid ni Boaz. Nang malaman ni Boaz kung sino si Ruth, sinabi niya rito na huwag na siyang mamumulot sa ibang bukid. At kung siya ay nauuhaw malaya siyang makakainom ng tubig mula sa banga nila.

Sinabi ni Boaz kay Ruth na huwag siyang lalayo sa kanyang mga servant girls. Ibinilin din ni Boaz sa kanyang mga tauhan na bigyan nila si Ruth ng magagapas. Hindi nakalagpas sa kaalaman ni Boaz ang mabuting pakikitungo ni Ruth kay Naomi.

Isang araw, pinag-ayos ni Naomi si Ruth ng kanyang sarili. Inutusan niya si Ruth na pumunta sa threshing floor ni Boaz. Kapag tapos nang kumain at uminom si Boaz at nahiga na ito, mahihiga siya sa may paanan nito. Sinunod nga ni Ruth ang utos ng kanyang biyenang.

Nagising si Boaz nang hatinggabi at siya ay nagulat nang makita niyang may babae sa kanyang paanan. Nagpakilala si Ruth at sinabi niya kay Boaz na siya ang kanyang tagapagligtas. Subalit sinabi ni Boaz na may isa pang mas malapit silang kamag-anak na maaaring tumubos sa kanya. Ngunit kung ito ay di papayag na pakasalan siya, nangako si Boaz na gagampanan niya ang tungkuling ito.

Sa harap ng sampung pinuno ng bayan, kinausap ni Boaz ang kamag-anak. Sinabi ni Boaz sa lalaki na siya dapat ang unang makaalam na ipinagbibili ni Naomi ang bukid ng kanyang asawang si Elimelech. Pumayag ang lalaki subalit nang malaman niyang kasama sa ipinagbibili si Ruth, ito ay tumanggi na. Kaya, testigo ang mga matatanda sa usapan, nagdesisyon si Boaz na bilhin ang bukid ni Elimelech kasama si Ruth.

Napangasawa nga ni Boaz si Ruth at ito ay kanyang iniuwi sa kanyang tahanan. Pinagpala ng Panginoon si Ruth kaya't ito ay nagdalang tao at nanganak ng isang lalaki – si Obed. Si Obed ang naging ama ni Jesse na ama naman ni David.

Ito ang pagkakasunod-sunod ng angkan mula kay Perez: Perez, Hezron, Ram, Amminadab, Nahshon, Salmon, Boaz, Obed, Jesse at David.

## 1 Samuel 1-7

Ang mag-asawang Elkanah at Hannah ay walang anak. Taon-taon, sila ay nagpupunta sa templo sa Shiloh upang si Elkanah ay sumamba at maghandog sa Diyos. Si Hannah, sa kanyang lubos na pighati at kalungkutan, ay umiyak at nanalangin sa Panginoon at hiniling na pagkalooban siya ng anak. Ipinangako niya na ang anak na ipagkakaloob sa kanya ay habang buhay na maglilingkod sa Panginoon.

Sa tamang panahon, nagka-anak sina Elkanah at Hannah. Samuel ang ipinangalan ni Hannah sa anak sapagkat ang batang ito ay ibinigay sa kanya ng Panginoon.

Nang lumaki na ang bata, dinala ni Hannah si Samuel sa bahay ng Panginoon sa Shiloh. Nagdala sina Elkanah at Hannah ng baka kay Eli na punong saserdote sa templo. Doon ay ihinandog ni Hannah si Samuel sa Panginoon.

Si Elkana at ang buo niyang sambahayan ay umuwi sa Rama. Ngunit iniwan nila si Samuel upang maglingkod sa Panginoon sa pangangasiwa ni Eli.

Ang dalawang anak ni Eli ay parehong lapastangan at walang takot sa Panginoon. Nila-lapastangan nila ang handog sa Panginoon.

Samantalang si Samuel naman ay naglingkod sa harapan ng Panginoon. Taon-taon ay iginagawa siya ni Hannah ng maliit na balabal at dinadala niya ito sa anak sa taunang paghahandog.

Si Hannah ay pinagpalang muli, siya ay nagkaroon ng anak na tatlong lalaki at dalawang babae. Samantala, lumaki naman si Samuel na naglilingkod sa Panginoon.

Nalaman ni Eli ang ginagawa ng kanyang mga anak at pinangaralan niya ang mga ito. Hindi sila nakinig sa ama sapagkat ipinasya na ng Panginoon na sila ay patayin.

Si Samuel nama'y patuloy na lumaking kalugod-lugod sa harap ng Panginoon at ng mga tao.

Sinabi ng propeta ng Diyos kay Eli ang ganito: Pinili Ko ang iyong ama mula sa lahat ng mga lipi bilang Aking saserdote. Subalit bakit mas pinarangalan mo ang iyong mga anak sa pamamagitan ng pagkain ng mga piling bahagi ng mga handog. Ngayon, pararangalan Ko ang nagpaparangal sa Akin, ngunit kasusuklaman Ko ang humahamak sa Akin. Makakaranas ng pagdurusa ang iyong sambahayan. Bagamat makakaranas ng kabutihan ang Israel, walang matandang mananatili sa inyong lipi. Ang iyong mga anak, sina Hophni at Phinehas ay sabay na mamamatay sa iisang araw.

Ang batang si Samuel ay patuloy na naglingkod sa Diyos sa ilalim ng pamamahala ni Eli. Minsan, nang siya ay nakahiga na, may narinig siyang tumatawag sa kanya. Tatlong beses itong nangyari at tatlong beses din siyang lumapit kay Eli. Sinabi sa kanya ni Eli na kapag may tumawag sa iyo ulit sabihin mo ang ganito, "Magsalita kayo Panginoon. Nakikinig ang inyong lingkod." Ganoon nga ang ginawa ni Samuel at sinabi ng Panginoon sa kanya ang darating na paghatol sa buong sambahayan ni Eli. Sinabi niyang lahat kay Eli ang mensahe ng Panginoon.

*Samuel (1085-1053 BC).* Tinanggap ng mga Israelita si Samuel bilang propeta ng Diyos.

Ang Hatol sa Sambahayan ni Eli. Natalo ang mga Israelita sa pakikipaglaban sa mga Philistines. Nakuha ng mga Philistines ang Kaban ng Diyos. At kanilang pinatay ang dalawang anak ni Eli. Nang malaman ni Eli ang pangyayari, siya ay namatay din.

Ang Kaban ng Tipan ay dinala ng mga Philistines sa Asnod. Ipinasok nila ito sa Templo ng kanilang diyos na si Dagon at inilagay sa tabi nito. Kinaumagahan, nakita ng mga taga-Asnod na nakasubsob ang rebulto ni Dagon sa harap ng Kaban ng Tipan ng Panginoon.

Nagkakaroon ng salot saan man dalhin ng mga Philistines ang kaban ng Diyos. Dahil sa mga pangyayaring ito, ibinalik ng mga Philistines ang Kaban ng Diyos sa mga Israelita.

Sinabi ni Samuel sa kanila na kailangang alisin nila ang lahat ng kanilang diyos-diyosan kung nais nilang manumbalik sa Panginoon ng buong puso. Ang buong Israel ay nagtipon at si Samuel ay dumaing at naghandog sa Diyos. Nalupig nila ang mga Philistines.

## **The Kings**

### **1 Samuel**

#### ***Part One: United Kingdom of Israel***

*Ang Simula ng mga Hari (1 Samuel 8). Ang mga anak ni Samuel bilang mga Hukom (1053-1050 BC).* Matanda na si Samuel, kaya in-appoint niya bilang mga hukom ang kanyang mga anak na sina Joel at Abijah sa Beersheba. Subalit ang mga ito ay hindi namuhay nang matuwid. Bagkus ang kanilang pamumuhay ay nakatuon lamang sa pansariling ganansya at sa pagtanggap ng suhol.

*Humingi ng Hari ang Israel.* Dumaing na naman ang mga Israelita kay Samuel at hiniling sa kanya na magtalaga ng hari. Sinabi ng Diyos kay Samuel, *Ibigay mo ang kahilingan ng mga tao sapagkat hindi naman ikaw ang kanilang tinatanggihan kundi Ako. Noon pa man ay hindi nila tinanggap na Ako ang kanilang Hari.*

Bagamat binalaan na ni Samuel ang mga tao tungkol sa mga mangyayari sa kanila, sa kanilang mga anak at buong sambahayan sa oras na magkaroon na sila ng hari, ipinilit pa rin nila ang kanilang kagustuhan.

Sinabi ng Panginoon kay Samuel kung paano niya makikilala ang Kanyang hinirang na maging hari. Si Saul, makisig at bata pa, ay mula sa lipi ni Benjamin. Nang makita ni Samuel si Saul, sinabi ng Diyos sa kanya, "Ito ang lalaking sinasabi Ko sa iyo."

Inimbita ni Samuel si Saul sa high place upang kumain kasama ang ilang panauhin. Ipinadala niya sa tagapagluto ang pagkain na sinabi niyang ibukod sapagkat dumating na ang oras upang ito ay kainin ni Saul. Pagbaba nila sa high place, may nakahanda nang higaan para kay Saul. Kinabukasan, nang sila'y nasa labas na ng bayan, pinatigil ni Samuel si Saul upang ihayag sa kanya ang salita ng Panginoon.

*Anointing of Saul (1050-1010 BC).* Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at binuhos ito sa ulo ni Saul. Sinabi niya kay Saul na siya ay itinalaga ng Panginoon bilang prinsipe ng Israel. Paghaharian niya ang bayan ng Diyos at ililigtas sila sa kamay ng mga kaaway sa kanilang paligid. Binigyan siya ni Samuel ng mga palatandaan at ang Espiritu ng Diyos ay lulukob sa kanya upang siya ay makapag-prophecy. Pinauna ni Samuel si Saul sa Gilgal. Pitong araw siyang maghihintay sa lugar na iyon hanggang makarating si Samuel upang makapaghandog ng burnt offerings at peace offerings.



Pagtalikod ni Saul kay Samuel, binigyan siya ng Panginoon ng bagong puso. Ang Espiritu ng Diyos ay lumukob sa kanya at siya ay nag-prophecy sa Gibeah nang salubungin siya ng isang grupo ng mga prophets.

Tinipon ni Samuel ang mga tao sa Mizpah at doon ipinakilala si Saul sa bawat tribo ng Israel bilang kanilang bagong hari.

Ang mga taga Jabesh-gilead ay nais makipagkasundo kay Nahash na Ammonite. Sinabi niya na sasang-ayon lang siya kung dudukitin niya ang kanang mata nila. Nabalitaan ni Saul ang pangyayari nang makita niyang nag-iiyakan ang mga tao. Tinipon ni Saul ang mga tao at kinaumagahan nilusob at tinalo nila ang mga Ammonites.

Matapos ang pakikipaglabanan, pinapunta ni Samuel ang mga Israelita sa Gilgal upang pagtibayin ang pagiging hari ni Saul. Nagtungo sila sa Gilgal at doon naghain ng handog pang-kapayapaan sa Diyos at nagdiwang.

Sa huling pamamaalam ni Samuel, ipinaalala niya sa mga Israelita kung paano sila iniligtas ng Panginoon sa kamay ng mga kaaway nila noon. Sa kabila nito, sumamba pa rin sila sa mga diyos-diyosan. Humiling sila ng hari at ito'y ipinagkaloob sa kanila. Pinaalala rin niya sa kanila na kung sila ay patuloy na magkakaroon ng takot sa Panginoon at Siya'y paglilingkuran, ang lahat ay magiging maayos. Subalit kung sila ay susuway sa Diyos at maghihimagsik laban sa mga utos Niya, ang Kanyang kamay ay magiging laban sa kanila.

*Ang labag na paghahandog ni Saul.* Nagtipon-tipon ang mga Philistines sa Michmash upang digmain ang Israel habang si Saul at ang mga Israelitang nanginginig sa takot ay naghihintay sa Gilgal. Pagsapit ng ika-pitong araw na hindi pa rin dumarating si Samuel, nagdesisyon si Saul na gawin na ang paghahandog ng burnt offerings at peace offerings sa Panginoon. Pagkatapos na pagkatapos isagawa ang paghahandog, dumating si Samuel. Nagalit si Samuel at pinagsabihan si Saul sapagkat hindi niya sinunod ang utos ng Diyos. Dahil dito, hindi magtatagal ang paghahari ni Saul. Nakakita na ang Panginoon ng isang lalaki na may puso para sa Kanya.

Si Jonathan, na anak si Saul, ay nagpunta sa kampo ng mga Philistines. Kasama niya ang kanyang armor-bearer. Naghintay siya ng mga senyales mula sa Panginoon bago umakyat sa garrison ng mga Philistines. Nang naroon na sila, nakapatay sila agad ng dalawampung tao. Nag-panic ang mga tao.

Na-witness ng mga tagamasid ni Saul na ang mga tao ay nagsisitakbo kung saan-saan. Nalaman ni Saul na hindi nila kasama si Jonathan at ang armor bearer nito. Pinadala ni Saul ang Ark habang patuloy na nagkakangulo ang mga Philistines. Lumusob na sila Saul sa kampo. Nagulat sila sapagkat ang mga Philistines ay nagtatagaan na sa isa't isa at ang mga Hebreong kasama ng mga Philistines ay pumanig na sa mga Israelita. Iniligtas ng Panginoon ang Israel.

Ang mga Israelitang kawal ay gutom na gutom na matapos ang pakikipaglaban at sinabi pa ni Saul na susumpain ang sinumang kakain hanggang pagsapit ng gabi. Kaya wala ni isang kumain. Nang dumating na sila sa forest, tumutulo ang honey subalit wala ni isa ang tumikim nito maliban kay Jonathan.

Nagtayo si Saul ng altar sa Panginoon. Sinabi ng Saserdote kay Saul na dapat silang magtanong sa Panginoon. Subalit wala silang makuhang sagot mula sa Panginoon. Ang mga tao ay nagsitakas na. Sina

Jonathan at Saul na lang ang naiwan. Kaya sila ay nagpalabunutan. Si Jonathan ang nabunot. Sinabi niyang kumain siya ng honey. Si Jonathan ay dapat mamatay subalit pinagtanggol siya ng mga tao.

Inutusan ng Panginoon si Saul na wasakin ang Amalek. Wala siyang ititirang buhay, tao o hayop man. Ginawa nga ito ni Saul subalit sinuway niya ang utos ng Diyos sapagkat hindi niya pinatay si Haring Agag ng Amalek. Sinamsam din nila ang matatabang alagang hayop. Sinabi ng Panginoon kay Samuel na nalulungkot siya sa pagkahirang kay Saul bilang hari sapagkat tinalikdan siya nito at hindi sumunod sa Kanyang mga tagubilin. Nabagabag si Samuel kaya pinagsabihan niya si Saul. Ipinaliwanag ni Saul na ang mga hayop ay para sa paghahandog nila sa Panginoon subalit pinatahimik siya ni Samuel. Sinabi ni Samuel sa kanya na, “Ang pagsunod ay higit na mabuti kaysa paghahandog.”

Inamin ni Saul ang kanyang pagkakasala subalit tumanggi na si Samuel na samahan siya pabalik sa Gibeah. Ipinatawag ni Samuel si Agag at ito ay kanyang tinaga ng pira-piraso. Naghiwalay na sina Samuel at Saul at hindi na muling nagkita hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.

*Ang pagtatalaga kay David bilang Hari ng Israel (1010-970 BC).* Tinanong ng Panginoon si Samuel kung hanggang kailan siya magdadalamhati para kay Saul. Inutusan ng Panginoon si Samuel na pumunta kay Jesse sapagkat ang isa sa mga anak nito ang Kanyang hinirang na maging hari ng Israel. Isinama niya si Jesse at mga anak nito upang maghandog. Nang makita ni Samuel si Eliab, akala niya ay ito na ang hinirang ng Panginoon. Subalit sinabi ng Panginoon, “Huwag mong hangaan ang kanyang kakisigan o taas. Ang Panginoon ay hindi tumitingin sa anyo, ngunit ang paningin Niya ay nasa puso.” Dahil wala si David sa mga oras na iyon, ipinatawag ni Samuel ang bunsong anak ni Jesse. Pagdating ni David, tumindig si Samuel at pinahiran ito ng langis sa harap ng kanyang mga kapatid. Ang Espiritu ng Diyos ay lumukob kay David.

Naglingkod si David kay Saul bilang tagatugtog ng harp dahil nang mga panahong iyon, si Saul ay pinahihirapan ng masasamang espiritu na ipinadala ng Panginoon. At dahil sumasakanya ang Panginoon, si David ay kinalugdan ni Saul.

*David at Goliath.* Ang mga Philistines at mga Israelita ay nagkampo sa magkabilang burol. Ang bayani ng mga Philistines ay si Goliath na siyam na talampakan ang taas. Apatnapung araw niyang kinukutya at hinahamon ang mga Israelita na nanlulumo at natatakot sa kanya. Minsan, inutusan ni Jesse si David na magdala ng pagkain para sa kanyang mga kapatid na nasa kampo. Nang marinig ni David ang hamon ni Goliath, sinabi niya kay Saul na siya ang haharap at lalaban kay Goliath. Noong una ay ayaw pumayag ni Saul ngunit nakumbinsi siya ni David.

Nang sila ay magkaharap na, sinabi ni David kay Goliath na lalaban niya ito sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat. At ang Panginoon ay hindi nagliligtas sa pamamagitan ng tabak o sibat. Napatay nga ni David si Goliath sa pamamagitan ng tirador at pagkatapos ay pinugutan niya ito ng ulo. Sinugod at hinabol ng mga Israelita ang mga Philistines hanggang Gath at Ekron.

Dahil sa pangyayaring ito, naging interesado si Saul kay David. Matapos makipag-usap ni David kay Saul, naramdaman ni Jonathan na magka-isa sila ng espiritu ni David at ito ay minahal niya na tulad ng pagmamahal sa sarili. Si Jonathan ay nakipagkasundo kay David. Si David ay naging matagumpay saan man siya ipadala ni Saul.

Ano man ang ipagawa ni Saul kay David, ito ay nagtatagumpay. Subalit galit na galit si Saul sa awitin ng mga kababaihan tungkol sa kanilang dalawa ni David. Dahil sa inggit at galit, sinubukan ni Saul na sibatin si David habang ito ay tumutugtog ng lyre subalit ito ay naka-ilag. Natakot si Saul kay David dahil alam niyang kasama nito ang Panginoon. Kaya pinalayo niya si David at ginawang pinuno ng isang pangkat ng mga kawal.

*David at Michal.* Matapos dalhin ni David ang 200 foreskins ng mga Philistines kay Saul, ibinigay ni Saul kay David kanyang anak na si Michal bilang asawa. Mas lalong natakot si Saul kay David sapagkat natitiyak niya na pinapatnubayan ito ng Panginoon at alam niyang mahal ito ng kanyang anak na si Michal.

*Ang masamang balak ni Saul kay David.* Minsan pa ay binalak ni Saul patayin si David. Isinama niya sina Jonathan at lahat ng kanyang mga katulong. Dahil sa pagmamahal ni Jonathan kay David, binigyan niya ng babala ang kaibigan at sinabihang maging alerto at magtago. Pinuntahan ni David si Samuel at sinabi niyang lahat ng masamang balak ni Saul sa kanya. Kaya sila ay nagtungo sa Naioth. Nagpadala ng mga mensahero si Saul kay David. Nang makita nila ang isang grupo ng mga propeta na nagpapanayag kasama si Samuel, sila ay nilukuban din ng Espiritu ng Diyos at nagpahayag din sila habang nasa daan. Ganoon ang nangyari sa lahat ng mga mensaherong ipinadala ni Saul. Kaya siya na mismo ang nagpunta sa Naioth. Nilukuban din siya ng Espiritu ng Diyos kaya siya rin ay nag-prophecy. Hinubad ang kanyang damit at nagpahayag sa harap ni Samuel at nahigang hubad buong magdamag.

*David at Jonathan.* Tumakas nga si David sa Naioth at nagpunta kay Jonathan. Dahil pista ng Bagong Buwan kinabukasan, inaasahan ng hari na naroon si David. Mahigpit siyang nakiusap kay Jonathan na sabihin sa hari na kinailangan niyang umuwi sa Bethlehem. Ganoon nga ang ginawa ni Jonathan. Nagsiklab ang galit ni Saul sa anak. Nagalit din si Jonathan sa ama at umalis sa hapag kainan.

Nakipagkita si Jonathan kay David at minsan pa ay pinagtibay nilang dalawa ang kanilang kasunduan sa harapan ng Diyos.

Nagtungo si David sa Nob kay Saserdote Ahimelech. Sinabi ni David sa kanya ang mga pangyayari. Binigyan ng saserdote si David at ang kanyang mga kasama ng banal na tinapay sapagkat iyon lang ang naroon. Nakita ito ni Doeg na Edomite, ang punong herdsman ni Saul. Tinanong ni David si Ahimelech kung mayroon ba siyang sandata. Ibinigay ni Ahimelech kay David ang espada ni Goliath dahil walang ibang sandatang naroon kundi iyon lang.

Tumakas si David kay Saul at nagpunta sa Gath kay Haring Achish. Takot si David sa hari kaya nagpalit siya ng kilos at nagpanggap na nababaliw. Nabahala ang hari dahil sa ipinakitang kakaibang kilos ni David.

Nilisan ni David ang lugar at nagtungo sa kuweba ng Adullam. 400 na tao, kasama ang kanyang mga kapatid at sambahayan ng kanyang ama, ang pumunta sa kanya nang malaman nilang naroon siya sa kuweba. Mula roon ay nagpunta sila sa Moab at doon niya iniwan ang kanyang ama at ina. Sinabi ni Propeta Gad kay David na hindi siya dapat manatili sa lugar na ito. Inutusan ng propeta si David na magtungo sa Judah.

Narinig ni Saul na nadiskubre na kung nasaan si David at ang kanyang mga kasamahan. Tinanong ni Saul ang kanyang mga tauhan kung bibigyan ba sila ni David ng mga bukid o gagawin ba silang mga commander ng maraming tao kaya sila nagsasabuwatan laban sa kanya. Dahil dito, nagsalita si Doeg at nagsabing nakita niya si David kina Ahimelech sa Nob.

*Ang mga Saserdote ng Nob.* Nang malaman ito ni Saul, pinatawag niya si Ahimelech at ang buong sambahayan nito pati ang mga saserdote sa Nob. Pinapatay niya silang lahat kay Doeg sapagkat tinulungan nila si David. Nakatakas ang saserdoteng si Abiathar na anak ni Ahimelech. Sinabi niya kay David ang lahat ng nangyari. Kaya sinabi ni David sa kanya na sumama siya sa kanila para sa kanyang kaligtasan.

Nalaman ni David na ang mga Philistines ay nakikipaglaban sa Keila at ninanakawan ang mga threshing floors. Nagtanong siya sa Panginoon kung makikipagdigma ba sila laban sa mga Philistines. Sinabi ng Panginoon sa kanya na lusubin niya ang mga ito at iligtas ang Keila. Subalit natakot ang kanyang mga tauhan na makikipaglaban sa mga Philistines. Kaya nagtanong muli siya sa Panginoon. Sinabi ng Panginoon na ibibigay Niya sa kamay nila ang mga Philistines. Nanalo nga sila David sa labanang ito.

May nagsabi kay Saul na si David ay nasa Keila. Sinabi ni Saul na ibinigay na ng Panginoon sa kanyang kamay si David kaya inutusan niya ang kanyang mga tauhan upang hulihin si David at ang mga tauhan nito. Sa pamamagitan ng ephod na dala ni Abiathar, nakapagtanong si David sa Panginoon kung siya ba ay isu-surrender ng mga taga Keila kay Saul. Ang sagot ng Panginoon ay oo kaya siya at ang kanyang mga tauhan ay tumakas at nagtungo sa wilderness ng Ziph sa Horesh. Nalaman ni Saul na nakatakas si David kaya hindi na muna niya itinuloy ang pagtugis dito.

Pinuntahan ni Jonathan si David sa Horesh upang sabihan siya na hindi siya dapat matakot. Siya ay magiging hari ng Israel at tutulungan siya nito. Minsan pa, nagsumpaang sila sa harap ng Panginoon.

Sinabi ng mga Ziphites kay Saul na si David ay nasa wilderness ng Horesh. Hinikayat nila ang hari na magtungo doon at ibibigay nila sa kanya si David. Nalaman ito ni David kaya bumaba sila sa bato sa kabila ng bundok sa wilderness ng Maon habang si Saul at ang kanyang mga tauhan ay nasa kabila naman ng bundok. Malapit na nilang ma-capture si David nang sabihin ng isang tauhan ni Saul na ang mga Philistines ay sumalakay sa kanilang lupain. Kaya si Saul ay bumalik at hinarap ang pakikipaglaban sa mga Philistines. Dahil sa pangyayaring ito, ang lugar na kinaroroonan nila David ay tinawag na Rock of Escape.

*David spares Saul's life.* Pagbalik ni Saul mula sa pagtugis sa mga Philistines, may nagsabi sa kanya na si David ay nasa wilderness ng Engedi. Isinama ni Saul ang kanyang mga tauhan upang ipagpatuloy ang paghahanap kay David. May nadaanan silang kuweba at pumasok muna doon si Saul upang magbawas. Sa mga oras na iyon, sina David ay nasa kaloob-looban ng kuweba. Sinabi ng mga tao niya na ito na ang araw na sinabi ng Panginoon na ibibigay sa kanyang kamay ang kanyang kaaway. Dahan-dahan lumapit si David kay Saul at humiwa siya ng kapisaso sa balabal nito. Nang nakalabas na silang lahat, sumigaw si David kay Saul. Ipinakita niya na sa kabila ng pagtugis ni Saul sa kanya at sa kabila ng pagkakataon na mayroon siya upang patayin ang hari, hindi niya ito ginawa sapagkat hindi niya maaaring salingin ang taong pinahiran ng langis ng Panginoon. Umiyak si Saul at inamin niyang mas matuwid si David kaysa sa kanya. Sinabi pa niyang siguradong magiging hari si David at ang kanyang kaharian sa Israel ay maitatag sa kanyang kamay. Sila ay naghiwalay ng maayos.



Namatay na si Samuel at ang buong Israel ay tumangis sa kanyang pagpanaw.

Si David at ang kanyang mga tauhan ay bumaba sa wilderness ng Paran. Nabalitaan niyang may isang napakayamang lalaki ang nagugupit ng kanyang mga tupa. Siya si Nabal, mayaman ngunit masama ang ugali. Ang kanya namang asawa na si Abigail ay maganda at marunong.

*David at Abigail.* Inutusan ni David ang kanyang mga tauhan na pumunta kay Nabal upang manghingi ng kahit anong maibibigay ni Nabal para sa kanila. At dahil nga masama ang ugali ni Nabal, sinagot niya ng pabalang ang mga tauhan ni David at tinanong pa kung sino ba si David. Bumalik ang mga tauhan kay David at nagsumbong sa kanya. Pinaghanda niya ang ilan sa kanyang mga tauhan upang maghiganti kay Nabal.

Samantala, isa sa mga tao ni Nabal ang nagpunta kay Abigail upang isumbong ang pang-iinsulto na ginawa ng kanyang asawa sa mga tao ni David. Madaling naghanda si Abigail ng mga pagkain at dinala ito kina David. Humingi siya ng paumanhin sa inasal ng kanyang asawa at pinuri naman ni David ang Panginoon dahil sa pamamagitan ni Abigail ay nailayo siya sa iniisip niyang paghihiganti. Makalipas ang sampung araw, si Nabal ay pinatay ng Panginoon. Ipinasabi ni David kay Abigail na gusto niya itong maging asawa. Dali-dali namang sumama si Abigail sa mga sugo at siya ay naging asawa ni David.

Nagpunta na naman ang mga Ziphites kay Saul at sinabi sa kanyang nasa Hachilah si David. Isinama ni Saul ang kanyang mga tauhan upang habulin na naman si David. Nang malaman ito ni David, nagtungo siya sa lugar na pinagkakampohan nila Saul. Nakita niya rin kung saan ito nakahimlay.

*David spares Saul's life again.* Isang gabi, sinamahan ni Abishai si David sa kampo ni Saul habang ito at ang kanyang mga kasamahan ay natutulog. Sinabi ni Abishai kay David na ibinigay na ng Diyos sa kanyang kamay ang kanyang kaaway. Subalit sinabi ni David na huwag niyang sasaktan si Saul sapagkat sino ang makagagalaw sa itinalaga ng Panginoon na pagkatapos ay mananatiling parang walang kasalanan. Kaya kinuha ni David ang tabak at sisidlan ng tubig ni Saul at dinala ito sa kabilang burol.

Tumayo siya sa ibabaw ng burol at tinawag si Abner. Sinabi niyang dapat mamatay si Abner sapagkat hindi niya binantayan ang itinalaga ng Diyos; pagkatapos ay ipinakita ni David kay Abner ang sibat at sisidlan ng tubig ni Saul. Nang makilala ni Saul ang boses ni David, inamin niya ang kanyang pagkakamali at ibinalik naman ni David ang kanyang sibat at sisidlan ng tubig.

*Sumama si David sa mga Philistines.* Naisip ni David na balang araw ay mamatay siya sa kamay ni Saul kaya minabuti niyang magpakalayo sa lupain ng mga Philistines. Siya ay nagpunta sa Gath. Nalaman ito ni Saul kaya hindi na niya pinilit na habulin pa si David. Hiniling ni David kay Achish ng Gath na bigyan siya ng lugar kung saan maaari silang manirahan. Ibinigay ni Achish kay David ang Ziklag. Ang lugar na ito ay pag-aari ng mga hari ng Judah hanggang ngayon.

Lingid sa kaalaman ng iba, si David at ang kanyang mga tauhan ay sinasalakay ang mga Gershurites, Girzites at Amalekites na mga dati nang naninirahan sa lupain. At kapag tinatanong siya ni Achish kung saan siya nanggaling, nagbabanggit siya ng kung ano-anong lugar.

*Kumonsulta si Saul sa espiritista ng Endor.* Nagtipon ang mga Philistines bilang paghahanda sa pakikipaglaban sa Israel. Si David ay ginawang bodyguard ni Achish. Pinagharian ng takot si Saul nang makita niya ang hukbo ng Philistines. Pinalayas na niya ang mga mangkukulam at mga espiritista nang

panahong iyon. Hindi na rin siya sinasagot ng Panginoon ni sa panaginip o sa mga propeta. May nagtagpuan siyang manghuhula sa Endor. Nagsuot siya ng ibang kasuotan upang di siya makilala at pinuntahan niya ang babaeng manghuhula. Ipinatawag niya sa babae si Samuel. Nang lumabas ang espiritu ni Samuel, sinabi nito kay Saul na inalis na ng Panginoon ang kaharian sa kanyang kamay at inilipat na ito kay David. Bukod pa ryan, ang kanyang mga anak ay makakasama na si Samuel at ang Israel ay mapapasakamay ng mga Philistines.

*Hindi isinama ng mga Philistines si David.* Nakahanda na ang mga Philistines sa pakikipag-digma subalit nang makita ng mga pinuno sina David at kanyang mga tauhan, nagalit sila kay Achish. Pinabalik nila si David sa lugar na kung saan siya nakahimpil.

*Ni-raid ng Amalekites ang Ziklag.* Pagbalik nila David sa Ziklag, nakita nila na sila ay sinalakay ng mga Amalekites. Binihag ang lahat ng mga babae, bata o matanda, kasama ang mga asawa ni David. Hiningi ni David kay Abiathar ang ephod upang tanungin sa Panginoon kung hahabulin nila ang mga Amalekites. Sinabi ng Panginoon na habulin nila ang mga ito.

Inabutan nila David ang mga Amalekites na nagpapakasaya sa kanilang mga nasamsam kaya sinalakay nila ang mga ito. Naligtas ni David ang kanyang mga asawa, mga anak at lahat ng mga bagay na tinangay sa kanila.

*Ang pagkamatay ni Saul at ng kanyang mga anak.* Samantala, ang mga Philistines ay nakipaglaban sa Israel. Napatay nila sina Jonathan, Abinadab at Malchi-shua - ang tatlong anak ni Saul. Malubhang nasugatan si Saul. Inutusan niya ang kanyang armor-bearer na saksakin na siya subalit hindi nito magawa. Kaya sa halip na mapahirapan pa siya ng mga Philistines, nagsaksak sa sarili si Saul. Nagpakamatay din ang kanyang armor-bearer.

Dinala ng mga Philistines ang armor ni Saul sa templo ni Ashtaroth at itinali ang kanyang katawan sa Beth-shan. Nang malaman ng mga taga Jabesh-gilead ang ginawa ng mga Philistines, kinuha nila ang katawan ni Saul at ng kanyang mga anak at inilibing sa Jabesh.

## 2 Samuel

*Nabalitaan ni David ang Pagkamatay ni Saul.* Ibinalita ng isang Amalekite kay David ang pagkamatay nila Saul at Jonathan. Bitbit nito ang corona at armet ni Saul. Sinabi niyang siya ang pumatay kay Saul ayon sa utos nito. Si David at ang mga kalalakihang kasama niya ay nagdalamhati at nag-ayuno hanggang gabi para kay Saul at Jonathan. Subalit ang Amalekite ay pinapatay ni David.

*David, Hari ng Judah at Ish-bosheth, Hari ng Israel.* Pinapunta ng Panginoon si David sa Hebron at doon sila nanirahan kasama ang kanyang buong sambahayan. Pinuntahan siya ng mga kalalakihan ng Judah at in-anooint siya bilang hari ng house of Judah.

Dinala naman ni Abner si Ish-bosheth, na anak ni Saul, sa Mahanaim at ginawang hari sa buong Israel.

*Ang Paglalaban ng Sambahayan nina David at Saul sa Gibeon.* Naglaban ang mga tauhan nina David at Ish-bosheth. Tinalo ng mga tao ni David sina Abner at mga tao ng Israel. Napatay ni Abner si Asahel na kapatid nina Joab at Abishai, kaya tinugis siya ng magkapatid.

*Sumanib si Abner kay David.* Nagpadala ng mensahe ng pakikipagkasundo si Abner kay David. Sinabi ni David na papayag siya subalit kailangan munang maibalik sa kanya si Michal na anak ni Saul.

Kinausap ni Abner ang mga matatanda ng Israel at Benjamin upang isakatuparan ang pagtatalaga ng pagiging hari ni David sapagkat ito ay ipinangako ng Panginoon kay David. Pagbalik ni Abner sa Hebron, naghanda si David para sa kanila. Matapos ay nagpaalam na si Abner kay David upang tipunin ang buong Israel.

*Pinatay ni Joab si Abner.* Nalaman ni Joab na dumating si Abner sa Hebron at pinaalis ito ni David. Nagalit si Joab sa hari. Hindi alam ni David na inutusan ni Joab ang kanyang mga tao upang ibalik si Abner sa Hebron. Pagdating ni Abner, nagkaroon ng pagkakataon si Joab na patayin ito.

Nang malaman ni David ang pangayayari, siya at ang lahat ng mamamayan ay tumangis.

*Pinatay si Ish-bosheth.* Nanghina ang loob ni Ish-bosheth nang mapag-alamang patay na si Abner. Sina Rechab at Baanah, ang dalawang capitan ng kanyang hukbo, ay pumunta sa kanyang tahanan at siya ay pinatay. Pinutol nila ang ulo ni Ish-bosheth at ito ay dinala nila kay David sa pag-aakalang naipaghiganti na nila ang hari laban kay Saul. Subalit ang dalawang tauhan ay pinapatay ni David.

*Si David ay Itinalagang Hari ng Israel (1010-970 BC).* Ang lahat ng lipi ng Israel ay nagpunta kay David. Kinilala nila na si David ang nanguna sa kanila noon pa mang panahon ni Saul, kaya itinalaga ng mga matatanda ng Israel si David bilang hari nila. Naghari si David sa Hebron ng pitong taon at anim na buwan at naghari siya sa Israel at Judah ng 33 years. Sinalakay niya at ng kanyang mga tauhan ang Jerusalem na inookupa ng mga Jebusites nang mga panahong iyon. Dito siya nanirahan. Nagtayo si David ng wall sa buong paligid. Ito ang Zion, City of David. Lalong naging makapangyarihan si David sapagkat ang Panginoon ay sumasakanya.

Kumuha pa ng maraming asawa at asawang alipin si David at nagkaroon pa siya ng maraming anak na lalaki at babae.

Nalaman ng mga Philistines na si David ay hari na ng Israel kaya hinanap nila siya. Matapos sumangguni ni David sa Panginoon, sinalakay niya ang mga Philistines at sila ay nanalo. Sumalakay muli ang mga Philistines subalit binigyan ng Panginoon si David ng ibang direksyon. Sumunod si David ayon sa utos ng Panginoon at sila ay muling nanalo.

Tinipon ni David ang 30,000 chosen men ng Israel at sila ay nagtungo sa Baale-judah upang kunin ang kaban ng Diyos. Nang dumating na sila sa threshing floor ng Nacon, nadulas ang baka na humihila sa kariton kung saan nakasakay ang kaban ng Diyos. Nagalit ang Diyos sapagkat hinawakan ni Uzzah ang kaban. Noon din ay namatay siya sa tabi ng kaban ng Diyos.

*Si David at si Michal.* Habang ipinapasok ang kaban ng Diyos sa city of David, nasuklam si Michal sa napagmadsan niyang pagsasayaw ni David nang nakahubad na parang baliw. Sinabi ni David na ito ay ginawa niya sa harap ng Panginoon bilang pagdiriwang. Hindi na nagka-anak si Michal hanggang sa kanyang kamatayan.

*Ang Covenant ng Diyos with David.* Kinausap ng Panginoon si David sa pamamagitan ni Prophet Nathan. Ipinahayag ng Panginoon sa kanya na kinuha Niya si David sa pastulan upang pangunahan ang Kanyang bayang Israel. At sinamahan Niya siya saan man siya mapunta at winasak ang kanyang mga kaaway. Sinabi pa ng Panginoon na pipili Siya ng anak ni David at itatag Niya ang kaharian nito. Ang anak

niyang ito ang mgatatayo ng bahay para sa Kanya at itatayo Niya ang trono ng kaharian nito magpawalang-hanggan.

Naupo si David sa harapan ng Panginoon upang manalangin ng pagpapasalamat at pagpupuri. Patuloy na nagtagumpay si David sa kanyang pananalakay at naghari siya sa buong Israel nang may katarungan at may pagka-makatao.

*David at Mephibosheth.* Nalaman ni David mula kay Ziba, na tagapaglingkod sa sambahayan ni Saul, na si Jonathan ay may anak na nabubuhay pa subalit ito ay lumpo. Ipinasundo ni David si Mephibosheth na anak ni Jonathan. Pinagpala siya ni David at sinabihang siya ay laging kakain sa hapag kainan ng hari. Ang lahat ng pag-aari ni Saul ay ibinigay ni David kay Mephibosheth at si Ziba at ang buong sambahayan nito ay naging tagapaglingkod niya.

*Ang mga tagumpay ni David.* Patuloy na nagtagumpay si David sa pakikipaglaban sa mga Philistines. Tinalo din niya ang Moab at ang mga Moabites ay naging tagapaglingkod niya. Ang mga Syrians ay tinalo din niya sa labanan.

*David at Bathsheba.* Ang panahon ng tagsibol ay ang panahon kung saan ang mga hari ay nasa pakikipaglabanan. Subalit si David ay nanatili sa Jerusalem sapagkat si Joab ang ipinadala niya sa pakikipaglaban sa Ammonites.

Habang siya ay naglalakad sa tuktok ng kanyang palasyo, nakita ni David si Bathsheba na asawa ni Uriah. Pinasundo niya si Bathsheba at ito ay sinipingang niya. Nabuntis si Bathsheba. Pinauwi ni David si Uriah sa kanilang tahanan subalit nanatili ito kasama ang iba pang mga tagapaglingkod. Kaya inutusan ni David si Joab na isama si Uriah sa pakikipaglaban at ilagay sa puwestong mapanganib. Inutusan ni Joab ang messenger na ibalita kay David na namatay si Uriah sa pagkikipaglaban. Matapos magdalamhati ni Bathsheba sa pagkamatay ng kanyang asawa, ipinasundo siya ni David at siya ay naging asawa nito. Nanganak si Bathsheba ng sanggol na lalaki. Ang Panginoon ay hindi nalugod sa ginawa ni David.

*Nathan rebukes David.* Kinagalitan ni Prophet Nathan si David. Dahil sa ginawa ni David, sinumpa siya ng Panginoon. Ang tabak ay hindi na mawawalay sa kanyang tahanan. Ang kanyang mga asawa ay kukunin sa kanya at ibibigay sa iba. Bagamat hindi siya mamamatay, ang kanyang sanggol na lalaki ay mamamatay. Nag-ayuno si David subalit nagkasakit at namatay nga ang kanilang anak ni Bathsheba.

*Solomon's Birth.* Inaliw ni David si Bathsheba dahil sa pagkamatay ng kanilang anak. Sinipingang muli ni David ang asawa at sila ay nagkaanak, si Solomon. Tinawag din ito na Jedidiah dahil minahal ito ng Panginoon.

Patuloy ang pakikipaglaban ng Israel sa mga Ammonites. Sa pagkakataong ito, hindi si Joab ang pinadala ni David sa labanan kundi si David ang pinadala ni Joab.

*Amnon at Tamar.* Si David ay may napakagandang anak na babae, si Tamar na kapatid ni Absalom. Si Amnon, na anak din ni David ay na-in-love kay Tamar subalit halos magkasakit na siya dahil parang imposible na mapasakanya ang dalaga. Sa tulong ni Jonadab, na anak ng kapatid ni David, napapunta si Tamar sa bahay ni Amnon. Sapilitan na sinipingang ni Amnon si Tamar. Nagalit si David nang malaman ang pangyayari.



*Pinatay ni Absalom si Amnon.* Nakumbinsi ni Absalom ang ama na maisama niya si Amnon at ang kanyang mga kapatid na lalaki sapagkat ang kanyang mga tauhan ay naggugupit ng mga tupa. Sinabi ni Absalom sa kanyang mga tauhan na patayin nila si Amnon kapag naka-inom na ng maraming alak. Sumunod nga ang mga tauhan sa utos niya. Nagsitakas ang ibang mga anak ng hari. Tumakas din si Absalom sa Geshur.

*Bumalik si Absalom sa Jerusalem.* Alam ni Joab na ang puso ni Haring David ay nakay Absalom kaya gumawa siya ng paraan upang mapabalik si Absalom sa Jerusalem. Ganoon nga ang nangyari subalit may kondisyon na hindi siya maaaring pumunta sa presensya ng kanyang amang si David.

*Ang Conspiracy ni Absalom.* Maagang gumigising si Absalom at siya ay pumupuwesto sa tabi ng gate. Ang lahat na may nais humingi ng paghuhukom mula sa hari ay kanyang hinaharang at siya na ang naghuhukom. Dahil dito, napamahal siya sa mga tao.

Makalipas ang apat na taon, pinayagan ni Haring David si Absalom na magtungo sa Hebron upang tuparin ang pangakong paghahandog sa Panginoon. Subalit nagpadala si Absalom ng mga secret messengers upang sabihin sa mga tribo ng Israel na kapag narinig nila ang malakas na trumpeta, sisigaw sila ng, “Si Absalom ay hari ng Hebron.” Si Ahithophel na counselor ni David ay naki-ayon sa ginawa ni Absalom.

*Tumakas si David.* Nang malaman ito ni David, sinabi niya sa kanyang mga servants na sila ay aalis na at tatakas sapagkat hindi sila makakaligtas sa kamay ni Absalom. Ang lahat ng lingkod niya ay sumama sa kanya pati sina Abiathar at Zadok at lahat ng mga Levites. Ipinabalik ni David ang kaban ng Diyos sa city. Si David ay umakyat sa Mount of Olives upang tumangis at nagtaklob ng ulo. Lahat ng mga taong kasama niya ay umakyat din at nagtaklob ng ulo at nakitangis din.

Si Ziba, na servant ni Mephibosheth ay nagbigay kay David ng pagkain at mga kagamitan na kakailanganin nila sa paglalakbay palayo kay Absalom. Sinumpa naman ni Shimei si David habang dumaraan sila sa Bahurim.

*Pumasok si Absalom sa Jerusalem.* Si Absalom ay humingi ng payo kay Ahithophel. Sinunod niya ang payo nito na pasukin ang mga aliping asawa ng kanyang ama.

*Niligtas ni Hushai si David.* Minsan pa nagbigay ng payo si Ahithophel subalit hiningi ni Absalom ang payo ni Hushai patungkol sa sinabi ni Ahithophel. Sinabi ni Hushai na hindi maganda ang payo ni Ahithophel kaya siya ay nagbigay ng ibang mungkahi. Sinunod ni Absalom ang payo ni Hushai. Inutusan ni Hushai sina Zadok at Abiathar upang magbigay babala kay David patungkol sa mga plano ni Absalom.

Nang makita ni Ahithophel na hindi sinunod ni Absalom ang kanyang payo, siya ay umuwi na sa kanyang tahanan at nagbigti.

*Pinatay si Absalom.* Hindi pumayag ang mga tauhan ni David na sumama siya sa pakikipaglaban sa Israel kaya naiwan siya sa may gilid ng gate ng lungsod. Ipinagbiling niya kina Abishai, Joab at Ittai na maging mahinahon sa kanyang anak na si Absalom.

Nakasagupa ng mga tauhan ni David si Absalom. Ang mule na sinasakyan ni Absalom ay tumakbo sa

makakapal na sanga ng oak tree kaya nasabit ang ulo niya doon. Hindi makuhang patayin ng kawal si Absalom kaya si Joab mismo ang sumibat dito.

Nang malaman ni David ang nangyari, umakyat siya sa kuwarto at doon matinding tumangis sa pagkamatay ni Absalom. Ang mga tao ay patagong pumasok sa lungsod na parang nahihya sapagkat ang tagumpay na inaasahan nila ay naging araw ng pagluluksa. Pinagsabihan ni Joab si David. Kaya lumabas naman si David at naupo sa gate. Ang mga tao ay nagsilapit sa kanya.

*Pagbabalik ni David sa Jerusalem.* Bumalik na si David sa Jerusalem at pinatawad ang lahat niyang kaaway. Subalit si Sheba, na mula sa lipi ni Benjamin, ay nanggugulo. Kaya ang mga kalalakihan ng Israel ay lumayo kay David at sumunod kay Sheba. Ang mga taga Judah naman ay sumunod kay Haring David. Inutusan ni David sila Joab na tugisin si Sheba. Nakipag-usap ang isang matalinong babae kay Joab. Sinabi niya kay Joab na ang ulo ni Sheba ay ihahagis kay Joab mula sa pader. Sinabi ng babae sa mga tao na hanapin si Sheba at pugutan ng ulo. Ganoon nga ang nangyari at ihinagis ang ulo nito kay Joab.

*Ipinaghiganti ni David ang mga Gibeonites.* Nagkaroon ng tatlong taong taggutom sa panahon ng paghahari ni David. Sinabi sa kanya ng Panginoon na ang dahilan nito ay si Saul pagkat pinatay niya ang mga Gibeonites na labi ng mga Ammorites na pinangakuan ng mga Israelita na hindi lilipulin. Bilang ganti, ipinagkaloob ni Haring David ang kahilingan ng mga Gibeonites na ibigay sa kanila ang pitong anak na lalaki ni Saul upang patayin nila. Ngunit hindi niya isinama si Mephibosheth.

*Awit ng Pagpupuri ni David.* Nakipag-usap si David sa Panginoon sa pamamagitan ng awit nang iligtas siya sa kamay ng kanyang mga kaaway at kay Saul. Sinabi niya na ang Panginoon ang kanyang tanglaw at ang Diyos ang nagbibigay liwanag sa kanyang kadiliman.

*Ang Huling Pangungusap ni David.* Ito ang huling salita ni David na anak ni Jesse, na itinalaga ng Diyos ni Jacob: Ang Espiritu ng Diyos ay nagpapahayag sa pamamagitan niya sapagkat ang kanyang salita ay namumutawi sa kanyang dila.

Binanggit ang mga pangalan ng ilan sa mga matatapang na kawal ni David katulad nina Joshebashebeth na kanyang capitan, si Eleazar na anak ni Dodo, Shammah na anak ni Agee, Abishai na kapatid ni Joab, Benaiah na anak ni Jehoiada, Asahel na kapatid ni Joab at marami pang iba.

*Ang Census ni David.* Nagsiklab na naman ang galit ng Panginoon sa Israel at inudyukan si David laban sa kanila at sinabihang bilangin ang mga Israelita at mga taga-Judah. Inutusan ni David si Joab na gawin ito. Makalipas ang siyam na buwan at dalawampung araw na census, ang bilang ng mga kalalakihan ng Israel ay 800,000 at 500,000 naman sa Judah.

*Ang Judgment ng Panginoon sa Kasalanan ni David.* David's heart struck him pagkatapos ng census. Sinabi niya sa Panginoon na mabigat ang pagkakasalang kanyang nagawa kaya nagsumamo siya na patawarin siya ng Panginoon sa kanyang kasalanan. Kinausap siya ng Panginoon sa pamamagitan ni Propeta Gad. Pinapili siya kung ano'ng klaseng parusa ang nais niyang dumating sa kanilang lupain. Pinili niya ang salot kaya nang mangyari ito, 70,000 ang namatay. Nalumbay ang Panginoon sa salot na kanyang pinadala kaya inawat na Niya ang anghel na may dala ng salot. Sinabi ni David sa Panginoon na siya at ang kanyang sambahayan lang ang dapat parusahan dahil siya ang nagkasala.

Inutusan ni Propeta Gad si David na gumawa ng altar sa threshing floor ni Araunah, isang Jebusite. Binili ni David ang threshing floor kay Araunah. Inalok naman nito ng libre ang lahat ng kakailanganin ng hari. Subalit tumanggi ang hari sapagkat ayaw niyang maghandog sa Panginoon nang wala siyang ginastos. Naghandog nga si David sa Panginoon at ang salot ay inilayo ng Diyos sa Israel.

### ***1 and 2 Kings***

Sa Unang Aklat ng Mga Hari ipinagpatuloy ang kasaysayan ng kaharian ng Israel na sinimulan sa mga Aklat ni Samuel. Binibigyang diin sa Aklat na ito ang kahalagahan ng pagsunod sa alituntunin ng Kasunduan ng Panginoon sa mga Israelita. Ang bawat hari ay hahatulan ayon sa kanilang katapatan sa Kasunduan, kung saan si Haring David ang pamantayan.

*Matanda na si David.* Matandang-matanda na si Haring David nang panahong iyon kaya naghanap sila ng batang babae na mag-aalaga sa kanya. Natagpuan nila si Abishag na isang Shunamite. Inalagaan ni Abishag ang Hari subalit hindi siya ginalaw nito.

*Binalak ni Adonijah na Maging Hari.* Samantala, ipinamamalita ni Adonijah na siya ang susunod na hari kay David. Naghandog siya ng iba't-ibang uri ng hayop. Inanyayahan niya ang kanyang mga kapatid at ang mga opisyal ng hari mula sa lipi ni Judah maliban lang kina Propeta Nathan, Benaiah at ang mga bantay ng hari at ang kapatid niyang si Solomon.

Iniulat ni Nathan kay Bathsheba, na ina ni Solomon, ang buong pangyayari patungkol kay Adonijah. Kaya nagtungo si Bathsheba sa hari upang ipagbigay alam ang nangyayari at upang ilitgas ang buhay niya at ng kanyang anak. Tinupad ni Haring David ang kanyang sumpa noon na si Solomon ang papalit sa kanya bilang hari. Dinala ni Saserdote Zadok si Solomon sa Gihon upang ito'y buhusan ng langis bilang Hari ng Israel. Hinipan nila ang trumpeta, sila'y nagkasiyahan at halos mayanig ang lupa sa lakas ng ingay. Nakarating kay Adonijah ang buong pangyayari kaya siya ay kumapit sa sungay ng altar at nagsabing hindi siya aalis doon hanggang hindi mangangako si Solomon na hindi siya papatayin. Pinuntahan siya ni Haring Solomon at pinauwi.

*Ang pagkamatay ni David.* Nang malapit na ang kanyang kamatayan, pinagbilinan ni David si Solomon na magpakatatag at lakasan ang kanyang loob, tuparin ang kanyang tungkulin at mamuhay ayon sa kalooban ng Panginoon. Nang sa gayon, magtatagumpay siya sa lahat niyang gagawin. Naghari si David ng pitong taon sa Hebron at 33 years sa Jerusalem.

*Ang paghahari ni Solomon (970-930 BC).* Matatag ang kanyang kaharian nang maupo na si Solomon sa trono ni David bilang hari. Samantala, hiniling ni Adonijah kay Solomon si Abishag ngunit hindi ito pumayag sapagka't nasa panig ni Adonijah si Saserdote Abiathar at si Joab. Iniutos ni Solomon kay Benaiah na patayin si Adonijah. Si Saserdote Abiathar ay tinanggal niya sa pagiging saserdote ng Diyos. Pinapatay rin ni Solomon si Joab at si Benaiah ang inihalili niya rito bilang pinakamataas na pinuno ng hukbo. Si Shimei ay pinatay din nang labagin niya ang utos ni Haring Solomon na huwag lalabas ng kanyang tahanan. Si saserdote Zadok naman ang ipinalit kay Abiathar.

*Paghingi ni Solomon ng Karunungan.* Naging kakampi ni Solomon ang Pharoah, hari ng Egypt. Pinakasalan din niya ang anak nito.

Mahal ni Solomon ang Panginoon at lumakad siya ayon sa mga tuntunin ni David subalit sa mga matataas na lugar lamang siya naghahandog. Minsan, pumunta si Solomon sa Gibeon upang maghandog

sapagka't iyon ang pinakatanyag na sagradong burol. Kinagabihan, nagpakita sa kanya ang Panginoon sa panaginip at tinanong siya kung ano ang nais niyang hilingin. Humiling si Solomon sa Panginoon ng karunungan sa pamamahala ng Kanyang bayan at ng kakayahang kumilala ng mabuti at masama. Nalugod sa kanya ang Panginoon kaya sinabi Niya na bibigyan Niya si Solomon ng wise at discerning mind. At bibigyan pa siya ng kayamanan at karangalan, mga bagay na hindi niya hiniling.

*Ang Hatol ni Solomon.* Isang araw, nagpunta sa hari ang dalawang babaeng nagbebenta ng aliw. Pinag-aagawan nila ang isang sanggol at nagbangayan sila sa harap ni Haring Solomon. Nagpakuha ng tabak ang Hari at ipinahahati sana ang sanggol. Ngunit nagsalita ang babae na may-ari ng sanggol at sinabing ibigay na lamang sa pangalawang babae ang sanggol basta huwag lamang ito patayin. Sinabi naman ng ikalawang babae na hatiin na lang ang bata upang walang makinabang dito. Kaya't napagpasyahan ni Haring Solomon na ibigay ang bata sa unang babae sapagka't ito ang tunay na ina. Napabalita sa buong Israel ang hatol na iginawad ng hari kaya nabatid nilang taglay niya ang karunungan ng Diyos upang humatol ng may katarungan.

Si Solomon ay ang hari ng buong Israel kaya mayroon siyang mga matataas na opisyal at 12 governors na namamalakad sa buong sambayanan. Mapayapa at masagana ang pamumuhay ng Judah at Israel sa ilalim ng kaharian ni Solomon. Wala ring kapantay ang katalinuhan at karunungang ipinagkaloob ng Panginoon sa kanya. At ang mga tao mula sa ibang nasyon ay nagpupunta sa kanya upang pakinggan ang kanyang karunungan.

*Paghahanda sa Pagpapatayo ng Templo.* Sina Haring David at Haring Hiram ng Tyre ay matagal nang magkaibigan. Kaya walang pag-aalinlangan at malugod na ibinigay ni Hiram ang pangangailangan ni Solomon na mga cedar at cypress woods para sa pagtatayo niya ng templo ng Panginoon. Naging magkaibigan sina Solomon at Hiram at gumawa sila ng kasunduan.

*Nagtayo si Solomon ng Templo (966-958 BC).* Makalipas ang 480 years mula nang makaalis ang mga Israelita sa Egypt, sa ikaapat na taon ng paghahari ni Solomon, sinimulan niya ang pagtatayo ng templo.

Sinabi ng Panginoon kay Solomon, *Kung ikaw ay lalakad ayon sa Aking mga kautusan at susundin ang Aking mga tuntunin at isasaisip ang Aking mga utos at lalakaran ang mga ito, tutuparin Ko ang Aking pangako sa iyong amang si David. Maninirahan Akong kasama ang sambahayang Israel at hindi Ko pababayaang ang Aking bayang Israel.* Sa loob ng pitong taon, naitayo ni Solomon ang templo para sa ikararantal ng Panginoon, ang Diyos ng Israel.

Itinayo din ni Solomon ang kanyang palasyo. Gumawa din siya ng isa pang tirahan na katulad ng sa kanya para sa kanyang asawa na anak ng Pharaoh.

*Dinala ang Ark sa Temple.* Tinipon ni Solomon ang mga elders ng Israel at mga leaders ng bawat lipi sa Jerusalem upang kunin ang ark of the covenant sa City of David, sa Zion, at dalhin ito sa temple. Nang mailagay na ng mga saserdote ang ark of the covenant sa inner sanctuary, napuno ng presensya ng Diyos ang Holy place. Sa harapan ng buong bayan, itinaas ni Solomon ang kanyang mga kamay, nanalangin at pagkatapos ay binasbasan ang buong Israel na nagkakatipon doon.

*Nagpakita ang Lord kay Solomon.* Nagpakita muli ang Panginoon kay Solomon at sinabi sa kanya ang ganito: *Kung ikaw ay lalakad sa harap Ko na katulad ng iyong amang si David na may integridad at katuwiran, tutuparin ang Aking mga utos at mga tagubilin at susundin ang Aking mga tuntunin, itatatag*



*Ko ang iyong trono sa buong Israel tulad ng Aking pangako sa iyong ama na 'hindi mawawalan ng uupo sa trono ng Israel.'*

*Ang Reyna ng Sheba.* Bumisita ang Reyna ng Sheba kay Haring Solomon dahil sa mga naririnig niya tungkol sa kasikatan nito sa pangalan ng Panginoon. Sinubukan niyang magbigay ng mahihirap na tanong at lahat ng ito ay nasagot ng hari. Walang duda, nakita ng reyna ang karunungan taglay ni Haring Solomon.

*Tumalikod si Solomon sa Diyos.* Ipinagbabawal ng Panginoon sa mga Israelita ang pag-aasawa ng mga banyaga sapagka't tiyak na ililigaw sila nito at hihikayating sumamba sa kanilang diyos-diyosan. Subalit si Solomon ay lumabag sa utos na ito sapagkat umibig siya sa maraming banyagang babae. Siya ay nagkaroon ng 700 na asawa at 300 concubines. Nahikayat siya ng mga ito na sumamba sa kanilang diyos-diyosan. Ipinagpagawa rin niya sila ng altar para sa kani-kanilang mga diyos-diyosan.

Ang Diyos ng Israel ay nagalit kay Solomon sapagkat dalawang beses Siyang nagpakita kay Solomon at binalaan siya tungkol sa mga bagay na ito. Sinabi ng Panginoon kay Solomon na aalisin Niya sa kanya ang kaharian at ibibigay sa kanyang lingkod sa panahon ng paghahari ng kanyang anak. Isang lipi lamang ang ibibigay ng Panginoon sa kanyang anak upang pamahalaan alang-alang kay David at sa Jerusalem na Kanyang pinili.

*Ang mga kaaway ni Solomon.* Ipinahintulot ng Panginoon na magkaroon ng mga kaaway si Solomon. Si Hadad, na Edomite, ay nagmula sa lipi ng mga hari ng Edom; si Rezon, anak ni Eliada, na tumakas kay Haring Hadadezer ng Zobah.

Si Jeroboam na lingkod ni Solomon ay masipag kaya inatasan siya ng hari na pangasiwaan ang mga forced labor mula sa sambahayan ni Joseph.

Nang lumabas si Jeroboam ng Jerusalem, nasalubong siya ni Propeta Ahijah. Sinabi sa kanya ng propeta na paghaharian niya ang 10 lipi ng Israel at isa lang ang matitira sa hari. Nang malaman ito ni Solomon, tinugis niya si Jeroboam na tumakas naman at nagpunta sa Egypt.

Si Solomon ay namatay. 40 years siyang naghari sa Israel. Ang kanyang anak na si Rehoboam ang pumalit sa kanya.

### ***Part Two: Divided Kingdom – Judah and Israel***

<b><i>Mga Hari ng Judah</i></b>	<b><i>Year</i></b>	<b><i>Mga Hari ng Israel</i></b>
Rehoboam. Si Rehoboam ay nagtungo sa Shechem spaagkat doon nagtipon ang mga Israelit upang siya ay gawing hari. Hindi siya nakinig sa payo ng mga matatanda na nanungkulan sa kanyang ama. Sa halip, mas lalo niyang pinahirapan sa pagtratrabaho ang mga Israelita. Ang mga naninirahan lamang sa lungsod ng Judah ang nanatiling	<b><i>931 BC<sup>2</sup></i></b>	<i>Jeroboam.</i> Si Jeroboam ang hinirang ng 10 lipi ng Israel bilang kanilang hari. Gumawa siya ng dalawang gintong baka at inilagay ang mga diyos-diyosan na ito sa Bethel at Dan upang ang mga tao ay hindi na kailangana pumunta sa Templo ng Panginoon sa Jerusalem para maghandog.

<p>sakop ni Rehoboam.</p> <p>Lulusubin sana ni Rehoboam ang mga Israelita upang maibalik sa kanya ang paghahari ng Israel subalit pinigilan siya ng sugo ng Diyos. Ang Levites at mga saserdote ay nagpunta sa Jerusalem at Judah sapagkat pinalayas na sila Jeroboam.</p>		
--	--	--

	<i>Year</i>	
<p>Sa ikalimang taon ng paghahari ni Rehoboam, sinalakay ni Shishak na hari ng Egypt ang Jerusalem. Sinamsam nila ang lahat ng kayamanan sa templo.</p> <p>Nagpakumbaba si Rehoboam sa Panginoon kaya inalis ng Panginoon ang galit Niya laban dito at hindi tuluyang winasak ang kanyang kaharian.</p> <p>Si Rehoboam na anak ni Solomon ay 41 years old nang maging hari sa Judah. 17 years siyang naghari sa Jerusalem, ang lungsod na pinili ng Diyos mula sa lahat ng mga lipi ng Israel kung saan nakalagay ang Kanyang pangalan. Subalit patuloy na naman siyang gumawa ng kasamaan.</p>		
<p><i>Abijah.</i> Si Abijah ang pumalit kay Rehoboam bilang hari ng Judah noong ika-18 taon ng paghahari ni Jeroboam sa Israel. Ginawa din niya ang masasamang gawain ng kanyang ama. Ang kanyang ina ay si Maachah na anak ni Abishalom. Natalo ni Abijah si Jeroboam nang sila ay maglabanan sa Mount Zemaraim. Hindi na-regain ni Jeroboam ang power sa panahon ng paghahari ni Abijah hanggang siya ay mamatay.</p>	<p>913 BC</p>	
<p><i>Asa.</i> Si Asa ang humalili kay Abijam bilang hari ng Judah. Siya ay namuhay nang matuwid sa paningin ng Panginoon, tulad ng kanyang ninunong si David. Tinanggal niya ang lahat ng mga diyos-diyosan sa mga matataas na lugar at tinibayan ang mga siyudad na kanyang itinatag sa Judah. Inalis din niya sa tungkulin si Maachah bilang queen mother sapagkat ito ay gumawa ng</p>	<p>911 BC 910 BC</p> <p>909 BC</p>	<p><i>Nadab.</i> Si Nadab na anak ni Jeroboam ay nagsimulang maghari sa sa Israel sa ikalawang taon ng paghahari ni Asa sa Judah. Ang kanyang pamumuhay ay hindi kalugod-lugod sa Panginoon. Dalawang taon lang siyang naghari sapagkat pinatay siya ni Baasha.</p> <p><i>Baasha.</i> Si Baasha ay humalili kay Nadab</p>

<p>asherah pole. Nagkaroon sila ng katahimikan for 35 years.</p> <p>Sa ika-36<sup>th</sup> year ng kanyang paghahari, si haring Baasha ng Israel ay naghimagsik laban sa Judah. Dahil dito, sinuhulan ni Asa si Ben-Hadad ng Aram na sumanib sa kanya laban sa Israel.</p> <p>Sa halip na umasa sa Diyos, siya ay umasa kay Ben-Hadad. Hindi rin siya umasa sa Diyos nang siya ay magkasakit hanggang sa kanyang kamatayan. Siya ay naghari sa Jerusalem sa loob ng 41 years.</p> <p><i>Jehoshaphat.</i> Naging hari ng Judah si Jehoshaphat na anak ni Asa noong ikaapat na taon ng paghahari ni Ahab sa Israel. At naghari siya sa Jerusalem sa loob ng 25 years. Ginawa niya ang mabuti sa paningin ng Panginoon.</p> <p>Sa ikatlong taon ng kanyang paghahari, ipinadala niya ang kanyang mga opisyal na sina Ben-Hail, Obadiah, Zechariah, Nethanel at Micaiah sa mga bayan ng Judah upang turuan ang mga tao patungkol sa mga batas ng Panginoon.</p> <p>Subalit hindi pinawasak ni Jehoshaphat ang mga lugar ng sambahan ng mga pagano at hinayaan niyang magpatuloy sila sa kanilang pag-aalay doon.</p> <p>Nakisama siya kay Ahaziah, na masamang</p>	<p>886 BC</p> <p>885 BC</p> <p>885 BC</p> <p>874 BC</p> <p>870 BC</p>	<p>bilang hari ng Israel sa ikatlong taon ng paghahari ni Asa sa Judah. Ang kanyang pamumuhay ay hindi rin naging kalugod-lugod sa Panginoon. 24 years siyang naghari sa buong Israel sa Tirzah. Siya ay anak ni Ahijah.</p> <p><i>Elah.</i> Nagsimula si Elah ng kanyang paghahari sa Israel sa ika 26<sup>th</sup> year ni Asa sa Judah. Siya ay naghari ng dalawang taon lamang sapagkat pinatay siya ni Zimri. Masama din ang kanyang naging pamumuhay.</p> <p><i>Zimri.</i> Pitong araw lang naging hari si Zimri sapagkat mas pinili ng Israel si Omri bilang kanilang hari.</p> <p><i>Omri.</i> Sa panahong ito, nahati ang Israel. Ang kalahati ay sumusunod kay Tibni at ang kalahati naman kay Omri. Sa ika-31<sup>st</sup> year ni Asa, nagsimulang maghari si Omri sa Israel sa loob ng 12 years. Hindi siya namuhay ng may kaluguran sa Panginoon.</p> <p><i>Ahab.</i> Si Ahab, na anak ni Omri, ang pumalit na hari ng Israel. Siya ay naghari sa buong Israel sa Samaria ng 22 years.</p> <p>Hindi lamang naging kasuklam-suklam ang kanyang pamumuhay sa harap ng Panginoon, kundi pinakasalan pa niya si Jezebel na anak ng hari ng Sidonia. Gumawa pa si Ahab ng altar para sa kanilang diyos-diyosan at asherah pole at sinamba rin ito.</p> <p>Nagkaroon ng tagtuyot sa Israel. Tumawag si Ahab at ang kanyang mga kasamahan kay Baal upang magpadala ng ulan subalit hindi sila sinagot ng kanilang diyos-diyosan. Matapos niyang ibalita sa asawa ang mga pangyayari, nais ipapatay ni Jezebel si Elijah na propeta nang panahong iyon.</p>
--	---	---

<p>hari ng Israel, sa pagpapagawa ng mga malalaking barko na tutungo sa Tarshish. At dahil dito, ang kanyang ginawang mga barko ay na-ship wreck kaya hindi ito nakarating sa Tarshish.</p> <p>Nang mamatay si Jehoshaphat, humalili sa kanya si Jehoram bilang hari.</p>		<p>Nagustuhang bilhin ni Ahab ang ubasan sa Naboth subalit ayaw itong ipagbili ng may-ari sa kanya. Nang malaman ito ni Jezebel, pinapatay niya ang may-ari ng ubasan. Nakipagkasundo si Ahab kay Jehoshaphat upang digmain ang Syria upang mapasakanila ang Ramoth-Gilead. Namatay siya sa digmaang ito.</p> <p><i>853 BC Ahaziah.</i> Nang ika-17<sup>th</sup> year ng paghahari ni Jehoshaphat sa Judah, naghari naman sa Israel si Ahaziah na anak ni Ahab. Dalawang taon siyang naghari at ginawarin niya ang mga bagay na hindi kalugod-lugod sa Panginoon. Nang mahulog siya, si Ahaziah ay kumonsulta kay Baal-zebul. Hindi na siya nakabangon sa kanyang pagkakahiga hanggang sa kanyang kamatayan.</p>
<p><i>Jehoram.</i> Si Jehoram ay 32 yrs old nang maging hari ng Judah. Nang maitatag na niya ang kanyang sarili sa kaharian ng kanyang ama, pinatay niya lahat ng kanyang mga kapatid pati ilang prinsipe ng Israel. Ang kanyang pamumuhay ay hindi naging kalugod-lugod sa Panginoon.</p> <p>Pinahintulutan ng Panginoon na lusubin ng Philistines ang kanyang kaharian. Tinangay nila ang kanyang mga anak at mga asawa. Ang naiwan lang kay Jehoram ay ang kanyang bunsong anak na si Ahaziah.</p> <p>Nagpadala ng salot ang Panginoon na naging sanhi ng kanyang kamatayan. Naghari siya sa Judah ng 8 years.</p>	<p><i>852 BC</i> <i>848 BC</i></p>	<p><i>Joram.</i> Si Joram ang pumalit na hari ng Israel. 12 years siyang naghari doon. Pinatay siya ni Jehu.</p>
<p><i>Ahaziah.</i> 22 years old si Ahaziah nang magsimulang maghari sa Judah. Masama din ang naging pamumuhay niya dahil na rin sa paghimok sa kanya ng kanyang ina, na si Athaliah.</p> <p>Sumama siya kay Joram, ang hari ng Israel,</p>	<p><i>841 BC</i></p>	<p><i>Jehu.</i> Si Jehu ay anak ni Jehoshaphat at siya ang hinirang ng Panginoon na maging hari ng Israel. Siya din ang naatasang lipulin ang mga angkan ni Ahab sa Jezreel at Samaria. Pinatay din niya ang mga kapatid ni Ahaziah at lahat ng mga sumasamba kay Baal. Inutusan din niya</p>



<p>na makikipagkita kay Jehu. Nang matagpuan sila ni Jehu, pinatay niya lahat ng naroon sa sambahayan ni Ahab ayon sa utos ng Panginoon. Isang taon lang naghari si Ahaziah sa Judah.</p> <p><i>Queen Athaliah.</i> Nilipol ni Athaliah ang royal family ng sambahayan ng Judah nang makita niyang patay na ang kanyang anak. Subalit nakaligtas si Joash na anak ni Ahaziah sapagkat itinago siya ni Jehoshabeath na anak ni Haring Jehoram sa templo ng Diyos. Si Athaliah ay namuno sa Judah ng anim na taon.</p>	<p>841 BC</p>	<p>ang mga eunuchs na ihulog si Jezebel sa bintana.</p> <p>Pinangako ng Panginoon kay Jehu na ang kanyang mga anak na lalaki, hanggang ikaapat na generation, ay mauupo sa trono ng Israel sapagkat isinakatuparan niya ang lahat ng mga nasa puso ng Panginoon. Subalit hindi niya tinalikuran ang mga kasalanan ni Jeroboam.</p> <p>28 years siyang naghari sa Israel at siya ay namuhay ng may kaluguran sa Panginoon.</p>
<p><i>Joash.</i> Lakas loob na tinipon ni Saserdote Jehoiada ang mga Levites upang hirangin bilang hari ng Judah ang pitong taong gulang na batang si Joash.</p> <p>Siya ay naghari at namuhay na may kaluguran sa Panginoon habang nabubuhay si Jehoiada. Pinamunuan niya ang Jerusalem ng 40 years. Siya ay pinatay ng kanyang mga servants. Ang kanyang ina ay si Zibiah.</p>	<p>835 BC 814 BC</p>	<p><i>Jehoahaz.</i> Si Jehoahaz, anak ni Jehu ang pumalit bilang hari ng Israel. Siya ay nagsimulang maghari nang ika-23<sup>rd</sup> year ni Joash sa Judah. Siya ay naghari ng 17 years.</p> <p>Masama ang kanyang naging pamumuhay kaya lagi silang nalulupig ni Hazael, hari ng Syria at ni Ben-Hadad na anak ni Hazael Pinakinggan siya ng Panginoon nang siya ay humingi ng tulong subalit hindi pa rin nila tinalikdan ang makasalang gawain.</p>
<p><i>Amaziah.</i> 25 years old si Amaziah, anak ni Joash, nang magsimula siyang maghari sa Jersualem. Sa simula ay nakikinig siya sa mga maka-Diyos na payo.</p> <p>Matapos niyang patayin ang mga Edomites, sumamba din si Amaziah sa mga diyos-diyosan nila. Hinamon din niya si Jehoash ng Israel subalit siya ay natalo.</p> <p>29 years siyang namuno sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Jehoaddan ng Jerusalem.</p>	<p>798 BC 796 BC</p>	<p><i>Jehoash.</i> Si Jehoash, anak ni Jehoahaz, ay naging hari ng Israel noong ika-37<sup>th</sup> year ng paghahari ni Joash sa Judah. Ang kanyang pamumuhay ay katulad din ng sa kanyang ama.</p> <p>Subalit nagpakita ng compassion ang Panginoon nang siya ay naghahari. Natalo niya si Ben-Hadad at nabawi niya ang mga kinuha ng ama nito sa kanyang amang si Jehoahaz. 16 years siyang naghari sa Israel.</p>
<p><i>Uzziah (aka Azariah).</i> Lahat ng tao sa Judah ay hinirang si Uzziah bilang hari nila. Siya ay 16 years old pa lang noon.</p>	<p>782 BC 767 BC</p>	<p><i>Jeroboam II.</i> Naging hari ng Israel sa Samaria si Jeroboam. 40 years siyang naghari. Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod sa Panginoon. Nakita</p>

<p>Siya ay namuhay ng tama sa harap ng Panginoon. Naging makapangyarihan siya sa kanyang paghahari na naging dahilan upang siya ay maging mayabang. Nagsunog siya ng insenso sa altar na hindi niya dapat gawin. Dahil dito, nagkaroon si Uzziah ng leprosy hanggang siya ay mamatay.</p>		<p>ng Panginoon ang matinding kahirapang dinaranas ng Israel.</p> <p>Halos wala nang ligtas sa kanila. Ayaw ng Panginoon na lubusang mawala sa daigdig ang Israel, kaya iniligtas niya ang mga ito sa pamamagitan ni Jeroboam na anak ni Jehoash.</p>
<p>Naghari siya sa Jerusalem ng 52 years at ang nanay niya ay si Jecholiah ng Jerusalem.</p>	<p>753 BC</p>	<p><i>Zachariah.</i> Si Zachariah ay naghari sa Samaria ng anim na buwan. Siya ay masamang hari.</p>
	<p>752 BC</p>	<p><i>Shallum.</i> Si Shallum na anak ni Jabesh ay naghari ng isang buwan lamang.</p>
	<p>752 BC</p>	<p><i>Menahem.</i> Si Menahem na anak ni Gadi ay naghari ng 10 years sa Samaria. Hindi rin siya naging mabuting hari. Sinalakay sila ng Assyria subalit nagbigay siya ng pabuya kay Haring Pul kaya hindi na sila sinakop nito.</p>
	<p>742 BC</p>	<p><i>Pekahiah.</i> Naging hari ng Israel si Pekahiah sa Samaria sa loob ng dalawang taon. Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod sa Panginoon. Si Pekah na isa sa kanyang mga opisyal ay nakipagsabwatan sa taga-Gilead laban sa kanya. Pinatay nila si Pekahiah.</p>
<p><i>Jotham.</i> Si Jotham na anak ni Uzziah ay 25 years old nang magsimulang maghari sa Jerusalem. Namuhay din siya ng tama sa harap ng Panginoon. Subalit, hindi rin niya ipinawasak ang mga dambana ng mga diyus-diyosan kaya nagpatuloy ang mga tao sa pagdadala ng mga handog doon. 16 years siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Jerusha na anak ni Zadok.</p>	<p>740 BC</p>	<p><i>Pekah.</i> Naging hari ng Israel si Pekah. Siya'y naghari sa Samaria nang 20 years. Hindi rin siya naging kalugud-lugod sa Panginoon. Sa panahon ng kanyang paghahari, ang Israel ay sinalakay ni Haring Tiglat-pileser ng Assyria.</p>
<p><i>Ahaz.</i> Si Ahaz na anak ni Jotham ay 20 years old nang maghari sa Jerusalem. Naghari siya sa loob ng 16 years. Hindi siya naging kalugud-lugod sa Diyos sapagkat sinundan niya ang masamang halimbawa ng mga</p>	<p>732 BC</p>	<p><i>Hoshea.</i> Sa ika-20<sup>th</sup> year na paghahari ni Jotham sa Judah, si Oseas na anak ni Ela ay nakipagsabwatan laban kay Pekah. Pinatay niya ito at siya ang humalili bilang hari ng Israel.</p>

<p>naging hari ng Israel. Ipinasunog pa niya bilang handog ang kanyang anak na lalaki. Nilusob sila ng Aram at Israel kaya si Ahaz ay lumapit sa hari ng Assyria.</p>	<p><b>722 BC</b></p>	<p><b><i>Fall of Samaria.</i></b> Ang Samaria ay nabihag ng Assyria sa ilalim ni Haring Shalmaneser V.</p>
<p><i>Hezekiah.</i> Si Hezekiah na anak ni Ahaz ay 25 years old nang simulan niya ang paghahari. Naging kalugod-lugod siya sa Panginoon sapagkat ipinagiba niya ang mga diyus-diyosan. Nagtiwala at nanatili siyang tapat sa Panginoon kaya nagtagumpay siya sa kanyang mga gawain. Siya ay nagkasakit subalit pinahaba pa ng Panginoon ang kanyang buhay.</p>	<p>716 BC</p>	
<p>Naghari si Hezekiah sa Jerusalem sa loob ng 29 years. Ang kanyang ina ay si Abi na anak ni Zachariah.</p>		
<p><i>Manasseh.</i> 12 years old pa lang si Manasseh, anak ni Hezekiah, nang maghari sa Jerusalem. Hindi rin siya namuhay ng kalugod-lugod sa Panginoon. Itinayo niyang muli ang mga dambana sa mga burol na ipinagiba ng kanyang ama. Nagpagawa pa siya ng maraming altar sa Templo. Sinunog rin niya ang anak niyang lalaki bilang handog. Matinding parusa ang dinanas ng Judah at ng Jerusalem dahil dito.</p>	<p>687 BC</p>	
<p>55 years siyang naghari at ang kanyang ina ay si Hephzibah.</p>		
<p><i>Amon.</i> 22 years old si Amon nang maging hari ng Judah at siya'y naghari sa Jerusalem sa loob ng dalawang taon. Katulad ng kanyang amang si Manasseh, ginawa rin ni Amon ang mga bagay na hindi kalugod-lugod sa Panginoon. Ang mga tauhan niya mismo ang nagkaisang pumaslang sa kanya sa loob ng palasyo.</p>	<p>642 BC</p>	
<p>Ang kanyang ina ay si Meshullemeth, anak ni Haruz ng Jotbah.</p>		
<p><i>Josiah.</i> Si Josiah ay walong taong gulang</p>	<p>640 BC</p>	

<p>nang maging hari ng Judah. Namuhay siya ng may kaluguran sa harap ng Panginoon. Ipinawasak niya lahat ng mga diyos-diyosan sa Templo at pinapatay lahat ng mga saserdote na naghandog sa mga ito.</p> <p>Napatay siya sa labanan sa Meggido. 30 years siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Jedidah, anak ni Adaiyah ng Boscath.</p> <p><i>Jehoahaz.</i> Si Jehoahaz ay 23 years old nang maging hari ng Judah at tatlong buwan lang siya naghari. Hindi naging kalugod-lugod sa Panginoon ang kanyang pamumuhay. Ang kanyang ina ay si Hamutal na anak ni Jeremiah ng Libnah.</p> <p><i>Jehoiakim.</i> Si Jehoiakim ay 25 years old nang maghari sa Jerusalem sa loob ng 11 years. Hindi rin siya namuhay ng kalugod-lugod sa harap ng Panginoon.</p> <p><i>Jehoiachin.</i> Si Jehoiachin ay walong taong gulang nang maging hari sa Jerusalem at ang kanyang paghahari ay nagtagal lamang ng tatlong buwan. Siya rin ay namuhay ng masama. Binihag ni Nebuchadnezzar ang buong Jerusalem.</p> <p>Naghari siyang muli nang siya ay 18 years old na. Pinalaya siya ni Evil-merodac ng Babylon.</p> <p><i>Zedekiah.</i> Si Zedekiah ay 21 years old nang maghari sa Jerusalem sa loob ng 11 years. Ang kanyang ina ay si Hamutal, na anak ni Jeremiah.</p> <p><b><u>Fall of Judah.</u></b> Sinunog ni Nebuchadnezzar ang Templo at binihag niya ang Judah sa loob ng 70 years.</p>	<p>609 BC</p> <p>609 BC</p> <p>597 BC</p> <p>597 BC</p> <p>597 BC</p> <p>587 BC</p>	
---	---	--



Ang sumusunod ay galing sa [gotquestions.org/kings-Israel-Judah.html](http://gotquestions.org/kings-Israel-Judah.html):

#### KINGS OF ISRAEL:

Jeroboam I, rebellious, 931—910 BC  
Nadab, bad, 910—909 BC  
Baasha, wicked, 909—886 BC  
Elah, evil, 886—885 BC  
Zimri, sinful, 885 BC  
Tibni, iniquitous, 885—880 BC  
Omri (overlap), extra bad, 885—874 BC  
Ahab, the worst to that point, 874—853 BC  
Ahaziah, disobedient, 853—852 BC  
Joram/Jehoram, mostly rotten, 852—841 BC  
Jehu, not good but better than the rest, 841—814 BC  
Jehoahaz, noncompliant, 814—798 BC  
Joash, wayward, 798—782 BC  
Jeroboam II (overlap), badly behaved, 793—753 BC  
Zechariah, abysmal, 753 BC  
Shallum, full of vice, 752 BC  
Menahem, horrible, 752—742 BC  
Pekahiah, idolatrous, 742—740 BC  
Pekah (overlap), awful, 752—732 BC  
Hoshea, appalling, 732—722 BC

#### KINGS OF JUDAH:

Rehoboam, mostly bad, 931—913 BC  
Abijah, mostly perverted, 913—911 BC  
*\* Asa, good, 911—870 BC*  
*\* Jehoshaphat (overlap), righteous, 873—848 BC*  
Jehoram/Joram (overlap), terrible, 853—841 BC  
Ahaziah, bad, 841 BC  
Athaliah (queen), devilish, 841—835 BC  
*\* Joash/Jehoash, mostly virtuous, 835—796 BC*  
*\* Amaziah, mostly wholesome, 796—767 BC*  
*\* Uzziah/Azariah (overlap), mostly respectable, 790—739 BC*  
*\* Jotham (overlap), worthy, 750—731 BC*  
Ahaz, heinous, 735—715 BC  
*\* Hezekiah, the best, 715—686 BC*  
*\* Manasseh, depraved until he repented at the end, 695—642 BC*  
Amon, treacherous, 642—640 BC  
*\* Josiah, great, 640—609 BC*  
Jehoahaz, dreadful, 609 BC  
Jehoiakim, degenerate, 609—597 BC  
Jehoiachin, frightful, 597 BC  
Zedekiah, foolish, 597—586 BC

## The Prophets, The Exile and The Rebuilding Years

### 1. Ang mga Propeta sa Israel

Ahijah (931 BC)

1 Kings 11: Isang araw lumabas ng Jerusalem si Jeroboam at nakasalubong niya si Ahijah – ang propetang taga-Shiloh. Walang anu-ano’y inalis ni Ahijah ang kanyang balabal at pinagpupunit-punit sa labindalawang piraso. Ito ay simbulo na hahatiin ng Panginoon ang kaharian ni Solomon at ibibigay kay Jeroboam ang sampung lipi. Ang lipi lamang ni Judah ang matitira kay Solomon.

1 Kings 12-14: Dahil hindi nakinig si Rehoboam sa payo ng mga matatanda, hindi nagpailalim sa kanyang paghahari ang 10 lipi ng Israel. Si Jeroboam ang itinalaga ng mga Israelita bilang kanilang hari.

Nang magkasakit ang anak ni Jeroboam, inutusan niya ang kanyang asawa na magpanggap at pinapunta ito kay Propeta Ahijah.

Nang makarating ang asawa ni Jeroboam sa kinaroroonan ng propeta, nagsalita ito at sinabing paparusahan ang Israel at angkan ni Jeroboam. Ang sinumang kamag-anak ni Jeroboam na mamamatay sa loob ng lungsod ay kakainin ng mga aso, at ang mamamatay naman sa bukid ay kakainin ng mga buwitre. At ang kanilang kaisa-isang anak ay mamatay. Nangyari lahat ang tinuran ng Propeta.

Jehu (909 BC)

1 Kings 16: Isinugo ng Panginoon si Propeta Jehu nang panahong naghahari si Baasha sa Israel dahil sa di kalugod-lugod na pamumuhay ng mga Israelita sa harap ng Panginoon. Sinabi niya sa hari na ang magiging kaparusahan ni Haring Baasha at ng kanyang sambahayan ay katulad ng kay Jeroboam. Ang sino man sa kanyang angkan na mamamatay sa loob ng bayan ay kakainin ng mga aso, at sinumang mamamatay sa bukid ay kakainin ng mga buwitre.

Elijah (874 BC)

1 Kings 17: Sinabi ni Propeta Elijah kay Haring Ahab ng Israel na hindi uulan sa loob ng tatlong taon. Inutusan ng Panginoon ang propeta na magtago sa brook Cherith sapagkat doon siya maka-kainom ng tubig. Umaga’t hapon, may mga uwak na magdadala sa kanya ng pagkain.

Nang matuyo ang batis, inutusan siya ng Panginoon na magtungo sa Zarephath. May isang biyuda roon na magpapakain sa kanya. Subalit pagdating niya roon, kaunti lang ang harina at ilang patak ng langis ang natitira para sa mag-ina.

Siniguro ni Elijah sa babae na hindi mauubos ang kanilang pagkain hanggang hindi sumasapit ang tag-ulan. At ganoon nga ang nangyari.

Hindi nagtagal, nagkasakit at namatay ang anak ng biyuda. Binuhat ni Elijah ang bata at dinala ito sa kanyang silid. Nanalangin siya at hiniling sa Panginoon na buhayin ang bata. At sa pagkakataong iyon, ipinamalas ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan. Ang bata ay nabuhay.

Nang ikatlong taon na ng tagtuyot, inutusan ng Panginoon si Elijah na magtungo kay Ahab upang sabihin na malapit na siyang magpadala ng ulan.

Pagkarating ni Elijah sa kinaroroonan ni Ahab, si Elijah at mga propeta ni Baal at Ashera ay nagtuos upang mapatunayan kung sino ang talagang nanggugulo.

Ang mga Israelitang naglilingkod kay Baal at kay Ashera ay nakailang ulit ng tumawag at nanalangin sa kanilang diyos ngunit hindi sila tinugon. Samantalang si Elijah ay nanalangin lamang sa Diyos, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at ang Panginoon ay tumugon sa pamamagitan ng bumababang apoy.

Nang makita ng mga tao ang nangyari sila ay nagpatirapa. At pinagpapatay nila ang mga propeta ni Baal. At sa pagkakataong iyon, nagpadala ang Panginoon ng ulan.

Nalaman ni Jezebel ang buong pangyayari kaya't nais niyang ipapatay si Elijah. Nakaramdam ng takot si Elijah kaya tumakas siya at nagtungo sa lupain ng Judah.

Inutusan siya ng Panginoon na magtungo sa wilderness na malapit sa Damascus; pagdating niya doon, bubuhusan niya ng langis si Hazeel bilang hari ng Syria. Itatalaga niya si Jehu, na anak ni Nimshi, bilang hari ng Israel, at si Elisha bilang propeta na hahalili sa kanya.

#### Micaiah (870 BC)

Ang mga propetang nakapaligid kay Haring Ahab ay puro bulaan sapagkat sinasabi lang nila ang nais marinig ng hari. Kaya napilitan siyang ipatawag si Propeta Micaiah upang magtanong sa Panginoon kung didigmayin nila ni Haring Jehoshaphat ang mga Syrians na umookupa sa Ramoth-gilead.

Sinabi ni propeta Micaiah ang kanyang pangitain na nakita niya ang Israel na nakakalat sa bundok na parang mga tupa na walang pastol. At sinabi ng Panginoon sa kanila na wala silang panginoon kaya pauwiin na sila ng may kapayapaan. Nainis si Ahab sa mga ipinahayag ng propeta.

Patuloy na nagsalita si Micaiah, “Ang Panginoon ay nakaupo sa trono at nakatayo sa magkabila Niya ang Kanyang mga anghel. Tinanong ng Panginoon kung sino ang hihikayat kay Ahab na lumaban at matalo sa Ramoth-gilead? Ang isang espiritu ay lumapit sa Panginoon at nagsabing siya ang hihikayat kay Ahab sa pamamagitan ng pagiging sinungaling na espiritu sa bibig ng kanyang mga propeta. Sinabi ng Panginoon, hikayatin mo siya at ikaw ay magtatagumpay. At inilagay ng Panginoon ang sinungaling na espiritu sa bibig ng mga propeta ni Ahab at dineclara Niya ang kapahamakan kay Ahab.”

Pinadakip ni Ahab si Micaiah at ito ay ipinakulong.

#### Elisha (853 BC)

1 Kings 19:19-21: Nang matagpuan ni Elijah si Elisha, inalis ni Elijah ang kanyang balabal at ibinalabal ito kay Elisha. Sumunod sa kanya si Elisha at naging lingkod niya ito.

2 Kings 2-9: Dumating ang oras na si Elijah ay kailangan nang kunin ng Panginoon sa pamamagitan ng ipu-ipo. Si Elisha ay hindi humihiwalay sa kanya.

Nang sila ay makarating sa ilog Jordan hinubad ni Elijah ang kanyang balabal at inihampas sa tubig. Nahawi ang tubig at sila'y tumawid sa tuyong lupa. Tinanong ni Elijah si Elisha kung ano ang kanyang kahilingan bago siya kunin ng Panginoon. Ang tanging kahilingan ni Elisha ay ang dalawang bahagi ng kapangyarihan ni Elijah. Sinabi ni Elijah na matatamo lamang nito ang kanyang kahilingan kung masasaksihan niya ang mangyayari sa kanya.

Habang sila ay naglalakad, biglang may pumagitna sa kanila na isang karwaheng apoy na hila ng mga kabayong apoy. Nagkahiwalay sila at si Elijah ay kinuha ng isang ipu-ipo at iniakyat sa langit. Kitang-kita ni Elisha ang buong pangyayari kaya't mapapasakanya ang kanyang kahilingan.

Sa tindi ng kalungkutan ni Elisha dinampot niya ang balabal ni Elijah at bumalik siya sa pampang ng Ilog at inihampas ang balabal kayat ang ilog ay natuyo. Nasaksihan ito ng mga propetang taga-Jericho. Sinalubong nila si Elisha at buong galang na niyukuan ang propeta.

Sinabi ng mga taga-Jerico kay Elisha ang kanilang hinaing patungkol sa karumihan ng kanilang tubig. Humingi si Elisha ng bagong mangkok at pinalagyan niya ito ng asin. Nagtungo siya sa bukal ng tubig at ibinuhos ang asin. Mula noon naging malinis ang tubig sa Jericho.

Si Haring Mesa ng Moab ay naghimagsik laban sa Israel nang mamatay na si Ahab. Kaya naman ang sandatahang lakas ng mga hari ng Israel, Judah at Edom ay nagsama-sama laban sa kanya. Makaraan ang pitong araw na paglalakad, naubusan sila ng tubig. Naisipan ng tatlong hari na lumapit kay Elisha.

Humingi si Elisha sa kanila ng isang manunugtog at nang tumugtog na ang mga ito, nilukuban siya ng kapangyarihan ng Panginoon, sinabi niya na pababahain ng Panginoon ang tuyong batis upang sila ang kanilang mga hayop ay mainom na tubig. Sinabi pa ng propeta na magtatagumpay sila laban sa mga Moabita. Ang ngang ito ay nangyari pamamagitan ni propeta Elisha.

Minsan, ang asawa ng isa sa mga propeta ay lumapit kay Elisha upang humingi ng tulong sapagkat ang kanyang dalawang anak na lalaki ay gustong gawing alipin ng isa sa mga pinagkakautangan nila.

Mayroon lamang siyang langis kayat inutusan siya ni Elisha na manghiram ng mga lalagyan at punuin ang mga ito ng langis. Hindi tumigil sa pagdaloy ang langis hanggang sa napuno lahat ng lagayan. Ipinagbili niya lahat ng langis at binayaran nila ang kanilang utang.

Si Elisha ay pumunta sa Shunem. May isang mayamang babae roon na lagi siyang inaanyayahang sumalo sa kanilang pagkain. Siya ay pinagawan rin ng sariling silid.

Inisip ni Elisha kung paano niya masusuklian ang kabutihan ng babaeng Shunamite. Napag-alaman niya na ang babae ay walang anak kaya't kinausap niya ito at sinabihang siya ay magkakaanak ng isang lalaki paglipas ang isang taon. Nangyari nga ang sinabi ni Propeta Elisha.

Lumaki na ang bata subalit ito ay namatay dahil sa matinding sakit ng ulo. Pinuntahan ng ina ng bata si Elisha at ipinaalam ang nangyari. Dinapaan ni Elisha ang bangkay at hinawakan ang mga kamay nito. Pagkatapos, itinapat niya sa bibig at mata ng bangkay ang kanyang mata at bibig. At unti-unti itong uminit. Ang bata ay bumahing nang pitong beses saka idinilat ang mata.

Kasalukuyang taggutom sa Gilgal nang magbalik doon si Elisha. Inutusan niya ang kanyang katulong na ipagluto ang mga anak ng mga propeta. Ito ay kumuha ng gulay subalit ang kanyang nakuha ay isang lason. Nagpakuha si Elisha ng kaunting harina at ito ay kanyang ibinuhos sa palayok. At nakain ito ng mga propeta.

Si Naaman, na commander ng army ng hari ng Syria, ay may sakit na ketong. Nagtungo siya kay Propeta Elisha nang malaman niya sa nabihag nilang dalagitang Israelita na ito ay nagpapagaling ng may sakit.



Nang sinabi ni Elisha kay Naaman kung ano ang dapat niyang gawin, nagalit pa ito sa propeta. Subalit sa huli ay sumunod din siya at siya ay gumaling.

Minsan binalak ng hari ng Syria na digmain ang Israel. Nalaman ito ni Elisha at agad niyang ipinagbigay-alam sa hari ng Israel. At lahat ng lugar na sinabi ni Elisha ay pinalagyan ng mga bantay.

Dahil dito, labis na nabahala ang hari ng Syria. Nalaman niya na si Propeta Elisha ang nagsasabi sa Hari ng Israel ng patungkol sa mga binabalak nila. Nagalit ito. Kaya't inutusan niya ang kanyang maraming kawal upang dakpin si Elisha. Ngunit hindi sila nagtagumpay sapagkat lahat ng hilingin ni Elisha sa Panginoon ay dinidinig Niya.

Hindi nagtagal, kinubkob ng Syria ang Samaria. Nagkaroon ng taggutom at nagmahal ang mga bilihin. Ang Hari ng Israel ay lubhang nalungkot kayat pinuntahan niya si Elisha upang ipapatay sana. Ngunit nagpahayag si Elisha na kinabukasan pagpasok sa Samaria ay makakabili na sila ng murang bilihin at mawawala na ang taggutom. At nangyari nga lahat ng sinabi ni Elijah.

Ang hari ng Syria na si Ben-Hadad ay may sakit at nabalitaan niyang nasa Damascus si Propeta Elisha. Pinasundo niya ito kay Hazael upang itanong kung siya ay gagaling pa sa kanyang karamdaman. Sinabi ni Elisha kay Hazael na gagaling pa ang hari ngunit mamamatay rin ito. Nalungkot pa ang propeta sa kanyang nakitang gagawin ni Hazael na pagpapahirap sa Israel. Sinabi niya rin na ipinakita sa kanya ng Panginoon na si Hazael ay magiging hari ng Israel. Natupad lahat ito sapagkat pinatay ni Hazael si Ben-Hadad.

Inutusan ni Elisha ang isa sa mga anak ng mga propeta na magpunta sa Ramoth-gilead upang buhusan ng langis si Jehu at italaga ito bilang hari ng Israel. Sinabi rin ng propeta kay Jehu na lilipulin niya ang sambahayan ni Ahab bilang paghihiganti kay Jezebel na nagpapatay sa mga tao ng Diyos.

2 Kings 13: Si Elisha ay nagkasakit ng malubha at dinalaw siya ni Haring Joash ng Israel. Iniutos ni Elisha na kumuha ito ng bow at arrows, at ipinana ito sa bintanang nakaharap sa Syria. Iyon ay nagsisimbolo ng tagumpay ng Panginoon laban sa mga Syrians.

Pinakuha muli ni Elisha ang hari ng mga arrows at inutusan ito na ipalo sa lupa. Ginawa ito ng hari ng tatlong beses. Nagalit ang propeta sapagkat dapat ay pinalo ng hari ang lupa ng higit pa roon. Kaya tatlong beses lang matatalo ng hari ang mga Syrians.

Matapos nito ay namatay na si Elisha.

#### Jonah (796 BC)

Isang araw inutusan ng Panginoon si Jonah na magtungo sa Nineveh upang sabihin sa mga tagaroon na umabot na sa Kanyang kaalaman ang kanilang kasalanan.

Sa halip na sumunod, ipinasya ni Jonah na takasan ang Panginoon.

Nagtungo siya sa Joppa at doon ay sumakay siya sa barko patungong Tarshish. Sa ganitong paraan ay inakala niyang makakatakas siya sa Panginoon. Ngunit nang sila ay nasa laot na, nagpadala ang Panginoon ng isang malakas na bagyo kaya halos mawasak ang barko.

Nagpalabunutan ang mga naroon sa barko upang malaman kung sino ang dahilan ng pangyayaring iyon. Nabunot nila ang pangalan ni Jonah. Inihagis nila si Jonah sa dagat at pumayapa ito. Dahil dito, nagkaroon ng matinding takot sa Panginoon ang mga tao kaya sila ay naghandog at nangakong maglilingkod sa Kanya.

Samantala, si Jonah ay nilamon ng isang dambuhalang isda at siya'y nanatili roon ng tatlong araw at tatlong gabi. Habang siya ay nasa tiyan ng isda siya ay nanalangin at humingi ng tawad sa Panginoon. Pagkatapos, iniluwa siya ng isda sa dalampasigan.

Sa pagkakataong ito, sinunod na ni Jonah ang iniutos ng Panginoon. Nagtungo siya sa Nineveh at ipinahayag niya na gugunawin ng Panginoon ang lungsod pagkaraan ng apatnapung araw.

Nang marinig ito ng mga tao sila ay nagsisisi at tumalikod sa kanilang mga kasalanan. Nakita ng Diyos ang pagtalikod nila sa kasamaan kaya Siya ay naghunso-dili at hindi na iginawad ang parusa sa kanila.

Si Jonah ay nalungkot at nagalit sapagkat nakinita na niya ang mangyayari; alam niya na ang mapagbiyayang Diyos ay mahabagin, banayad sa pagkagalit at sagana sa wagas na pag-ibig.

#### Amos (782 BC)

Si Amos ay isang pastol sa Tekoa na isang baryo sa Judea. Bagamat nagmula siya sa Judah, ang kanyang misyon ay para sa kaharian sa norte, ang Israel.

Nang panahong iyon, si Uzziah ang hari ng Judah, at si Jeroboam, na anak ni Joash, ang hari ng Israel.

Ang mga propesiya ni Amos ay ang mga sumusunod:

Wawasakin ng Panginoon ang mga lungsod ng Damascus, Filistia, Tyre, Edom, Ammon at Moab sapagkat ang mga naninirahn doon ay patuloy na nagkakasala sa Kanya. Tutupukin ang kanilang mga tanggulan at bibihagin ang kanilang mga hari at mga tauhan. Matitikman nila ang galit ng Panginoon.

Ang mga taga-Judah ay hindi ligtas sa parusa ng Diyos, sapagkat hinamak nila ang mga aral at nilabag nila ang kautusan ng Panginoon. Iniligaw sila ng mga diyos-diyosan na pinaglingkuran nila. Susunugin ang Judah at tutupukin ang mga fortresses ng Jerusalem.

Dahil sa paglapastangan ng mga taga-Israel sa banal na pangalan ng Diyos at sa mga kahalayang kanilang ginawa, sila ay paparusahan ng Panginoon. Ito ang isinukli nila sa ginawang pagtulong ng Panginoon sa kanila nang sila ay makalabas sa Egypt, pinatnubayan sila sa wilderness sa loob ng 40 years, at ibinigay sa kanila ang lupain ng Amorites.

Nagtalaga ang Panginoon ng propeta sa kanilang mga anak at ginawa niyang Nazareno ang ilan sa kanilang mga kabataan. Subalit, pinagbawalan nilang mangaral ang mga propeta at pinainom lamang nila ng alak ang mga Nazareno.

Dahil sa kanilang mga kasalanan, sila ay pababagsakin ng Panginoon sa lupa na gaya ng kariton na di makausad sa bigat ng dala. Walang makakatakas sa kanila, lahat ay manghihina.

*Ang Hatol sa Samaria.* Hindi na nila alam ang paggawa ng mabuti kaya't sila'y lulusubin ng kaaway, wawasakin ang kanilang mga tanggulan, hahalughugin ang kanilang mga tahanan. Iilan lamang ang ililigtas ng Diyos sa mga Israelitang nakatira sa Samaria.

*Ang panaghoy ni Amos sa Israel.* Nabuwal ang Israel at hindi na makabangon. Nakahandusay siya at walang tumutulog. Sinabi ng Panginoon, sa sanlibong kawal na inatasan ng isang lungsod, isang daan ang makakabalik; sa sandaan namang inatasan ng isa pang lungsod, ang makababalik ay sampu na lamang.

Sa pamamagitan ni Amos, sinabi ng Panginoon na kung sila ay lalapit sa Kanya at gagawin ang matuwid, sila ay mabubuhay. Sa gayon, sasakanila ang Panginoon, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

#### Ang pagkawasak ng Israel

*Ang mga balang sa pangitain:* Nagpakawala ng maraming balang ang Panginoon at sinimot ng mga ito ang lahat ng halaman sa lupain.

*Ang apoy sa pangitain:* Handa nang parusahan ng Panginoon ang mga tao sa pamamagitan ng apoy. Ang tubig sa kailaliman ng lupa ay tinuyo ng apoy at ngayo'y nasusunog na ang lupain.

*Ang plumb line sa pangitain:* Ipinakita ng Panginoon kay Amos ang hawak niyang *plumb line* o *hulog*. Sa pamamagitan nito, ipapakita niya ang pagkakamali ng bayang Israel. Hindi na magbabago ang kanyang pasya, paparusahan niya ang Israel. Mawawasak ang mga altar ng mga salinlahi ni Isaac. Mawawasak ang banal na dako ng Israel. At sa pamamagitan ng tabak, pupuksain Niya ang sambahayan ni Jeroboam.

*Ang pangitain tungkol sa isang basket ng prutas:* Ipinakita ng Panginoon kay Amos ang isang basket ng prutas. At sinabi sa kanya na dumating na ang wakas ng Israel. Ang pagpaparusa sa kanila ay di na maipagpapaliban pa. Malulungkot na awitin ang maririnig sa palasyo. Ang mga bangkay ay nakahambalang sa labas at maghahari ang katahimikan. Ang mga makasalanan sa bayan ng Diyos ay masasawi sa digmaan.

Pagkatapos, ibabangon muli ng Panginoon ang nawasak na kaharian ni David, at aayusin Niyang muli ang mga nasirang dako. At higit na pagpapala ang matatanggap ng mga Israelita.

#### Hosea (767 BC)

Nagpahayag ang Panginoon kay Hosea, na anak ni Beerai, noong panahon ng paghahari nina Uzziah, Jotham, Ahaz, at Hezekiah sa Judah. Si Jeroboam, na anak ni Joash, ang hari naman sa Israel.

Ang aklat ni Hosea ay isang paalala sa mga Israelita na sila ay mayroong mapagmahal at tapat na Diyos at sa Kanyang pangako ay di sila mabibigo.

Sa kabila nang patuloy na pagbaling sa mga diyos-diyosan ng mga Israelita, ang pag-ibig ng Diyos ay nananatiling matatag tulad ng mahabang pagdurusa ng isang asawa sa kanyang taksil na asawa. Ang mensahe nito ay isa ring babala sa mga tumalikod sa pagmamahal ng Diyos.

Sa pamamagitan ng pagpapakasal ni Hosea at Gomer, ang pagmamahal ng Diyos sa suwail na bayan ng Israel ay ipinakita sa isang mayamang talinghaga na pumapaksa sa kasalanan, paghuhukom, at mapagpatawad na pag-ibig.

Inutusan ng Panginoon si Hosea na mag-asawa ng isang babaeng nakikipagtalik sa iba't ibang lalaki. Magkakaroon siya ng mga anak. Sapagkat ang babaeng iyon ay simbolo ng mga tao sa lupain na nagtaksil sa Kanya.

Napangasawa nga ni Hosea si Gomer. Nagkaroon sila ng tatlong anak, si *Jezreel*, na panganay – upang ipaalala sa kanila ang matinding galit ni Jehu nang patayin niya sina Joram at Amaziah at ang 70 anak ni Ahab; ang pangalawa ay si *Lo-ruhama* (No Mercy) - sapagkat hindi na kahahabagan at hindi na patatawarin ng Panginoon ang Israel; at ang pangatlo ay si *Lo-ammi* (Not My People) – sapagkat ang Israel ay hindi na bayan ng Diyos at hindi na Siya ang kanilang Diyos.

Iniwang ni Gomer si Hosea at nagpunta sa kanyang mga kalaguyo. Tulad din ito ng pagtalikod ng mga Israelita sa Panginoon nang sila ay sumamba sa diyos-diyosan.

Ngunit muling susuyuin ng Panginoon ang mga Israelita at ibabalik Niya sa kanila ang kanilang mga ubasan at gagawin Niyang pinto ng pag-asa ang Libis ng Kaguluhan. At sa araw na iyon, tatawagin nila ang Panginoon ng “Ang Aking Asawa.” At bibigyan sila ng matiwasay na kapahingahan.

Ibabalik ng Panginoon sa mga Israelita ang kanilang lupain. Kahahabagan Niya si *Lo-ruhama* at sasabihin kay *Lo-ammi* na “Ikaw ang aking Bayan” at tutugon naman siya ng “Ikaw ang aking Diyos.”

Nakiusap si Hosea sa Israel na sila ay manumbalik sa Panginoon, alisin ang kanilang kasamaan at tanggapin ang mabuti sapagkat pagagalingin sila ng Panginoon sa kanilang kataksilan, mamahalin sila ng walang katapusan, sapagkat napawi na ang galit sa kanila ng Panginoon.

Matuwid ang mga kaparaanan ng Panginoon, at ang mabubuti’y doon lumalakad ngunit nadarapa ang mga masuwayin.

#### Nahum (642 BC)

Ang Aklat ni Nahum ay isang tula ng pagdiriwang dahil sa pagbagsak ng Nineveh, na matagal nang kaaway ng Israel. Ang pagbagsak ng Nineveh ay itinuturing na katuparan ng hatol ng Diyos sa isang malupit at mapagmataas na bansa. Ang pahayag na ito sa Nineveh ay naipahayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Nahum na taga-Elcos.

Tumugon ang mga taga-Nineveh sa pangangaral ni Jonah at nagsisi sa kanilang makasalanang pamumuhay at naglingkod sa Panginoon. Subalit makalipas ang 150 years, ang Nineveh ay nanumbalik sa kanilang masasamang gawain, pagsamba sa diyos-diyosan, sa karahasan at kayabangan.

Ipinadala ng Diyos si Propeta Nahum upang himukin muli sa pagsisisi ang Nineveh. Binigyang babala ng propeta ang darating na paghatol sa pamamagitan ng pagwasak sa kanilang lungsod at hikayatin sila sa pagsisisi.

Hindi pinakinggan ng mga taga-Nineveh ang babala ni Nahum. Nagmatigas sila kaya’t sila ay pinarusahan ng Panginoon. Nilusob at nasakop ng Babylon ang kanilang lupain.

Wala na ang lungsod na parang yungib ng leon, ang dakong tirahan ng mga batang leon. Wala na rin ang dakong pinagtataguan ng inahing leon, ang lugar kung saan ligtas ang kanyang mga anak.

Ang kalaban ng Nineveh ay ang Panginoon na Makapangyarihan sa lahat. Susunugin niya ang mga karwahe at mamamatay sa digmaan ang mga kawal nito. Tiyak na ang pagkawasak ng Nineveh. At hindi nito maipagtanggol ang kanyang sarili.



Ang mga pinuno niya'y patay na, Assyria, gayon din ang mga maharlika. Nagkalat sa parang ang mga mamamayan at walang magtitipon sa kanila. Wala man lang gumamot sa kanyang mga sugat na malubha at nagnanaknak. Lahat ng makabalita sa sinapit ng Nineveh ay natutuwa't pumapalalapak, sapagkat ginawan mo silang lahat nang napakasama.

## **2. Ang mga Propeta ng Judah**

Joel (835 BC)

Ang Aklat na ito ay naglalaman ng mensahe ng Panginoon sa pamamagitan ni Joel na anak ni Pethuel.

Inilalarawan ni Propeta Joel ang nakahihindik na pananalakay ng mga balang na susundan ng matinding taggutom. Ito ang naging dahilan upang madaliin ng propeta ang pagbibigay ng babala sa Judah. Kung hindi lubusang magsisisi ang mga tao, uubusin sila ng kanilang mga kaaway tulad din ng sa kalikasan.

Kung sila ay tutugon, sigurado ang panibagong material at spiritual na pagpapala para sa bansa. Subalit darating na ang Araw ng Panginoon.

Ito ang araw na mahahayag ang mga katangian ng Diyos patungkol sa Kanyang galit, kapangyarihan at kabanalan na kahindik-hindik sa Kanyang mga kaaway.

Malibang magsisi agad ng buong katapatan ang mga tao, sila ay sasalakayin ng mga kaaway at sasalantahin ang lupain na gaya ng mga elemento. Nakiusap si Joel sa mga tao at sa mga saserdote sa buong lupain na mag-ayuno at magpakumbaba habang hinihingi nila ang kapatawaran ng Diyos.

Isaiah (767 BC)

Si Propeta Isaiah ay tinawag upang magpropesiya sa Kaharian ng Judah. Nagpahayag siya ng paghatol at kaligtasan mula sa Diyos. Inilalarawan din niya ang Diyos bilang isang consuming fire. Ang Diyos ay banal at makapangyarihan sa lahat. Samakatuwid hindi Niya maaaring pahintulutan na ang kasalanan ay hindi maparusahan. Wawakasan ng Panginoon ang mga kapalaluan.

Ang Judah at Israel ay bulag at bingi sa mga utos ng Panginoon. Sila ay inihalintulad sa ubasan na nararapat ng tapakan.

Ganoon pa man, ipinakikita rin sa atin na ang Diyos ay mahabagin, mapagbiyaya at maawain. Dahil sa mga pangako ng Panginoon sa Israel at Judah, hindi Niya hahayaang sila ay lubusang mawasak. Ang Diyos ang magdudulot ng panunumbalik, kapatawaran at kagalingan.

Ang tanong ng Panginoon, "Sino ang isusugo Ko?" Ang sagot ni Isaiah, "Narito ako; suguin Mo ako."

Nakalahad sa aklat na ito ang pagbibigay ng Panginoon ng tanda na ang isang birhen ay magdadalangtao at manganganak ng lalaki na tatawaging Immanuel.

Mababasa din ang mga katangiang pagkakakilanlan sa batang isisilang. Ang gobyerno ay nakaatang sa Kanyang balikat at Siya ay tatawaging Wonderful Counselor, Mighty God, Everlasting Father, at Prince of Peace.

Binanggit din dito ang patungkol sa napakagandang anghel na umambisyon na maging katulad ng Diyos nang sabihin niya sa kanyang puso na siya ay aakyat sa langit; itatatag niya ang kanyang trono sa ibabaw ng mga bituin ng Diyos; at iluluklok niya ang kanyang sarili sa trono sa kataas-taasang banal na bundok.

Nakasaad sa aklat ang patungkol sa pasakit na tatamuhin ng Panginoong Jesus; ang parusa na nagdulot ng kapayapaan para sa tao, at kagalingan dahil sa Kanyang mga sugat. Lahat tayo ay parang mga tupang naligaw, na nagtungo sa kanya-kanyang landas; at ipinasan Niya ang lahat ng ating pagsalansang.

Ang kaligtasan ay darating sa pamamagitan ng Messiah – na ang Messiah ay maghahari ng may katarungan at katwiran. Ang paghahari Niya ay magdudulot ng kaligtasan sa Israel. Sa panahon ng paghahari ng Messiah ganap na mahahayag sa mundo ang kaluwalhatian ng Diyos.

Si Jesus ay isang suffering Servant sa Kanyang unang pagdating. Sa kanyang ikalawang pagdating, Siya ay ang maghahari at mamamahala sa lahat. Siya ang Prinsipe ng Kapayapaan.

#### Micah (740 BC)

Ang mga pahayag ni Micah, na isang taga-Moreset, ay nakalahad sa aklat na ito noong panahon ng paghahari sa Judah ni Haring Jotham, Haring Ahaz, at Haring Hezekiah sa Samaria at Jerusalem.

Ang mensahe ni Micah ay pinaghalong paksa ng paghahatol at pag-asa. Ang propesiya ay nagpapahayag ng paghahatol sa Israel para sa kanilang mga kasamaan. Ang paghuhukom na ito ay inaasahang hamantong sa pagkawasak ng Samaria at Jerusalem.

Gigibain ng Panginoon ang Samaria at lubusang iguguho, hanggang siya'y maging isang bunton ng lupa. Paguguhuin niya papunta sa libis ang kanyang mga bato, at wawasakin niya ang mga pundasyon at madudurog lahat ng imahen doon, masusunog ang lahat ng ibinabayad ng mga sumasamba roon.

Ang sugat ng Samaria ay hindi na gagaling. Ito rin ay kakalat sa buong Judah; papasok sa pinto ng Jerusalem na tirahan ng bayan ng Diyos.

Sa pamamagitan ni Propeta Micah isinumpa ng Diyos ang mga pinuno, pari at mga propeta ng Israel na nagsamantala at nagligaw sa mga tao. Ang Jerusalem ay wawasakin dahil sa kanilang kasamaan. Ngunit dahil sa kahabagan ng Panginoon sa kanyang bayan, darating ang panahong titipunin niya ang mga pinarusahan. Ang mga pilay na nalabi ay bibigyan niya ng bagong buhay, at ang mga itinapon ay gagawin niyang isang malakas na bansa.

Itatapon man ang mga taga-Jerusalem sa Babylon, kukunin at ililigtas muli sila ng Panginoon sa kamay ng kanilang mga kaaway. Palalakasin ng Panginoon ang mga taga-Jerusalem sapagkat paparusahan nila ang kanilang mga kaaway. Dudurugin nila ang maraming bansa, ang mga kayamanang nasamsam nila ay ihahandog sa Panginoon ng buong mundo.

Samantala, sa pamamagitan ni Micah, sinabi ng Panginoon sa mga taga-Bethlehem, bagama't pinakamaliit siya sa mga angkan ng Judah ay magmumula sa kanyang angkan ang isang mamumuno sa Israel. Kaya nga ang bayan ng Panginoon ay ibibigay niya sa kanyang kaaway hanggang sa isilang ng babae ang sanggol na mamumuno.

Pagdating ng pinunong iyon, pamamahalaan Niya ang kanyang bayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon sapagkat taglay Niya ang kadakilaan ng Panginoon na kanyang Diyos. At ang Israel ay mamumuhay na ligtas, sapagkat kikilalanin ng buong daigdig ang haring iyon. At sa Kanya magmumula ang kapayapaan.

Ngunit kung sila ay susunod sa masasamang gawain ni Haring Omri at ng kanyang mga anak na si Haring Ahab, wawasakin sila ng Panginoon at hahamakin silang lahat. Kukutyain sila ng lahat ng bansa.

Dahil sa pag-ibig ng Panginoon, darating ang panahon na patatawarin Niya ang mga kasalanan ng mga nakaligtas sa bayan Niyang pinili. Hindi nanatili ang Kanyang galit, sa halip ay ipinadarama Niya sa kanila ang tapat Niyang pag-ibig.

#### Jeremiah (640 BC)

Si Propeta Jeremiah ay naglingkod ng mahabang taon. At sa kanyang paglilingkod, binalaan niya ang bayan ng Diyos tungkol sa kapahamakang darating dahil sa laganap na pagsamba nila sa mga diyus-diyosan at sa iba pang kasalanan.

Nakita niya ang katuparan nito nang ang Jerusalem ay sakupin ni Haring Nebuchadnezzar ng Babylon. Winasak niya ang lungsod at ang Templo, at dinalang bihag sa Babylon ang hari ng Judah at ang maraming mamamayan. Ipinahayag din niya ang magaganap na pagbabalik ng mga binihag at ang muling pagtatayo ng bansa.

Ang Panginoon ay nagpahayag kay Jeremiah noong 13<sup>th</sup> year ng paghahari sa Judah ni Haring Josiah, anak ni Haring Ammon.

Nang mamatay na si Haring Josiah, halos tinalikuran na ng Judah ang Panginoon at ang Kanyang mga kautusan. Inihalintulad ni Jeremiah ang Judah sa isang babaeng nagbebenta ng aliw.

Muling nagpahayag ang Panginoon sa kanya sa panahon ng paghahari sa Judah ni Jehoiachim na anak ni Josiah. Maraming beses pang nagpahayag sa kanya ang Panginoon pagkatapos noon hanggang sa 11<sup>th</sup> year ng paghahari ni Zedekiah na anak rin ni Josias.

At noong ikalimang buwan din ng taong iyon, ang mga taga-Jerusalem ay sinakop ng mga Babylonians at dinalang bihag sa ibang bansa.

*Ang Pagkatawag kay Jeremiah* Sinabi ng Panginoon kay Jeremiah – bago pa siya ipaglihi at ipanganak ay pinili na siya upang maging propeta para sa lahat ng bansa. Ngunit nabahala si Jeremiah sapagkat hindi naman siya magaling na tagapagsalita at bata pa siya.

Ngunit isinugo pa rin siya ng Panginoon at sinabihang huwag matakot sa kanila sapagkat ang Panginoon ay kasama niya at iingatan siya nito.

Ibinigay sa kanya ng Panginoon ang kapangyarihang mangaral sa mga bansa at kaharian, upang sila'y bunutin at ibagsak, wasakin at itapon, itayo at itanim.

*Dalawang Pangitain.* Ipinakita ng Panginoon kay Jeremiah ang isang “Sanga ng Almendra” – sapagkat ang Panginoon ay magbabantay upang matiyak na matutupad nga ang kanyang mga sinabi kay Jeremiah.

Pagkatapos, ay nakakita si Jeremiah ng isang kalderong kumukulo ang laman at halos tumagilid na mula sa gawing hilaga. Sinabi ng Panginoon kay Jeremiah na mararanasan ng lahat ng naninirahan sa lupain ang isang pagkawasak na magmumula sa hilaga.

Paparusahan ng Panginoon ang kanyang bayan dahil sa kanilang kasalanan; tumalikod sila sa kanya. Naghandog sila at sumamba sa mga diyus-diyosan na ginawa ng kanilang kamay.

Iniligtas ng Diyos ang Judah sa hindi mabilang na pagkakataon ngunit malapit ng magwakas ang Kanyang awa para sa kanila.

Itinala ni Jeremias ang pagsakop ni Haring Nebuchadnezzar sa Judah at pagsasailalim ng bansa sa kanyang kapangyarihan. Dahil sa patuloy na pagsuway sa Diyos, ginamit ng Panginoon si Nebuchadnezzar at ang kanyang hukbo upang pabagsakin at sakupin ang Judah at Jerusalem.

Ngunit sa kabila ng mahigpit na pagpaparusa, ipinangako ng Diyos ang pagpapanumbalik sa Judah, sa lupain na ipinagkaloob Niya sa kanila.

*Ang Pag-asang Darating.* Inihayag ni Jeremias ang hula tungkol sa pagdating ng Messiah, si Jesu-Cristo. Inilarawan niya si Jesus na gaya ng Sanga sa bahay ni David, ang Hari na maghahari ng may karunungan at katuwiran. Siya ang kikilalanin ng Israel bilang tunay na Messiah na nagkaloob ng kaligtasan sa Kanyang mga hinirang.

#### Habakkuk (609 BC)

Ang mga pahayag ng Panginoon ay inilalahad ni Propeta Habakkuk sa aklat na ito. Labis na nabahala si Propeta Habakkuk kung bakit hinahayaan ng Diyos na dumaan sa paghihirap ang Kanyang bayan sa mga kamay ng kanilang kaaway.

Nagreklamo si Propeta Habakkuk sa Panginoon dahil sa hirap na kanilang nararanasan at sa kaguluhan at karahasang kanyang natutunghayan.

Tumugon sa kanya ang Panginoon at ipinasulat ito sa mga tapyas ng bato upang ito ay madaling makita at mabasa ng sino man sapagkat ang pangitaing ipinahayag sa kanya ay mangyayari sa takdang panahon. Ito ang mensahe ng Panginoon “Ang hambog ay mabibigo sa kanyang pagmamataas, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.”

Siniguro ng Panginoon kay Habakkuk na mapapahamak ang mga makasalanan. Darating ang araw na hahamakin ng mga nasakop ang mga sumakop sa kanila. Uusigin sila dahil sa dugong kanilang pinadanak. Mapapahamak lahat ng nagkasala at sumuway sa Panginoon.

Tatahimik ang lahat sa harapan Niya. Mananahimik ang buong sanlibutan sa Kanyang presensya. Muling nanalangin si Habakkuk sa Panginoon, at sinabi nito na narinig niya ang tungkol sa mga ginawa Niya, at siya’y lubos na humanga. Pinakiusap niya sa Panginoon na ulitin iyon sa kanilang panahon, ang mga dakilang bagay na ginawa Niya noon. Tahimik niyang aantayin ang takdang panahon ng pagpaparusa ng Diyos sa mga umapi sa kanila.

Mahirapan man si Habakkuk, magagalak pa rin siya at magsasaya dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa kanya. Ang Panginoong na sa kanya’y magpapalakas. Tulad ng usa, tiyak ang kanyang mga hakbang.

#### Zephaniah (640 BC)

Ang mga pahayag ng Panginoon ay nakalahad sa aklat na ito ni Propeta Zephaniah. Si Josiah na anak ni Ammon ang hari sa Judah nang panahong iyon.

Ipinahayag sa kanya ng Panginoon ang tungkol sa gagawing pagwasak sa lahat ng bagay sa balat ng lupa, ibabagsak Niya ang mga masasama at lilipulin Niya ang sangkatauhan sa balat ng lupa.



Ipinahayag ni Zephaniah ang paghuhukom ng Diyos sa buong sanlibutan, sa Judah, sa mga nakapalibot na bansa, sa Jerusalem at sa lahat ng mga bansa.

Ito ay sinundan ng panawagan ni Zephaniah na bago pa dumating sa kanila ang araw ng poot ng Diyos, pinakiusapan niya silang manumbalik sa Panginoon, gawin ang tama at sila'y magpa-kumbaba sa Panginoon at baka sakaling sila'y makaligtas mula sa parusang magaganap.

Ngunit sila ay nagmatigas, kaya't tinipon sila ng Panginoon at ipinaramdam Niya ang Kanyang galit.

Subalit sa kabila ng galit at parusang iyon, nanatili pa rin ang habag at awa ng Panginoon. Ipinahayag ni Zephaniah ang pagpapala ng Panginoon sa lahat ng bansa at lalo sa mga natitirang tapat sa Judah.

Babaguhin ng Panginoon ang pananalita ng mga tao at sila ay bibigyan ng dilang malinis upang sa Kanya lamang sila manalangin at sumamba at buong pagkakaisang maglingkod sa Kanya.

Sa araw na iyon ay hindi na sila mapapahiya sa ginawa nilang paghihimsik sa Panginoon sapagkat aalisin na Niya ang mga mapagmataas. Hindi na gagawa ng kasamaan ang mga nakaligtas sa Israel. Hindi na sila magsisinungaling ni mandaraya man. Sila ay magkakaroon ng kapanatagan.

Si Zephaniah ay may tapang na tahasang magsalita dahil alam niyang pinapahayag niya ang Salita ng Diyos.

Ang Diyos ay may magandang-loob at mahabagin, ngunit kapag lahat ng Kanyang babala ay ipinagwalang-bahala, asahan na ang darating na paghatol.

#### Daniel (592 BC)

Ang Aklat ng Daniel ay nasulat sa panahon ng labis na paghihirap ng mga Judio dahil sa pag-uusig at pang-aapi ng isang haring pagano.

Ang aklat na ito ay may dalawang main parts: 1) mga ulat tungkol kay Daniel at iba pang mga bihag na nagtagumpay laban sa kanilang mga kaaway, at 2) mga pangitain ni Daniel na naglalarawan ng pagbagsak ng ilang kaharian simula sa Babylon at pagkawasak ng mga pagan conquerors at tagumpay ng bayan ng Diyos.

Kasama ng marami pang iba, si Daniel at ang kanyang tatlong kaibigan ay ipinatapon sa Babylon at dahil sa katapangang ipinagkaloob sa kanila ng Panginoon, sila'y itinaas sa paglilingkod sa hari.

Nagkaroon ng panaginip si Haring Nebuchadnezzar na tanging si Daniel lamang ang nakapag-paliwanag ng tama.

Ang panaginip ni Nebuchadnezzar ng isang malaking rebulto ay sumasagisag sa mga kahariang maitatayo sa hinaharap.

Gumawa si Nebuchadnezzar ng bantog na rebulto ng kanyang sarili at pinilit ang lahat na sambahin ito. Sina Shadrac, Meshac, at Abednego ay tumanggi at himalang iniligtas ng Diyos sa kabila ng pagkatapon sa kanila sa loob ng nagniningas na hurno.

Si Nebuchadnezzar ay hinatulan ng Diyos sa kanyang kahambugan, ngunit pagkalipas ay pinatawad nang makilala at inamin ang paghahari ng Diyos.

Ang anak ni Nebuchadnezzar na si Belshazar ay ginamit ng mali ang mga bagay na nakuha mula sa Templo sa Jerusalem at dahil dito nakatanggap siya ng mensahe mula sa Diyos, na nakasulat sa pader.

Tanging si Daniel ang nakapagpaliwanag ng sulat, isang mensahe ng paparating na paghatol mula sa Diyos. Itinapon si Daniel sa loob ng kulungan ng mga leon dahil sa pagtanggap na manalangin sa rebulto ng emperador, ngunit siya'y himalang nakaligtas.

Binigyan siya ng Diyos ng pangitain ng apat na halimaw. Ang apat na halimaw ay kumakatawan sa kaharian ng Babylon, Medo-Persia, Greece, at Rome.

Isang pangitain tungkol sa isang tupang lalake, isang kambing at maraming mga sungay- tumutukoy din sa susunod na mga kaharian at kanilang mga pinuno.

*Ang "pitumpung linggong" panghuhula.* Binigyan ng Diyos si Daniel ng eksaktong panahon kung kailan ang Mesiyas ay darating at papatayin. Ang hula ay nagsasabi rin ng isang pinuno sa hinaharap na gagawa ng pitong taong pakikipagtipan sa Israel at sisirain ito makalipas ang tatlo at kalahating taon, dagling kasunod pagkatapos ng dakilang paghuhukom at katapusan ng lahat ng bagay.

Si Daniel ay dinalaw at pinalakas ng isang anghel pagkatapos ng dakilang pangitain, at pinaliwanag ng anghel ang pangitain kay Daniel ng mas detalyado.

#### Ezekiel (592 BC)

Si Propeta Ezekiel ay nabuhay sa panahon ng Babylonian exile, bago at matapos bumagsak ang Jerusalem. Ang kanyang mensahe ay para sa mga itinapon sa Babylon at sa mga naiwan sa Jerusalem.

Si Ezekiel ay nakatakdang simulan ang kanyang buhay ministryo bilang pari sa edad na tatlumpu, subalit siya ay pinaalis sa kanyang sariling bayan at napunta sa Babylon sa edad na dalawampu't lima.

Sa loob ng limang taon siya ay nanghina sa kawalan ng pag-asa.

Sa edad na tatlumpu, isang pangitain ng kadakilaan ng Panginoon ang bumihag sa kanya sa Babylon. Natuklasan ni Propeta Ezekiel na ang Diyos ay hindi nakapinid sa kanyang bayan lamang bagkus, siya ay universal God na makapangyarihan at namamahala sa lahat ng mga tao at mga bansa.

Sa Babylon, inihayag ng Diyos kay Ezekiel na sabihin sa mga tao na makakaranas ang sambahayan ng Israel ng panaghoy, pagdadalamhati at paghihirap.

Inutusan siya ng Panginoon na ipahayag na ang Diyos ay buhay at sila ay dapat manumbalik sa Kanya. Binigyan ni Ezekiel ng babala ang mga Israelita ngunit ang mga ito ay hindi tumalikod sa kanilang mga kasalanan kaya tiyak na sila ay mamamatay.

Muling nagpakita ang Panginoon kay Ezekiel at ito ay inutusan Niyang umuwi at magkulong sa kanilang bahay. Ididikit ng Panginoon ang kanyang dila sa kanyang ngala-ngala para hindi niya mabigyan ng

babala ang mga naghihimagsik niyang mga kababayan. At kung may gustong ipasabi sa kanya ang Panginoon, muli siyang makakapagsalita.

Si Ezekiel ay gumamit ng iba't-ibang pamamaraan upang ipahatid ang Salita ng Diyos sa mga tao.

Gumamit siya ng sining, iginuhit niya ang larawan ng Jerusalem na nagsisimbulo ng pagbagsak nito at mga makahulugang kilos at kakaibang asal ng sa gayon ay makakuha ng atensyon. Inahit niya ang kanyang buhok at balbas upang ipakita kung ano ang gagawin ng Diyos sa Jerusalem at sa mga naninirahan dito.

Paparusahan man ng Panginoon ang Kanyang bayan ngunit mananatili pa rin ang Kanyang habag sa kanila.

#### Obadiah (587 BC)

Ang Aklat na ito ay naglalaman ng pangitaing ibinigay ng Panginoon kay Propeta Obadiah tungkol sa Edom dahil sa kasalanan nito sa Diyos at sa Israel.

Ang mga Edomita ay nagmula sa lahi ni Esau na kakambal ni Jacob. Naapektuhan ang kani-kanilang angkan dahil sa pag-aaway na namagitan sa magkapatid sa loob ng mahigit na 1,000 taon.

Nagresulta ang hidwaang ito nang pagbawalan ng mga Edomita ang bansang Israel na makiraan sa kanilang lupain sa kanilang paglabas mula Ehipto. Ang pagmamataas ng Edom ang siyang dahilan ng mga hulang ito mula sa Panginoon sa pamamagitan ni Obadiah.

Ipinahayag ni Obadiah na ang Edom ay wawasakin dahil sa kanilang pagmamataas at pagtatatawa sa kahirapang pagdadaan ng Israel. Ang kasalangan ito ay hindi na palalampasin ng Diyos.

Nagtapos ang pahayag sa isang pangako ng tagumpay at kaligtasan sa araw ng panunumbalik ng bansang Israel sa kanilang lupain habang pinaghaharian sila ng Panginoon.

#### Haggai (520 BC)

Ang mga pahayag ng Panginoon ay inilahad Niya kay Haggai noong ikalawang taon ng paghahari ni Haring Darius sa Persia. Ang Panginoon ay nangusap kay Haggai para kay Zerubbabel na gobernador ng Judah at sa pinakapunong pari na si Joshua.

Sinasabi ng mga tao na diumano'y hindi pa napapanahon upang itayong muli ang templo ng Diyos. Dumating ang salita ng Panginoon sa sambayanan sa pamamagitan ni Propeta Haggai: Hindi tama na naninirahan sila sa mga magaganda at maaayos na bahay samantalang nananatiling wasak pa rin ang templo ng Diyos.

Sinabi ng Panginoon na pag-isipan nilang mabuti ang kanilang pamumuhay sapagkat marami nga silang naihasik ngunit kaunti lamang ang kanilang ani. May mga pagkain at maiinom nga sila ngunit kakaunti naman at hindi sapat. May mga kasuotan ngunit kulang upang bigyan sila ng init sa katawan. May mga kinikitang pera subalit para lang nilang inilalagay sa sisidlang butas.

Binigo sila ng Panginoon sapagkat abalang-abala sila sa pagpapaganda ng kani-kanilang mga bahay samantalang ang templo na Kanyang tahanan ay pinababayaan nilang wasak. Matinding tagtuyot ang ipinararanas Niya sa buong lupain.

Ang sambayanan ay nakaramdam ng takot sa Panginoon kaya sila ay sumunod sa Kanyang tinig. Sama-sama at tulung-tulong nilang sinimulan ang muling pagtatayo ng templo ng Panginoon na kanilang Diyos.

Noong ikadalawampu't isa ng ikapitong buwan ng taon ding iyon, muling nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni Propeta Haggai. Sinabi Niyang ihambing nila ang unang templo sa templong kanilang itinatayo. Wala itong sinabi sa naunang templo. Gayunpaman, nais ng Panginoon na sila ay magpakatatag. Patuloy nilang gawin ang templo sapagkat Siya ay kasama nila.

Noong 20th day ng ikasiyam na buwan ng ikalawang taon ng paghahari ni Dario sa Persia, muling nagpahayag kay Haggai ang Panginoon.

Sinabi ng Panginoon na ang Kanyang bayan ay marumi sa Kanyang harapan pati na ang bunga ng kanilang mga gawain. Kaya nga't ang lahat ng handog nila sa altar ay marurumi. Subalit simula sa araw na iyon, pagpapalain sila ng Panginoon.

Isa pang mensahe ang ibinigay ng Panginoon kay Haggai upang iparating kay Zerubbabel na gobernador ng Judah. Malapit nang yanigin ng Panginoon ang langit at ang lupa, pati na ang mga kaharian; wawakasan na Niya ang kapangyarihan ng mga ito.

Pagsapit ng araw na iyon, kukunin Niya si Zerubbabel na kanyang lingkod. Itatalaga niya ito upang maghari sa ilalim ng kanyang kapangyarihan.

#### Zechariah (520 BC)

Nangusap ang Panginoon kay Zechariah noong ikawalong buwan, ng ikalawang taon ng paghahari ni Haring Dario ng Persia. Ipinasasabi Niya sa mga taga-Judah na labis Siyang napopoot sa kanilang mga ninuno. Sila ay dapat manumbalik sa Panginoon at sila ay Kanyang kakalingaing muli.

Noong 24<sup>th</sup> day ng 11<sup>th</sup> month ng ikalawang taon ng pamamahala ni Haring Dario, nagpahayag ang Panginoon kay Zechariah sa pamamagitan ng mga pangitain. Ang mga pangitaing ito ay may kinalaman sa mga darating na kaganapan.

#### *Ang mga Pangitain ni Propeta Zechariah*

- May nakita siyang isang lalaking nakasakay sa kabayong pula, sa kabayong puti at sa kabayong batik-batik. Ang mga iyon ay isinugo ng Panginoon upang magmanman sa buong daigdig.
- Nakita din niya ang apat na sungay at ang mga sungay na iyon ang naghiwa-hiwalay sa Judah, Israel at Jerusalem kaya ang mga ito ay nagkalat sa iba't ibang lugar. May apat na panday ang ipinakita sa kanya ng Panginoon. Ipinadala ito ng Panginoon upang siya ang humarap sa apat na sungay; babaliin nila lahat ng apat na sungay na ginamit laban sa Judah.
- May isang lalaking may dalang panukat sapagkat susukatin nito ang luwang at haba ng Jerusalem. Walang anu-ano'y may anghel na lumakad upang salubungin ang lalaki at sinabihan na maraming maninirahan sa Jerusalem, ito'y parang mga nayon na walang pader. Ang Panginoon mismo ang parang apoy na magiging pader nila.



- Ang pangitain ng pinakapunong pari, si Joshua, nakatayo sa harapan ng anghel ng Panginoon. Napakarumi ng suot niyang damit. Pinatanggal ng Panginoon ang kanyang maruming damit na nagpapakita na inalis ng Panginoon ang kanyang karumihan at dinamtan ng malinis na kasuotan.
- Ang lampstand na may bowl sa ibabaw at pitong lampara at ang dalawang puno ng olibo. Sinabi ng anghel kay Zechariah na ang tagumpay ay hindi makakamtan sa pamamagitan ng lakas kundi sa Kanyang Espiritu laman. Si Zerubbabel ang naglagay ng pundasyon ng templong iyon at siya rin ang tatapos. Sinabi pa ng anghel na ang pitong sinag ay paningin ng Diyos at lalaganap ito sa buong mundo. Ang dalawang olibo naman ay dalawang tao na pinili ni Yahweh at pinahiran ng langis upang makatulong Niya sa pamamahala ng daigdig.
- Ang isang balumbon na dinadala ng hangin kung saan nakasulat ang mga sumpa sa daigdig.
- Ang babae sa loob ng malaking basket. Nakita ni Zechariah ang babae na naka-upo sa loob ng basket. Ito ay ang kasamaan. Ipinasok muli ng anghel ang babae sa loob ng basket na nangangahulugan ng pagtanggap ng kasamaan sa buong lupain. Dalawang babae ang tumangay sa basket upang ito ay dalhin sa Shinar upang igawa ito ng templo.
- Ang apat na karwahe ay lumabas sa gitna ng dalawang bundok na gawa sa bronze. Ang mga kabayo ng unang karwahe ay kulay pula, ang sumunod ay kulay itim, ang pangatlo ay kulay puti at ang panghuli ay magkakaiba ng kulay. Sila ay nagpatrolya sa buong mundo. Ang mga nagtungo sa North ay nagpapayapa sa Espiritu ng Diyos.

Si Zechariah ay nangaral na ang Diyos ay may kapangyarihan sa mundong ito, sinumang sasalungat sa Kanya ay mabibigo.

Ang kanyang mga pananaw sa hinaharap ay nagpapakita na alam ng Diyos at nakikita Niya ang lahat ng mangyayari. Ang pagsasalarawan ng pamamagitan ng Diyos sa mundo ay nagtuturo na sa huli, tatapusin Niya ang mga gawa ng tao sa paraang Kanyang pinili.

Hindi Niya inaalis ang kalayaan ng isang tao na sundin ang Diyos o maghimagsik, ngunit pinananagot Niya ang mga tao sa kanilang mga pagpiling gagawin. Maging ang puwersa ng kalikasan ay sumusunod sa kapangyarihan ng Diyos.

#### Malachi (433 BC)

Ang pangunahing layunin ni Propeta Malachi ay ang manawagan sa mga pari at sa bayan upang muling pag-alabin ang kanilang katapatan sa kanilang pakikipagtipan sa Diyos.

Hindi na itinuturing na banal ng mga saserdote ang kanilang paghahandog sa Diyos. Inihahandog na rin nila ang mga hayop na may dungis at kapansanan bagamat ito ay taliwas sa hinihingi ng Kautusan (Deuteronomy 15:21).

Pinagtataksilan ng mga lalaking taga Judah ang kanilang mga asawa at nagtataka sila kung bakit hindi tinatanggap ng Diyos ang kanilang mga handog. Gayundin naman, hindi nagbibigay ang mga tao ng ikapu na gaya ng nararapat (Leviticus 27:30, 32).

Ngunit sa kabila ng kanilang kasalanan at pagtalikod sa Diyos, ipinaalala ni Malachi ang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang bayan (Malachi 1:1-5) at ang Kanyang pangako ng darating na mensahero ng Diyos.

Malachi 3:1-6 ay isang hula patungkol kay John the Baptist. Siya ang mensahero ng Diyos upang ihanda ang daan ng Messiah, si Jesu-Cristo (Matthew 11:10).

Ipinangaral ni John ang pagsisisi at nagbautismo sa pangalan ng Panginoon at sa gayon ay inihanda ang daraanan ni Jesus sa Kanyang unang pagdating. Ngunit ang mensahero na darating sa Templo ay si Cristo mismo sa Kanyang ikalawang pagparito kung kailan darating Siya na taglay ang dakilang lakas at kapangyarihan (Matthew 24).

Sa panahong iyon, "lilinis Niya ang mga anak ni Levi" (talata 3), na nangangahulugan na yaong mga gumaganap sa kautusan ni Moses ay nangangailangan din ng paglilinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng Tagapagligtas. Sa ganitong paraan lamang sila makapaghahandog ng "handog ng katuwiran" dahil ito ay ang katuwiran ni Cristo na ipinahiram sa kanila sa pamamagitan ng pananampalataya (2 Corinthians 5:21).

### **3. Exile and the Rebuilding Years**

#### **Ezra**

*Ang proklamasyon ni Cyrus (539 BC).* Si Haring Cyrus ng Persia ay nagproclama na ibinigay na sa kanya ng Diyos ang mga kaharian sa mundo. At siya ay inatasan na ipagtayo ang Diyos ng templo sa Jerusalem na nasa Judah kaya ang lahat ng mga tao ng Diyos ay nararapat bumalik na doon upang itayo ang templo ng Panginoon, ang Diyos ng Israel.

Inutusan ng hari ang kanyang mga tauhan upang ilabas ang lahat ng mga gamit para sa templo at ang mga ito naman ay tinanggap ni Sheshbazzar, ang prinsipe ng Judah.

*Ang pagbabalik ng mga bihag.* Ang mga nabihag ay bumalik sa Judah sa pangunguna ni Zerubbabel, Jeshua, Nehemiah, Seraiah, Reelaiah, Mordecai, Bilshan, Mispar, Bigvai, Rehum at Baanah. Ang kabuuan ay 42,360 bukod sa mga alipin at mga mang-aawit. Ang mga pinuno ng bawat sambahayan ay nagbigay ng kani-kanilang handog sa templo.

*Ang pagtatayong muli ng altar at templo.* Makalipas ang pitong buwan ang mga Israelita ay nagtipon at sila ay nagtayo ng altar sa pangunguna ni Jeshua at Zerubbabel. At sa ikalawang taon nila sa Jerusalem, nanguna muli sina Jeshua at Zerubbabel upang itayo naman ang templo. Lahat sila ay nagsigawan sa galak nang makitang nakalatag na ang pundasyon para dito.

*Hinadlangan ang muling pagtatayo ng templo.* Nabalitaan ng mga kaaway ng mga taga-Judah at taga-Benjamin na nakauwi na ang mga ito buhat sa pagkakabihag at sila ay nagtatayo ng templo para sa Panginoon. Kaya nag-volunteer silang tumulong sa pagtatayo ng templo subalit tumanggi sina Zerubbabel at Jeshua. Dahil dito, sinikap ng mga nanggugulo na masiraan ng loob ang mga taga-Judah at sinuhulan pa nila ang counselors upang matigil ang pagtatayo ng templo sa panahon ng paghahari ni Haring Cyrus at Haring Darius ng Persia.

Sumulat si Rehum kay Artaxerxes at sinabing ang Jerusalem ay isang mapaghimagsik at makasalanang siyudad. Kaya ipinatigil ni Artaxerxes ang pagtatayo ng templo.

*Muling Sinimulan Ang Pagtatayo.* Katulong sina Propeta Haggai at Zechariah, ipinagpatuloy nila Zerubbabel at Jeshua ang pagtatayo ng templo. Tinanong sila ni Gobernador Tattenai at ibang kasamahan nito, kung sino ang nagpahintulot sa kanila na ituloy ang pagtatayo. Sumulat si Tattenai kay Haring Darius nang malaman nilang si Cyrus ang may pahintulot nito.

Nang maipasaliksik ni Darius ang decree ni Cyrus, sinabi niya sa gobernador na huwag pakikialaman ang mga taga Judah sa kanilang pagtatayo ng templo, sa halip, dapat ibigay sa kanila ang lahat ng pangangailangan sa kanilang paghahandog.

*Natapos ang paggagawa ng templo (516 BC).* Ang mga Israelita ay nag-celebrate ng Passover sapagkat ibinaling sa kanila ng Panginoon ang puso ng hari ng Assyria upang matulungan sila sa pagtatayo ng templo ng Diyos, ang Diyos ng Israel.

*Pinadala si Ezra sa Jerusalem upang magturo.* Si Ezra ay isang escriba na may malawak na kaalaman sa Kautusan na ibinigay ng Panginoon kay Moses. Itinalaga ni Ezra ang kanyang sarili upang pag-aralan, isagawa at ituro sa Israel ang mga tuntunin ng Kautusan. Ang kamay ng Panginoon ay nasa kanya sapagkat ipinagkaloob ng Haring Artaxerxes ang lahat ng kanyang hilingin. Pinahintulutan ng hari ang sinumang nagnanais ay malayang makakasama kay Ezra sa kanyang pagbabalik sa Judah. Inutusan din ng hari si Ezra na magtalaga ng mga hukom at mga tagapagpasya para sa mga taong hindi sumusunod sa mga batas ng Diyos. At dapat din niyang ituro ang mga batas na ito sa mga may walang alam patungkol dito.

Nagpuri si Ezra sapagkat siya ay kinalugdan ng Panginoon.

Tinipon ni Ezra ang mga pinuno ng bawat pamilya at nagbigay siya sa mga Levites ng mga handog para sa templo. Sinabi ni Ezra sa mga Israelita na dapat nilang hiwalayan ang kanilang asawa na nagmula sa ibang lahi.

### **Nehemiah**

*Ulat mula sa Jerusalem (445 BC).* Ang kapatid ni Nehemiah na si Hanani ay nagpunta sa kanya nang naroon pa siya sa Susa. Ibinalita ni Hanani na ang mga Judio na nakatakas at nakaligtas sa pagkaalipin ay nalalagay sa peligro at kahihyan sapagkat ang pader ng Jerusalem ay nananatiling nakabagsak at ang gate nito ay nasunog.

Si Nehemiah, na cupbearer ni Haring Artaxerxes, ay humiling sa Panginoon na bigyan siya ng tagumpay sa kanyang pakikipag-usap sa hari at kahabagan siya nito.

*Nagpunta si Nehemias sa Jerusalem.* Habang ibinibigay ni Nehemiah ang inumin ng hari, ikinuwento niya ang kalagayan ng kanyang mga kababayan at humingi siya ng pahintulot na maka-uwi upang tumulong sa pagtatayong muli ng pader sa Jerusalem. Pumayag ang hari matapos niyang sabihin kung gaano katagal siyang mawawala. Binigyan din siya ng hari ng sulat upang makaraan sa mga lugar patungong Judah at bigyan siya ng mga kahoy na kakailanganin niya.

*Binisita ni Nehemiah ang pader.* Hindi naging kasiya-siya kina Sanballat, na Horonite, at Tobiah, na Ammonite, nang malaman nilang mayroong isang nagmamalasakit sa kapakanan ng mga Israelita. Nilibot ni Nehemiah ang lugar. Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang mga kasama na magtulung-tulong sila sa pagtatayo ng pader ng Jerusalem upang hindi na sila kutyain sapagkat ang kamay ng Diyos ay nasa kanya kaya ang tugon nila ay “Magsimula na tayo sa paggawa.”

Ang mga saserdote ay nagsimulang itayo ang Sheep Gate, ang mga Tekoites ay nagkumpuni, si Jedaiah ay nagkumpuni sa kabilang bahagi at si Meremoth sa ibang bahagi.

Nang malaman ni Sanballat na itinatayo muli ang pader, siya ay nagalit at kinutya na naman ang mga Judio. Plinano niyang salakayin ang Jerusalem. Isinaayos ni Nehemiah ang lahat ng tao sa kanilang pagtrabaho nang sa ganoon, may nagtrabaho sa araw at may nagbantay sa gabi.

Ang mga tao ay naghumiyaw kay Nehemiah sapagkat marami sa kanila ang kinakailangang magsanla ng kanilang ari-arian o mangutang upang makabayad ng buwis sa hari o kaya nama'y magpaalipin ang kanilang mga anak dahil sa mataas na interes. Kaya pinagsabihan ni Nehemiah ang mga nobles at mga opisyal na ibalik nila sa kapwa Judio ang kanilang mga ari-arian at ang mga interes na kinukuha nila.

Nang ma-appoint si Nehemiah bilang gobernador ng Judah, siya at ang kanyang mga kasamahan ay hindi kumain kailanman na gamit ang allowance nila bilang gobernador. Ang mga naunang gobernador sa kanila ay nagpataw ng mabigat na pasanin sa mga tao. Subalit hindi niya ito ginawa dahil sa kanyang takot sa Diyos.

Limang beses ipinatawag ni Sanballat at Geshem, na Arab, si Nehemiah. Subalit tumanggi siya sa lahat ng pagkakataon sapagkat alam niyang may masamang balak ang mga ito sa kanya.

Nang matapos ang mga pader, ang lahat ng mga nasyon sa paligid nila ay natakot sapagkat sa tingin nila, ito ay naisagawa ng mga Judio dahil sa tulong ng Diyos.

Itinalaga ni Nehemiah sina Hanani at Hananiah, ang gobernador ng palasyo, bilang taga-pamahala sa Jerusalem. Ipinalista niya ang lahat ng mga nobles, mga opisyal at mga tao ayon sa kanilang angkan. Ito ay umabot ng 42,360 bukod sa kanilang mga alipin at mang-aawit.

Lahat ay nagtipon at tinawag nila si Ezra upang basahin ang aklat ng Batas na iniutos ng Panginoon sa kanila. Pagkatapos ay sinabi ni Ezra sa kanila na ang araw na iyon ay banal kaya hindi sila dapat tumangis o malungkot. Ipinagdiwang din nila ang Feast of Booths.

Nagtipon muli ang congregasyon at ihiniwalay nila ang kanilang mga sarili sa mga dayuhang kasama nila. Binasa nila ang aklat ng mga batas, ikinumpisal ang kanilang mga kasalanan at sumamba sila sa Panginoon. Sila ay gumawa ng kasulatan ng kasunduan sa Panginoon na sila ay lalakad ayon sa Kanyang mga kautusan.

Ang mga leaders ay nanirahan sa Jerusalem at sila ay nagpalabunutan kung sino pa ang maninirahan dito. Ang iba ay nanirahan sa iba't ibang bayan ng Judah.

Lahat ng mga Levites at leaders ay nagtipon upang i-dedicate ang pader na itinatayo nila. Sila ay nagsaya at nagpuri. Nagtalaga din ng mga tao para sa kanilang mga storerooms.

Nasa Aklat ng Kautusan ni Moses na walang Moabite o Ammonite ang maaaring pumasok sa congregasyon ng Diyos sapagkat hindi nila binigyan ang Israel ng tinapay at tubig. Nang marinig ito ng mga tao, humiwalay sila sa mga dayuhan. Si Tobiah, na ipinaghanda ni Eliashib ng malaking kuwarto, ay pinalayas ni Nehemiah sa temple. Hinarap din ni Nehemiah ang mga lumalabag sa araw ng Sabbath sapagkat sila ay nagtrabaho sa ubasan sa araw na ito. Ganoon din ang kanyang ginawa sa mga nagsipag-asawa ng mga dayuhang babae.



## Esther

Si Haring Ahasuerus ng Persia ay naghahari sa 127 probinsya mula sa kanyang kaharian sa Susa. Nagbigay siya ng piyesta para sa kanyang mga opisyal at mga tagapaglingkod. Ang mga matataas na opisyal at mga gobernador ng mga probinsya ay naroon. Ang kanyang reyna na si Queen Vashti ay nagbigay din ng piyesta sa palasyo para sa mga kababaihan.

Makalipas ang ilang araw, ipinatawag ng hari ang reyna, upang ipakita sa mga bisita ang kanyang kagandahan, subalit ito ay tumanggi. Ikinagalit ito ng hari kaya pinayuhan siya ng pitong prinsipe ng Persia at Media na hindi dapat palagpasin ng hari ang ganoong asal. Nirecomenda ni Memucan, ang isa sa mga prinsipe, na huwag nang palalapitin ang reyna sa hari at ibigay na ang puwesto ng reyna sa iba.

Inalagaan at inangkin na parang anak ni Mordecai si Esther mula nang maulila ito sa mga magulang. Nang magpatipon ng mga babae ang hari mula sa iba't ibang probinsya, si Esther ay nakasama dito. Sinabihan siya ni Mordecai na huwag ibubunyag ang kanyang lahi. Nang makita ng hari si Esther, inibig siya ng hari higit sa sinumang babae at nakuha niya ang pabor ng hari. Dahil dito, pinutungan siya ng hari ng corona bilang reyna kapalit ni Vashti. Nagbigay ng piyesta ang hari para kay Esther.

Minsan, nakaupo si Mordecai sa gate ng hari, narinig niya ang dalawang eunuch ng hari na nagplaplanong saktan ang hari. Ipinaalam niya ito kay Esther upang makarating sa hari. Ang dalawang eunuch ay binitay.

Pagkatapos ng pangyayaring ito, si Haman ay prinomote ni Hari Ahasuerus. Ang lahat ng tao ay nagbibigay galang sa kanya maliban kay Mordecai. Ito ang nagbunsod ng galit ni Haman kaya sinabi niya sa hari na ang mga Judio ay hindi sumusunod sa batas ng hari kaya hayaan siyang lipulin ang mga ito. Ibinigay ng hari ang kanyang singsing kay Haman upang selyohan ang batas.

Nang malaman ni Mordecai ang tungkol sa batas, siya ay nagsuot ng sako. Ang mga Judio ay nag-ayuno at tumangis. Nang malaman ni Esther ang kadahilanan, pinasabi niya kay Mordecai ang ganito, "Tipunin ang mga Judio at mag-ayuno sila para sa akin. Pupunta ako sa hari kahit bawal sa kanilang batas. Kung ako ay mamamatay, ako ay mamamatay."

Lumapit nga si Esther sa hari at siya ay pinakitaan ng pabor. Hiniling ni Esther ang presensya ng hari at ni Haman sa piyesta na idadaos niya. Sumang-ayon sila. Si Haman naman ay nagpagawa ng bitayan para kay Mordecai ayon sa payo ng kanyang asawa at mga kaibigan.

Kinagabihan, hindi makatulog ang hari. Ipinabasa niya ang chronicles at doon nakita ang ginawang pagbababala ni Mordecai dahil sa masamang plano laban sa hari. Nalaman niyang walang parangal na ibinigay dito. Pinatawag ng hari si Haman na papasok sa palasyo upang kausapin siya patungkol kay Mordecai.

Tinanong ng hari si Haman kung ano ang dapat gawin ng hari sa isang tao na nais niyang parangalan. Inisa-isa ni Haman ang mga dapat gawin at ibigay sa taong pararangalan. Inutos ng hari kay Haman na gawin lahat ng kanyang mungkahi para kay Mordecai.

Sa piyesta, tinanong ni Haring Ahasuerus kung ano ang kahilingan ni Esther. Sinabi ni Esther sa hari ang planong paglipol ni Haman sa mga Judio. Isinumbong din ng isang eunuch ang patungkol sa bitayan na

ipinagawa ni Haman sa kanyang bahay na gagamitin para kay Mordecai. Dahil dito, iniutos ng hari na bitayin si Haman sa bitayan na kanyang pinagawa.

Ang edict ng hari ay hindi maaaring mapawalang-saysay kaya inutos ng hari na gumawa sila ng sulat patungkol sa mga Judio na maaari nilang ipagtanggol ang kanilang mga sarili at selyohan ito ng kanyang singsing.

Sa araw na isinagawa na ang edict ng hari, tinalo ng mga Judio ang lahat ng kanilang mga kaaway. Sila ay nagtagumpay at itinatag niya ang Piyesta ng Purim.

Si Mordecai ay na-promote bilang pangalawa kay Haring Ahasuerus.

---

**References:**

Gotquestions.org - *Bible Briefs*  
Biblegateway.com - *Chart of Israel's and Judah's Kings and Prophets*  
Thebookworm.com - *Chronology of Israel's Kings and Prophets*  
Biblehub.com - *Bible Timeline – Old Testament History*  
An Introduction to the Old Testament Prophets  
The Reformation Study Bible  
Magandang Balita Biblia

++++

---



© April 12, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.